# DOKTRINA AT MGA GAWAIN NG IGLESYA

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2016 Shepherds Global Classroom

Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman ng Kurso


Paglalarawan ng Kurso at Mga Layunin ........................................ 5

(1) Isang Diyos at Isang Iglesya ........................................ 7

(2) Pagkakaisang Kristiyano ........................................ 17

(3) Ang Lokal na Iglesya ........................................ 27

(4) Mga Asosasyon ng Iglesya ........................................ 35

(5) Pagiging Miyembro ng Iglesya ........................................ 43

(6) Sama-samang Pagbabahagi ng Buhay ........................................ 55

(7) Ang Iglesya sa Mundo ........................................ 63

(8) Suporta sa Lokal na Iglesya ........................................ 71

(9) Ang Ikapu ........................................ 79

(10) Bautismo ........................................ 87

(11) Komunyon ........................................ 97

(12) Pagdidisiplina sa Iglesya ........................................ 107

(13) Ang Katangian ng Tagapangunang Kristiyano ........................................ 117

(14) Espirituwal na mga Kaloob ........................................ 127

(15) Mga Tanong para sa Katatagan ng Iglesya ........................................ 139

Talaan ng mga Takdang-Aralin ........................................ 147

# Paglalarawan ng Kurso at Mga Layunin

## Paglalarawan ng Kurso

Ipinapahayag ng kursong ito ang biblikal na konsepto ng iglesyas bilang sentro ng gawain ng Diyos sa daigdig. Magkakaroon ng pang-unawa ang mag-aaral tungkol sa Kristiyanong pagkakaisa, pagiging miyembro ng iglesya, pakikipag-kaisa, suportang pinansiyal ng ministeryo, pagkakaloob, bautismo, komunyon, pagdisiplina sa iglesya, at mga tanda ng pagiging mature ng iglesya. Ipinapaliwanag ng kurso ang mga prinsipyo at mga aplikasyon para sa buhay at gawain ng iglesya.

## Mga Layunin ng Kurso

(1) Upang maunawaan ang pagkakakilanlan at biblikal na paglalarawan ng iglesya.

(2) Upang makita ang plano ng Diyos para sa iglesya, at ang gawain ng Diyos sa iglesya.

(3) Upang matutuhan ang mga tungkulin ng isang miyembro at tagapanguna sa iglesya.

(4) Upang mailapat ang mga prinsipyo para sa suporta, pangangasiwa at pagpapaunlad ng iglesya lokal.

(5) Upang magkaroon ng kakayahan patungkol sa nilalaman at istruktura para sa pagtuturo tungkol sa iglesya.

## Mga Panuto Para sa Tagapanguna sa Klase

Ang mga panuto para sa bawat aralin ay nakaimprenta sa kabuuan ng aralin sa *italiko.*

Ang simbolong ► ay nasa unahan ng isang tanong para sa talakayan. Dapat magtanong ang tagapanguna sa klase at bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang talakayin ang sagot. Kung may isang mag-aaral na siyang laging nauuna sa pagsagot, o kung ang ilang mag-aaral ay hindi sumasagot, maaaring idiretso ng tagapanguna ang tanong sa kanya, halimbawa: "Pierre, paano mo sasagutin ang tanong na ito?"

Maraming talata sa kasulatan ang ginamit sa kurso. Kapag dapat sama-samang magbasa ng talata ang klase, ihahayag iyon sa mga panuto. Halimbawa: *Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 6 para sa grupo.* Sa ibang pagkakataon, ang mga reperensiya sa kasulatan ay ibinibigay na may panaklong sa teksto. Halimbawa: (1 Corinto 12:15). Ang mga reperensiyang iyon ay suporta sa mga pangungusap sa teksto. Hindi kinakailangang basahin lagi ang mga talata sa mga panaklong.

May ilang pagsusulit na itinakda. Ang bawat pagsusulit ay dapat ibigay sa simula ng bawat oras ng aralin. Isusulat ng mag-aaral mula sa kanyang isip ang isang listahan ng mga pangungusap na kanyang isinaulo mula sa sinundang aralin. Dapat tiyakin ng tagapanguna

sa klase na ang mag-aaral ay hindi tumitingin sa anumang nakasulat na tala o tulungan ang isa't-isa tungkol sa mga pagsusulit. Kung hindi magawang isulat ng mag-aaral ang listahan, maaari siyang muling itakda upang subukin sa ibang pagkakataon.

Ang bawat aralin ay may takdang aralin na inilalarawan sa hulihan. Dapat matapos ang mga takdang-aralin at iulat sa susunod na oras ng pag-aaral. Kung hindi makukumpleto ng isang mag-aaral ang aralin, maaari niyang gawin iyon sa ibang pagkakataon, subali't dapat hikayatin ng tagapanguna sa klase ang mga mag-aaral na sundin ang kanilang takdang araw upang mas matuto sila mula sa klase.

Isa sa mga layunin ng kurso ay ang ihanda ang mga mag-aaral upang maging mga tagapagturo. Dapat bigyan ng tagapanguna sa klase ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang pagyamanin ang kanilang mga kakayahang magturo. Halimbawa, dapat paminsan-minsan ay pahintulutan ng tagapanguna sa klase ang isang mag-aaral upang magturo ng maikling bahagi ng aralin para sa klase.

Dapat ituro ng mag-aaral ang isang seksiyon ng materyal sa mga taong nasa labas ng klase, sa tatlong iba't-ibang pagkakataon. Hindi kinakailangan na ituro niya ang buong aralin sa bawat pagkakataon.

Ang takdang araling ito ay hindi naka-iskedyul; dapat lumikha ang mag-aaral ng mga pagkakataon at dapat niyang tiyakin na matatapos niya ang mga takdang-aralin.

Ang bawat aralin ay nagtataglay ng hindi bababa sa dalawang *block quotes* mula sa isang teologo mula sa kasaysayan. Kapag dumating ang klase sa isang block quote, dapat hilingan ng tagapanguna sa klase ang isang mag-aaral upang basahin at ipaliwanag ang sinabi sa paksa.

Kung nais ng isang mag-aaral na magkaroon ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroon, dapat siyang dumalo sa mga sesyon sa klase at tapusin ang karamihan sa mga takdang-aralin. Upang alamin kung ang isang mag-aaral ay dapat nang tumanggap ng sertipiko, maaaring gamitin ang tagapanguna ang ganitong sistema: mayroong 14 na beses na ang mag-aaral ay dapat sumulat ng talata tungkol sa "Pitong Pagbubuos n Pangungusap," mayroong 13 ibang takdang-aralin at mga pagsusulit, mayroong 15 panahon ng aralin, at 3 takdang-gawain ng pagtuturo sa labas. Sa kabuuan, kinakailangan ang 45 na mga aytem. Dapat makatugon ang mag-aaral ng hindi kukulangin sa 37 na mga aytem upang magkaroon siya ng isang sertipiko.

# Aralin 1
# Isang Diyos at Isang Iglesya

## Introduksiyon

► Bakit ka pumupunta sa iglesya?

Kapag nag-uusap ang mga tao tungkol sa "pagpunta sa iglesya" ang ibig nilang sabihin ay ang pagpunta sa isang gusaling sambahan para sa isang nakatakdang serbisyo ng pagsamba.

Maraming tao ang nagsasabi na sila ay pumupunta sa iglesya upang higit pang matuto tungkol sa Diyos. Kung minsan ang mga taong may pakiramdam na sila ay malayo sa Diyos ay pumupunta sa iglesya at umaasa na doon mararamdaman niya ang presensiya ng Diyos. Ang mga taong nakakikila sa Diyos ay nagtutungo sa iglesya at umaasang mararanasan ang Kanyang presensiya sa pagsamba. Ang iglesya ay tungkol sa Diyos. Dapat maranasan ng mga tao ang presensiya ang Diyos sa mga gawain ng pagsamba sa iglesya.

Subali't ang iglesya ay hindi isang gusali, at hindi rin ito ang mga pagtitipon lamang para sa pagsamba. Ang iglesya ay ang kalipunan ng mga mananampalataya na naglalaan ng sarili upang magsama-sama upang siyang maging iglesya. Kaya't kung nag-uusap tayo tungkol sa mga tao na makikipagkita sa iglesya o kaya'y pupunta sa iglesya, ang tinutukoy natin ay ang grupo ng mga mananampalataya. Kapag sinasabi natin na ang iglesya ay tungkol sa Diyos, hindi natin ibig sabihin na tanging ang gusali at ang gawain ng pagsamba ang tungkol sa Diyos. Ang buhay na taglay na sama-samang inilaan ng mga mananampalataya ay tungkol sa Diyos.

## Ang Pinagmulan ng Salita

Sa unang siglo A.D., ang salitang Griego na *ekklesia* ay karaniwang ginagamit. Kapag may isang patalastas natumatawag ng isang asembleya ng mga tao sa isang lunsod para sa isang pagtitipon, ang pagtitipon ay tinatawag na isang *ekklesia*.

*Ekklesia* ang salitang ginamit para sa iglesya sa Bagong Tipan. Ang salita ay ginamit ng 117 beses sa Bagong Tipan, subali't hindi sa lahat ng pagkakataon ito ay tumutukoy sa iglesya. Ang ilan sa mga ito ay tumutukoy sa ibang uri ng pagtitipon (Mga Gawa 19:32. 39 at 41).

Ang ebanghelyo ay iniaalok sa lahat ng tao sa bawat lahi, grupo sa lipunan, lugar at trabaho. Kung paanong ang bawat isa sa lunsod ay nakaririnig sa patalastas para sa isang pagtitipon, walang sinumang kategorya ng tao ang ihinihiwalay mula sa pagtanggap ng iniaalok na ebanghelyo.

Ang iglesya ay ang grupo ng mga tao na tumutugon sa panawagan ng ebanghelyo. Sila ay nagmumula sa bawat kategorya ng tao upang bumuo ng isang espesyal, magkakaibang grupo ng tao na naglaan ng buhay kay Kristo at sa kanyang iglesya.

## Ang Diyos Ama sa Iglesya

Ang Mga Persona ng Trinidad – Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu – ay nakikipag-ugnayan sa mga mananampalataya sa mga natatanging paraan sa iglesya.

**Ang Diyos ay luluwalhatiin sa pangwalang-hanggan dahil sa kanyang mga ginagawa sa iglesya.**

> "At sa kanya ang kaluwalhatian sa pamamagitan ng iglesya at sa pamamagitan ni Kristo Hesus sa lahat ng salinlahi pagpakailanman. Amen!" (Efeso 3:21).

Dahil ang iglesya ay umiiral para sa kaluwalhatian ng Diyos, walang dapat gawin ang iglesya na makawawala ng karangalan ng Diyos. Hindi dapat gumawa ang iglesya ng anumang hindi nagpaparangal sa Diyos. Hindi dapat gumawa ng iglesya ng anumang magbibigay sa tao ng maling pagkaunawa tungkol sa kung ano ang Diyos o nagbibigay ng atensiyon sa tao sa halip na sa Diyos.

**Ang iglesya ang pamilya ng Diyos.**

> "Kaya nga, basta may pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga **kapatid natin** sa pananampalataya" (Galacia 6:10)

> "Ganito kayo mananalangin, **'Ama naming** nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan.'' (Mateo 6:9)

Dahil ang iglesya ang pamilya ng Diyos, hindi maaari sa isang tao na tunay na nasa iglesya malibang siya ay sumasampalataya sa Diyos at may relasyon siya dito. Hindi naibibilang ang isang tao sa iglesya kung basta kilala lamang niya ang mga taong nasa iglesya. Pumapasok siya sa iglesya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaugnayan niya sa mga tao ng Diyos.

"Ang personal na talatang 'ang aking iglesya' ay nagpapahiwatig na si Hesus, ayon kay Mateo, ay sinasadya ang layuning makabuo ng isang nagpapatuloy na komunidad ng pananalangin, pangangaral at pagdisiplina. Tumawag siya at sinanay ang kanyang mga disipulo at ipinangako ang pagdating ng Banal na Espiritu na siyang gagabay sa kanila pagkatapos ng kanyang pag-akyat sa Langit"
(Thomas Oden, *Life in the Spirit*).

► Ano ang kahulugan kapag sinabing ang Diyos ang iyong Ama?

## Si Kristo sa Iglesya

**Si Hesus ang siyang nagtatag ng iglesya**. Ipinapangako ni Hesus ang ultimong tagumpay ng iglesya.

> "At sinasabi ko sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya, at ang kapangyarihan ng kamatayan ay hindi magtatagumpay laban sa kanya." (Mateo 16:18).

**Ipinangako ni Hesus na sasamahan niya ang iglesya.**

> " . . . Ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon. Amen." (Mateo 28:20).

> "Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa aking pangalan, naroon akong kasama nila." (Matthew 18:20).

**Si Kristo ang ulo ng iglesya.** Ang iglesya ay ang kanyang katawan sa mundo. Ang personal na relasyon na taglay ni Kristo sa iglelya ay mas malalim pa kaysa sa ating kayang maunawaan.

> "At ipinailalim ng Diyos sa paa ni Kristo ang lahat ng bagay, at ginawa siyang ulo ng lahat ng bagay para sa iglesya, na siyang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuno sa lahat ng bagay." (Ephesians 1:22-23).

> "Tayo nga'y mga bahagi ng kanyang katawan, ng kanyang laman, at ng kanyang mga buto" (Ephesians 5:30).

Dahil ang isang miyembro ng iglesya ay bahagi ng katawan ni Kristo, hindi maaaring ang isang tao ay maging tunay na bahagi ng iglesya malibang personal niyang inilagak ang kanyang pananampalataya kay Hesus bilan Tagapagligtas at tinanggap ang awtoridad ni Kristo bilang Panginoon.

► Anong uri ng tao ang maaaring tawaging miyembro ng katawan ni Kristo?

## Ang Banal ng Espiritu sa Iglesya

Ipinapakita ng aklat ng Mga Gawa na ang unang iglesya ay may kamalayan sa presensiya at kapangyarihan ng Banal na Esp[iritu. Nagbigay ang Banal na Espiritu ng inspirasyon at kapangyarihan para sa pangangaral (Mga Gawa 2:11). Tinawag niya ang mga tao para sa natatanging ministeryo (Mga Gawa 13:2). Ginabayan Niya sila sa mga tamang lugar para sa ministeryo (Mga Gawa 16:6-10). Siya ang nagpaliwanag sa mga usapin tungkol sa doktrina (Mga Gawa 15:28).

**Ang Banal na Espiritu ang dakilang direktor ng iglesya sa pagtupad nito sa pandaigdigang pagmimisyon.**

Walang nag-iisang organisasyon ng mga tao ang makaaasa na matupad niya ang buong gawain. Tumatawag ang Diyos at nagsusugo ng mga manggagawa, at nalalaman niya ang mga pangangailangan sa bawat lugar ayon sa geography.

Napapabilang ang isang tao sa iglesya kapag naranasan niya ang himala ng pagbabagong-buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Dahil ang pagpapanibagong-buhay ay isang karanasang sobrenatural, ang pag-eebanghelyo ay ginagabayan din sa supernatural na paraan at pagbibigay-kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang resulta ng pag-eebanghelyo ay hindi maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng mga natural na pangangatwiran.

**Ang buhay ng iglesya ay buhay ayon sa Espiritu.**

Ang pagsamba sa unang iglesya ay ginabayan ng Banal na Espiritu. Nagsalita siya sa pamamagitan ng iba't-ibang miyembro. (Mga Gawa 4:30-31). Ang nakaplanong programa ng pagsamba ay maaaring baguhin anumang oras ng Banal na Espiritu.

Ang iglesya ay naiiba sa alinmang ibang klase ng organisasyon ng mga tao. May pakikisama sa isa't-isa ang mga miyembro ng iglesya dahil sila ay may relasyon sa Diyos at nagtataglay ng espirituwal na buhay. Ang isang tao na hindi pa tunay na nagbabagong-buhay ay hindi tunay na nasa pakikisama na iyon kahit pa nagugustuhan niya ang iglesya at kaibigan man siya ng mga tao sa iglesya.

Nagbibigay ang Banal na Espiritu ng mga espirituwal na kaloob na magagamit ng mga miyembro sa paglilingkod nila sa isa't-isa. (1 Corinto 12: 4-7). Sa mga unang araw ng unang iglesya sa Jerusalem, ang pagtatalaga ng sarili at ang pagkakaisa ng mga miyembro ay napakalakas kaya't nagiging mahirap para sa mga modernong mananampalataya ng ito ay isipin. Ibinenta ng mga tao ang kanilang mga ari-arian at ibinigay ang pinagbilhan upang ang mga miyembro ng iglesya ay maaaring mamuhay nang sama-sama. Nang magsinungaling sina Ananias at Safira, sila ay namatay dahil ang kanilang kasalanan ay hindi nagbigay-galang sa kahanga-hangang gawain ng Banal na Espiritu na ginagawa nito sa iglesya (Mga Gawa 4:32-35, 5:1-4).

**Ang pagkakaisa ng iglesya ay natupad ng buhay sa Banal na Espiritu.**

Ang iglesya (hindi ang gusali, kundi ang grupo ng mga mananampalataya) ay tinawag na "templo ng Diyos" dahil ang Espiritu ay nananahan sa iglesya sa isang espesyal na paraan (2 Corinto 6:16). Seryosong paghatol ang iginagawad sa sinumang tao na nagdudulot ng kasamaan sa espirituwal na templo kung saan matatagpuan ang pagkakaisang Kristiyano (1 Corinto 3:16-17).

> "Kung nasaan man si Jesucristo, mayroong Simbahan ng Katoliko [unibersal]."
> - Ignatius
> (Sa isang liham kay Smyrna)

► Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagsasabing siya ay binibigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu gayunman ay inaatake at hinahati ang iglesya?

## Inihahayag ng Iglesya ang Diyos

Tinutulungan ng iglesya ang mga tao upang maalala ang Diyos, magtuon ng isip sa Diyos, at maranasan ang pagbabago na gawa ng Diyos.

Ang iglesya ay idinesenyo at nilikha ng Diyos. Higit sa alinmang lugar sa mundo, ang iglesya ang lugar kung saan ang kalooban ng Diyos ay sinasadyang gawin ng mga taong umiibig sa Diyos. Samakatuwid, ipinapakita ng iglesya sa mundo kung ano ang Diyos.

► Ano ang ilan sa mga bagay na dapat makita ng mga tao tungkol sa Diyos kapag titingnan nila ang iglesya?

Kapag titingnan nila ang iglesya, dapat makita ng mga tao na ang Diyos ay mapagmahal at maawain, nangangalaga sa lahat ng tao, nagpapatawad, sumusuporta sa katotohanan, tumutupad sa mga pangako, at namumuhi sa kasalanan habang minamahal ang mga makasalanan.

► Ano-anong mga pagkakamali ang dapat iwasan ng mga tao kapag inaalala nila na ang iglesya ay tungkol sa Diyos?

## Pagsamba

Dahil ang iglesya ay umiiral para sa Diyos, ang pagsamba ng iglesya ay dapat nakatuon sa Diyos. Kapag ang pagsamba ay natuon sa mga tagapanguna o mga gumaganap dito, ito ay nasesentro sa mga tao, na isang anyo ng pagsamba sa Diyos-Diyosan. Ang maling pagsamba ay nagiging ayon sa laman, nagtataas sa ilang tao at nakasisiya sa mga natural na pagnanasa. Ang maling pagsamba ay maaari ring maging ayon sa demonyo dahil ang mga sumasamba ay naglalaan ng kanilang sarili sa mga pakiramdam at mga espiritung hindi nagmumula sa Diyos.

## Ang Isang Iglesyang Universal

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 4:1-6. Ano ang pangunahing punto ng talatang ito patungkol sa iglesya?

Tinatawag ni Pablo ang mga mananampalataya sa pagkakaisa. Ang dahilan ng pagkakaisa ay mayroon lamang isang iglesya, kung paanong mayroon lamang isang Diyos at isang ebanghelyo. Ang lahat ng tunay na Kristiyano ay nasa isang katawan. Iisa lamang ang Kristiyanismo at isang iglesya dahil mayroon lamang isang Diyos.

Ang katotohanan na mayroon lamang isang iglesyang unibersal ay binigyang diin sa 1 Corinto 12:13, kung saan sinabi ni Pablo na ang lahat ng sumasampalatayang Gentil ay magsama-sama sa iisang katawan.

Ang *creed* ay isang pagpapahayag ng pundasyon ng mga paniniwalang Kristiyano. Ang isang sinaunang credo ng Kristiyano ay tinawag na "Credo ng mga Apostol" ay nagtataglay ng isang pangungusap "Ako ay sumasampalataya sa iglesya Katolika." Ang salitang *katoliko*

sa credo ay hindi tumutukoy sa Romanong Iglesya Katolika. Ito ay nangangahulugan ng "unibersal" o "kumpleto." Sinasabi ng credo na mayroon lamang isang iglesya na kinakatawan ng mga Kristiyano sa lahat ng lugar.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 2:20.

Ang iglesya ay itinatag sa isang pundasyon: ang ministeryo at katotohanang ipinahayag ng mga apostol at mga propeta; at, ang ministeryo, mensahe, pagbabayad-utang, at nagpapatuloy na buhay ni Kristo Hesus. Mayroon lamang isang pundasyon at isang iglesya.

May isang relihiyon sa Tsina na tinatawag na *Eastern Lightning*. Naniniwala sila na tapos na ang gawain ni Hesus, at nagsugo ang Diyos ng isang bagong mesiyas para sa modernong panahon. Ang bagong mesiyas ay isang babaeng Tsino na nagtuturo ng mga bagong doktrina.

► Ano ang isasagot mo sa isang nagmula sa relihiyong Eastern Lightning?

Ang pagkakaisa ng unibersal na iglesya ay hindi nangangahulugan na ang isang organisasyon ay ang buong iglesya. Walang iisang organisasyon ang may kakayahang tuparin ang lalyunin ng Diyos para sa iglesya sa lahat ng lugar sa mundo. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga apostol na huwag asahan na lahat ng Kristiyano ay kabilang sa parehong organisasyon. (Marcos 9:38-39).

Ang Romano Katolikong Simbahan ay nag-aangkin na sila ang buong iglesya ng Diyos. Gayun din ang inaangkin ng mga Mormon at ng mga Saksi ni Jehovah.

► Ano ang iyong sasabihin sa isang tao na nag-aangkin na ang kanilang organisasyon ay ang buong iglesya ng Diyos sa mundo?

## Ang Pananagutan ng Lokal na Iglesya sa Iisang Iglesya

Ang lokal na iglesya ay hindi dapat magkaroon ng pakiramdam na ito'y malayang gumawa ng sariling doktrina. Sa isang lugar, nagbigay si Pablo ng mga direksiyon at pagkatapos ay sinabing gayun ang ginagawa "sa lahat ng iglesya ng Diyos" (1 Corinto 11:16). Sinabi niya sa isang iglesya na dapat nilang tanggapin ang ilang ministro dahil ang mga ito ay kumakatawan sa ibang mga iglesya (2 Corinto 8:23-24). Malinaw niyang ipinahihiwatig na magiging mali para sa isang iglesya na manangan sa mga doktrinang naiiba sa iba pang mga iglesya.

Ang iglesya sa Corinto ay biniyayaan ng mga espirituwal na kaloob. Nagsimula silang isipin na sila ay indipendiyente at hindi nangangailangang makinig sa payo ng sinupaman. Itinuwid ni Pablo ang kanilang pag-iisip at ipinaalala niya sa kanila na hindi sila ang pinagmulan ng Salita ng Diyos; ito ay dumating sa kanila mula sa iba at hindi dumating para sa kanila lamang (1 Corinto 14:36). Nagpatuloy siya sa pagsasabi na ang mga nasa iglesya nila na nagtataglay ng espirituwal na pagkaunawa ay makakaalam na ang mga direksiyong mula kay Pablo ay kinasihan ng Diyos.

Ang lokal na iglesya ay dapat makapapamahala sa kanyang sarili at makasusuporta sa kanyang sarili; gayunman ay nangangailangan ito ng relasyon sa unibersal na iglesya para sa matatag na doktrina (*doctrinal stability*), mga sanggunian sa pagsasanay, at pananaw sa pandaigdigang pagmimisyon.

Sa kasalukuyan, mayroong maraming uri ng iglesya at maraming iba't-ibang doktrina, bagaman silang lahat ay nag-aangkin na sinusunod nila ang Biblia. Upang ang isang iglesya ay magkaroon ng pananagutan sa unibersal na iglesya ay hindi nangangahulugan na dapat nitong sikapin na maging katulad ng lahat ng ibang iglesya sa kanyang paligid. Dapat nitong panghawakan ang mga doktrina ng Kristiyanismo na kinakailangan sa simula ng iglesya sa Bagong Tipan. Dapat din itong maging bahagi ng isang samahan ng mga iglesya na nagbibigay ng pananagutan para sa isa't-isa.

Para sa katatagan sa mga doktrina, ang isang lokal na iglesya ay dapat magtaglay ng tatlong bagay:

(1) Isang matinding paniniwala na ang Biblia ang ultimong awtoridad (*absolute authority*),

(2) Ang mga kinakailangang doktrina ng pangkasaysayang Kristiyanismo, at

(3) Pakikisama sa isang samahan ng mga iglesya na may mabuting teolohiya.

Sa araling ito pag-aaralan natin ang ikalawa sa listahan. Pag-uusapan natin ang tungkol sa mga samahan ng mga iglesya sa ibang aralin.

Ang isang lokal na iglesya ay hindi dapat magkaroon ng pakiramdam na ito'y malaya upang tumanggap ng mga doktrina na sumasalungat sa kinakailangang doktrina ng Kristiyano ng unang iglesya. Ang mga doktrinang ito ay nasasaad sa ilang naunang credo. Ang Credo ng mga Apostol, ang Credo ng Nicene, at ang Chalcedonian Credo ay naghahayag ng mga doktrinang kinakailangan sa Kristiyanismo mula pa sa simula. Kabilang dito ang doktrina ng Trinidad at doktrina ng pagiging Diyos ni Kristo at ang Banal na Espiritu. Kapag tinatanggihan ng isang iglesya ang mga doktrina ng mga credong ito, hindi nito dapat tawagin ang kanyang sarili na Kristiyano, dahil iyon ay isang naiibang relihiyon.

## Ang Credo ng Nicene

> Sumasampalataya ako sa iisang Diyos, ang Makapangyarihang Ama, Gumawa ng langit at lupa, at lahat ng bagay na nakikita at hindi nakikita.
>
> At sa isang Panginoong Kristo Hesus, ang Bugtong na Anak ng Diyos; nagmula sa kanyang Ama bago pa ang lahat sa mundo, ang Diyos ng Diyos, Liwanag ng liwanag, PinakaDiyos ng pinakaDiyos, nagmula, hindi nilikha; na iisang substance sa Ama; sa pamamagitan niya'y ginawa ang lahat; na para sa tao at para sa ating kaligtasan ay bumaba mula sa langit, at ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kay Birhen Maria, at nagkatawang-tao; at ipinako sa krus para sa atin sa ilalim ni Poncio Pilato; siya'y nagdusa at inilibing; at sa ikatlong araw ay muling nabuhay ayon sa mga

kasulatan;at umakyat sa langit; at ngayo'y nakaupo sa kanang kamay ng Ama; at siya'y babalik muli, nang may kaluwalhatian, upang hukuman kapwa ang nabubuhay at ang patay: at ang kanyang kaharian ay magpasawalang hanggan.

At sumasampalataya ako sa Banal na Espiritu, ang Panginoon at Tagapagbigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at sa Anak; na kasama ng Ama at ng Anak ay magkakasamang sinasamba at niluluwalhati; na nagsalita sa pamamagitan ng mga propeta; at ako'y sumasampalataya sa isang Katoliko at Apostolikong Iglesya; kinikilala ko ang isang bautismo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan; at ako'y naghihintay sa muling pagkabuhay ng mga patay; at sa buhay ng mundong darating. Amen.

Paano kung ang isang tao ay magpasya na siya ay hindi sumasang-ayon sa isa sa mga pangungusap ng Credo ng Nicene? Dahil ang mga doktrinang ito ay pinanghawakan na ng iglesya mula pa sa simula, kung itatanggi niya ang isa, inaangkin niya na nagtataglay siya ng katotohanang wala sa iglesya sa loob ng 2,000 taon. Kapag ang isang iglesya o tao ay hindi nananangan sa mga doktrina ng Credo ng mga Apostol, ng Credo ng Nicene, at ng Credo ng Chalcedonia, hindi dapat pagtiwalaan ang kanyang doktrina. Ang mga doktrina ng mga credo ay sumusuporta sa ebanghelyo. Kapag itinatanggi ng isang tao ang isang doktrina ng credo, maaaring sinasalungat niya ang ebanghelyo.

► Ano ang iyong sasabihin sa isang tao na nagsasabing siya ay isang Kristiyano subali't hindi sumasang-ayon sa isang pangungusap sa Credo ng Nicene?

### Pitong Pagbubuod na Mga Pangungusap

(1) Ang isang lokal na iglesya ay ang grupo ng mga manananampalataya na naglalaan ng kanilang sarili up ang magsama-sama upang maging ang iglesya sa isang espesipikong lugar.

(2) Nakikita ng mundo ang kalikasan ng Diyos sa pamamagitan ng iglesya.

(3) Ang buhay ng Espiritu ay ang buhay at pagkakaisa ng iglesya.

(4) Ang pagiging miyembro ng iglesya ay batay sa relasyon sa Diyos at paglalaan ng sarili sa grupo ng mga mananampalataya.

(5) Mayroong isang unibersal na iglesya na sumusunod sa isang Kristiyanismo dahil ang iglesya ay tungkol sa iisang Diyos.

(6) Walang iisang organisasyon ng mga tao ang buong iglesya ng Diyos sa mundo.

(7) Dapat panghawakan ng isang lokal na iglesya ang mga kinakailangan, pangkasaysayang doktrina ng unibersal na iglesya.

**Aralin 1 Mga Takdang -aralin**

(1) Bago ang susunod na sesyon sa klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng isang talata tungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (na may kabuuang pitong talata). Dapat ipaliwanag sa pangungusap ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat isulat ito ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa isang tao na hindi kabilang sa klase. Ang kanyang isinulat ay dapat ibigay sa tagapanguna sa klase.

Sa simula ng susunod na sesyon sa klase, dapat hilingan ng tagapanguna sa klase ang ilan sa mga mag-aaral na sabihin sa klase ang kanilang isinulat para sa ilang partikular na puntos.

Ang bawat isa sa iba pang aralin (maliban sa huling aralin) ay magkakaroon ng karagdagang takdang-aralin bukod sa mga talata tungkol sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap." Ang takdang-aralin ay maaaring isang pagsusulit, isang panayam, pag-aaral ng isang talata sa Kasulatan, o isang dapat isulat.

(2) Sa panahon ng kurso, ang mag-aaral ay dapat magturo ng isang aralin, o bahagi ng isang aralin sa isang tao o grupo na hindi bahagi ng klase. Maaaring pumli ang mag-aaral ng materyal na ituturo. Ito ay dapat gawin ng tatlong beses, gamit ang iba't-ibang materyal. Dapat iulat ng mag-aaral sa tagapanguna sa klase ang bawat pagkakataon na siya ay nakapagturo ng aralin.

# Aralin 2
# Pagkakaisang Kristiyano

## Panimula

► Dapat basahin ng isang mag -aaral ang sumusunod na kathang -isip na kwento para sa klase.

Minsan, may isang lungsod na nanganganib na magkaroon ng baha mula sa isang ilog. Nag-organisa ang mga tao sa lunsod sa mga grupo upang maglagay ng buhangin sa mga sako at ilagay iyon sa gilid ng ilog. Masiglang nagtrabaho ang mga tao at nabuo ang team spirit (pagkakaisa ng grupo). Hindi nagtagal nagkaroon ng pangalan ang iba't-ibang grupo. Mayroong Tagapagligtas ng Lunsod, ang Mga Tagapala ng Buhangin, at ang Tagaharang sa Ilog. Naging mahalaga ang pagkakakilanlan ng grupo. Ang mga miyembro ng bawat grupo ay nagsuot ng magkakatulad na shirts. Nag-usap-usap sila kung paanong ang kanilang grupo ang pinakamagaling. Pinulaan nila gawain ng ibang grupo.

Nang ang isang Tagaharang ng Ilog ay humihiram ng isang kartilya mula sa Tagapagligtas ng Lunsod, hindi nila ito pinahiram, dahil iniisip nila na maaari nila itong kailanganin sa hinaharap. Nang maubusan ng sako ang mga Tagapala ng Buhangin, kinailangan nilang maghintay ng isang oras upang dumating ang dagdag na sako, bagaman mayroon namang sobrang sako ang ibang grupo. Nalimutan ng mga grupo na silang lahat ay mayroon lamang iisang misyon. Ang tagumpay ng bawat grupo ay tila naging mas mahalaga kaya sa kabuuang tagumpay ng kanilang misyon.

► Paanong ang mga iglesya kung magkaminsan ay kumikilos na katulad ng mga grupo sa kuwento?

Malakas ang pagbibigay-diin ng Biblia sa kahalagahan ng pagkakaisa ng mga Kristiyano. Sinaway ni Pablo ang mga pagkakapangkat-pangkat ng iglesya sa Corinto ng magtanong siya, "Maaari bang hatiin si Kristo?" (1 Corinto 1:13). Sinabi niya sa mga taga-Efeso na panatilihin ang pagkakaisa ng Espiritu, itinuturo na, "Mayroon lamang isang katawan…isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo" (Efeso 4:4-5). Mataimtim na nanalangin si Hesus na ang mga mananampalataya ay magkaisa upang ang mundo ay maniwala na siya ay nagmula sa Ama (Juan 17:21).

Mula sa simula, itinuring ng iglesya ang kanyang sarili na iisa lamang. Sa Credo ng Apostol kabilang ang pangungusap na ito: "Ako ay sumasampalataya…ang banal na iglesya katolika; ang pagkakaisa ng mga banal." Sa Credo ng Nicene ay kabilang ang pangungusap: "Sumasampalataya ako sa isang katoliko at apostolikong iglesya." Ang salitang *catholic* ay nangangahulugan ng kumpleto at unibersal. Ang salitang *apostolic* ay nangangahulugan na

ang iglesya ay itinatag ng mga apostol at patuloy na sumusunod sa mga katuruan ng mga apostol.

Ipinapahayag ng mga unang credo ang mga kinakailangang doktrina ng Kristiyanismo. Hindi itinuturing ng iglesya na Kristiyano ang sinumang hindi tumatanggap sa mga credong ito, dahil layunin ng mga credo na ipaliwanag ang mga kinakailangan ng Kristiyanismo. Samakatuwid, ang isang tao ay ituturing na *heretic* kapag iniisip niya na mayroong mga tunay na iglesya na hindi bahagi ng isang unibersal na iglesya.

## Mga Denominasyon

Ang iglesya sa mundo ay hindi pa napagsasama-sama sa isang institusyon sa loob ng maraming siglo. Sa halip maraming distinct na grupo ng mga iglesya. Ang isang grupo ng mga iglesya na nagbubuo ng isang organisasyon ay tinatawag na denominasyon.

Taong A.D. 451 nang ang Oriental Orthodoxy ay humiwalay sa Romano Katolisismo dahil sa di-pagkakasundo sa doktrina. Sa kasalukuyan mayroong mga organisasyon ng mga iglesya sa iba't-ibang rehiyon sa Oriental Orthodoxy: Coptic, Ethiopian, Eritrean, Malankara Syrian, Syriac, at Armenian Apostolic.

Taong A.D. 1054, ang Eastern Orthodoxy ay humiwalay sa Romanong Katolisismo. Sa kasalukuyan mayroong labinlimang pangrehiyong organisasyon ng mga iglesya sa Eastern Orthodoxy, kabilang dito ang Iglesyang Russian Orthodox, ang Iglesyang Serbian Orthodox, at ang Iglesya ng Cyprus.

Bukod sa malalaking dibisyong iyon, may iba pang mga grupo ng mga iglesya na humiwalay sa iglesyang Romano sa mga siglong iyon.

Naganap ang Protestant Reformation noong 1500's. Maraming iglesya ang humiwalay sa Romanong Katolisismo dahil naniniwala sila na hindi na malinaw na naipapangaral ng iglesyang Romano ang tunay na ebanghelyo. Mayroon pang maraming ibang usapin kabilang ang mga pampulitikang usapin, subali't ang doktrina ang pinakamahalaga.

Maraming denominasyon ang nabuo mula sa Reformation. Ang Iglesya ng Ingglatera ay binubuo ng mga iglesya sa bansang Ingglatera. Nang sila ay magtatag ng mga iglesya sa ibang mga bansa, tinawag silang Iglesyang Episcopal.

Ang mga iglesyang Presbyterian ay nagmula sa impluwensiya ng mga reformers: sina John Calvin sa Switzerland, si John Knox sa Scotland, at iba pa. May ilang denominasyong Presbyterian sa kasalukuyan.

Ang Iglesyang Lutheran sa Alemanya ay nagsimula sa ministeryo ni Martin Luther. Mayroon ding mga iglesyang Lutheran sa maraming ibang mga bansa.

Naniniwala ang mga Anabaptist na hindi lubusang napanauli ng Reformation ang ebanghelyong ayon sa Kasulatan. Naniniwala sila na ang pagsamba ay dapat walang mga seremonyang wala sa Kasulatan at ang bautismo ay para lamang sa mga nagbalik-loob at

hindi para sa mga sanggol. Sa kanila nagmula ang denominasyong Baptists sa maraming mga bansa.

Ang mga iglesyang Pentecostal ay nagsimula sa revival sa Los Angeles noong 1906. Maraming variety ng Pentecostal at Charismatic na denominasyon ang umiiral sa maraming bansa sa buong mundo. Mayroon silang maraming iba't-ibang (variety) ng doktrina.

Sa ngayon mayroong libo-libong denominasyon na nag-aangkin na sila ay mga Kristiyano. Mayroon nang libo-libong indipendiyenteng mga iglesya na hindi parte o bahagi ng anumang denominasyon.

Ang mga denominasyon ay karaniwang nagsisimula sa isang grupo ng mga tao na naniniwala na mayroong mahalagang katotohanan na itinatanggi o nakakaligtaan ng iglesya na kanilang kinabibilangan. Nagsisimula sila ng bagong denominasyon na ang layunin ay maging tama sa kanilang mga doktrina. Sa paglipas ng panahon, nagpatuloy sila sa pagbuo ng kanilang mga doktrina, at nagiging iba sa ibang denominasyon. Gayun din nakabubuo sila ng ibang tradisyon tungkol sa wastong paraan ng pagsamba at mga detalye ng pamumuhay Kristiyano.

Kung minsan ang mga denominasyon ay nagsisimula sa pag-eebanghelyo. Kapag maraming nagbalik-loob sa isang rehiyon at walang denominasyon na maaaring mangalaga sa kanila, maaaring mabuo ang isang bagong denominasyon. Ang isang denominasyon ay maaaring magsimula sa gawain ng isang organisasyong pangmisyon sa isang partikular na bansa.

Karamihan sa mga denominasyong Kristiyano ay hindi nag-aangkin na sila lamang ang tunay na Kristiyano. Kapag ang isang organisasyon ay nag-aangkin na sila lamang ang buong iglesya ng Diyos sa lupa, hindi ito dapat pagtiwalaan.

► Ilang iba't-ibang pangalan ng mga iglesya at denominasyon ang alam mo?

Ang mga hindi mananampalataya ay tumatanggi sa Kristiyanismo dahil sa pagkakahati-hati at pagkaka-iba-iba nito. Iniisip ng maraming hindi mananampalataya na ang lahat ng iba't-ibang sekta ng Kristiyanismo ay nagsasalungatan sa isa't-isa. Maraming tao sa mundo ang nag-iisip na walang klase ng pagkakaisa sa mga Kristiyano.

► Ano ang ilan sa mga kaugalian na tila naghahayag ng walang pagkakaisa sa mga iglesya?

May tendensiya ang mga iglesya na bigyang diin ang mga bagay kung saan sila ay nagiging iba sa ibang mga iglesya, kahit pa ang mga bagay na iyon ay hindi pundasyong mga doktrina ng pananampalataya. Kung minsan, nagiging madali sa mga iglesya na akusahan ang ibang iglesya ng pagiging hipokrito, nagkokompromiso, o maging ng ibang mga kasalanan, nang hindi lubos na nauunawaan. May mga iglesya na nagsasabi na ang ibang iglesya ay hindi Kristiyano, kahit naniniwala sila sa pundasyong doktrina ng Kristiyano.

Tila hindi nagkakaisa ang mga iglesya sa pagpapatupad ng Dakilang Pagsusugo. Tila nagpapaligsahan na tulad ng negosyo ang mga iglesya. Maraming tagapanguna ang

nagsasabing nasasayang ang trabaho at mga resources kapag tumutulong sila sa isang ministeryo na hindi nagtataglay ng pangalan ng kanilang organisasyon.

Marahil ang lahat ng Kristiyano ay sasang-ayon na ang lahat ng Kristiyano ay dapat magkaisa, subali't marami ang hindi nakakaalam kung ano dapat ang anyo ng pagkakaisang iyon. Una, pag-uusapan natin ang tungkol sa pagkakaisa ng unibersal na iglesya; pagkatapos, pag-uusapan natin ang tungkol sa pagkakaisa ng lokal na iglesya.

### Pagkakaisa ng Unibersal na Iglesya: Hindi ang Pagiging Iisa ng Institusyon

May mga taong nag-iisip na ang lahat ng iglesya ay dapat magkaisa sa iisang organisasyon. Iniisip nila na ang pag-iral ng maraming hiwa-hiwalay ng organisasyon ay nangangahulugan na ang iglesya ay hindi nagkakaisa. Sa isip, hindi nila pinaghihiwalay ang pinakadiwa ng iglesya at ang mga institusyon ng iglesya; samakatuwid, ang pagkakaisa para sa kanila ay nangangahulugang pag-iisahin ang mga institusyon.

► Ano ang iyong sasabihin isang tao na nag-iisip na ang lahat ng organisasyong Kristiyano at mga iglesya ay dapat magsama-sama sa iisang organisasyon?

Ang mga institusyon ay hindi maaaring mag-ugnayan nang hindi nagpapasya na ang kanilang mga pagkakaiba sa doktrina ay hindi mahalaga. Upang magkaisa, dapat silang magkasundo sa ilang pundasyong doktrina. At dapat silang magpasya na marami sa kanilang ibang doktrina ay hindi sapat ang kakayahan upang ihiwalay sila mula sa ibang tao na hindi sumasang-ayon.

Ang buong pagsisikap na pag-isahin ang lahat ng iglesya sa isang organisasyon ay batay sa ideya na ang pagkakaisang Kristiyano ay pagkakaisa rin sa institusyon. Si Hesus mismo ay hindi nagsabi na ang lahat ng kanyang mga tagasunod ay magsama-sama sa parehong organisasyon sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa, tulad ng inilarawan sa pangyayaring ito:

> "At sumagot si Juan at sinabi, "Panginoon, nakakita po kami ng isang taong nagpapalayas ng demonyo sa inyong pangalan. Pinagbawalan po namin siya, dahil hindi natin siya kasamahan." At sinabi ni Hesus sa kanya, "Huwag ninyo siyang pagbawalan: sapagka't kung ang sinuman ay hindi laban sa inyo, siya ay kakampi ninyo" (Lucas 9:49-50).

Ipinapakita ng salita ni Hesus na ang isang tao ay maaaring "hindi natin kasama" (hindi bahagi ng ating organisasyon), gayunman ay "para sa atin". Malinaw, mayroong pagkakaisang Kristiyano na hindi kinakailangang magkasama-sama sa iisang institusyon.

Sa paglipas ng mga siglo simula sa ministeryo sa lupa ni Hesus, mayroon nang mga organisasyon na nag-angkin na sila ang buong iglesya. Sinasabi nila na walang organisasyon na hiwalay sa kanila ang Kristiyano rin. Hindi inangkin ni Hesus na ang kanyang grupo ng mga tagasunod ang siyang buong iglesya maging noong siya ay pisikal na kasama pa nila upang pamunuan ito.

Kung minsan ginagamit ng mga tao ang salitang *iglesyang hindi nakikita.* Ang salitang *iglesyang hindi nakikita* ay tumutukoy sa katotohanang walang organisasyon na nakikita na nagtataglay ng listahan ng lahat ng miyembro na binubuo ng lahat ng Kristiyano. Gayundin, ang mga organisasyong Kristiyano ay may mga miyembro na hindi naman mga tunay na Kristiyano. Samakatuwid, hindi natin maituturo ang alinmang partikular na organisasyon at sabihin na ito ang unibersal na iglesya.

Bagaman ang unibersal na iglesya ay hindi isang organisasyon lamang, ang pagkakaisa sa lahat ng mga Kristiyano ay dapat na nakikita. Idinalangin ni Hesus na ang mga mananampalataya ay magkaisa, at sinabi na ang ibubunga nito ay ang pananampalataya ng mundo sa kanya. (Juan 17:21). Nangangahulugan ito na ang pagkakaisa ng mga Kristiyano ay tunay na dapat nakikita ng mga Kristiyano at ng mundo.

► Kapag nakatagpo ka ng isang tao na nagsasabi na siya ay isang Kristiyano, ano ang kinakailangan mo upang maibahagi mo ang pagkakaisang Kristiyano sa kanya?

## Ang Batayan ng Pagkakaisang Kristiyano

Ang pagkakaisa ng lokal na iglesya ay batay sa doktrina sa Biblia, ang karanasan ng biyaya, at ang buhay ng Espiritu. Ang pagkakaisa ng mga Kristiyano sa labas ng lokal na iglesya ay may katulad ding batayan, bagaman mas kaunti ang detalye.

Ang isang pang paraan upang ipahayag ang batayan ng pagkakaisa ay ito: Kung ang isang tao ay nagpapatotoo na siya ay naligtas, tila nagtataglay ng espirituwal na buhay, at tila naniniwala sa mga basic na katotohanang Kristiyano, sagayun ang pakikisamang Kristiyano ay posible. Maaaring magpatuloy ang pakikisama sa buong panahon na ang taong ito ay nabubuhay nang may kaugnayan sa Diyos at sa pagsunod sa Biblia.

Ang pagkakaisang Kristiyano ay hindi depende sa pagkakasundo sa bawat detail ng doktrina. Hindi posible para sa iglesya sa lahat ng lugar upang magkasundo sa lahat ng detalye ng doktrina. Maging ang mga apostol ay may di-pagkakasundo rin. (Galacia 2:11-14).

Ang mga grupo ng mga mananampalataya ay nag-aaral ng Biblia at tinatalakay ang kanilang pinaniniwalaan, sinisikap tiyakin na sila ay tama. Napagtatanto nila na hindi sila sumasang-ayon sa mga doktrina ng ilan sa ibang mga grupo ng Kristiyano.

May mga doktrina na pundasyon, at kinakailangan sa pananampalatayang Kristiyano. Kung ang isang tao ay hindi naniniwala sa mga doktrinang ito, hindi niya mauunawaan at paniniwalaan ang ebanghelyo.

Pagkatapos, mayroon ding mas mahabang listahan ng mga doktrina na pinaniniwalaan ng isang partikular na iglesya. Nauunawaan ng karamihan sa mga iglesya na hindi lahat ng Kristiyano sa lahat ng lugar ay nagkakasundo sa lahat ng doktrina. Kahit na ang isang doktrina ay ipinapahiwatig na sa Biblia, hindi lahat ay makauunawa sa Biblia sa parehong paraan.

► Ano ang ilang halimbawa ng pundasyong doktrina? Ano ang ilan pang ibang doktrina na hindi naman pundasyong doktrina?

Ang ilan sa mga pundasyong doktrina ay tungkol sa kalikasan ng Diyos, ang pagiging Diyos ni Kristo, at ang Banal na Espiritu, ang pagbabayad-kasalanan ni Kristo, at ang kaligtasan sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ang ilang doktrina na hindi pundasyon ay paniniwala tungkol sa mga anyo ng pagsamba at mga detalye tungkol sa buhay Kristiyano. Mahalaga para sa atin na sikaping maging ayon sa Biblia ang lahat ng ating ginagawa, subali't dapat nating matanto na hindi lahat ng tunay na Kristiyano ay magkakasang-ayon sa mga detalyeng ito.

> "Kung ang inyong puso ay tama, katulad ng puso ko sa puso ninyo, kaya't mahalin ninyo ako ng napakalambing na pagmamahal, bilang isang kaibigang mas matalik pa sa isang kapatid;bilang kapatid kay Kristo, kababayan sa Bagong Jerusalem, kapwa sundalong nasa parehong labanan, sa ilalim ng iisang kapitan ng ating kaligtasan. Mahalin ninyo ako bilang kasama sa kaharian at katiyagaan ni Jesus, at kasamang tagapagmana ng kanyang kaluwalhatian"
> -John Wesley, "Ang Espiritu ng Pagkakaisa")

## Mga Tanda ng Tunay na Iglesya

Ang isang sinaunang konsepto ng mga tanda ng tunay na iglesya ay pinanghahawakan kapwa ng Simbahan ng Romano Katoliko, at ng mga reformers. Ang mga Kristiyano sa loob ng mga siglo ay naniniwala na ang apat na tanda ng tunay na iglesya ay pagkakaisa, kabanalan, catholicity (pagiging universal), at apostolicity (nanghahawak sa orihinal na pananampalataya ng mga apostol)  ng mga salitang ito ay inilarawan sa iba't-ibang paraan.

Narito ang ilan sa mga simpleng pakahulugan. Ang *pagkakaisa* ay nangangahulugan na kabilang sa iglesya ang lahat ng tunay na Kristiyano bagaman hindi kinakailangang nasa isang pormal na listahan. Ang *kabanalan* ay nangangahulugan na ang iglesya ay naninindigan laban sa kasalanan at naniniwala sa kaligtasan mula sa kasalanan. Ang *catholicity* ay nangangahulugan na ang iglesya ay maaaring magkaroon ng anumang napapanahong anyo sa alinmang kultura saanmang lugar, basta nananangan sa mga kinakailangang katotohanan. Ang *apostolicity* ay nangangahulugang ang iglesya ay nananangan sa orihinal na pananampalatayang itinatag ng mga apostol.

## Ang Pagkakamali ng Pagpapaligsahan ng mga Iglesya

Kung minsan ang mga iglesya sa isang lugar ay sobrang magkakalapit sa isa't-isa na ang mga tao ay maaaring pumili kung saan nila gustong dumalo. Ang mga tao sa isang iglesya ay maaaring magsikap na ipakita sa mga tao sa komunidad na ang kanilang iglesya ay higit na mabuti kaysa sa ibang iglesya. Sila ay nakikipagpaligsahan sa ibang mga iglesya, sinisikap na gawing mas kaakit-akit ang kanilang sariling iglesya. Iniisip nila na ang kanilang iglesya ay matagumpay kapag dumarami ang bilang ng kanilang miyembro.

Ang pagpapaligsahan sa mga iglesya ay batay sa di-pagkakaunawaan ng iglesya. Maraming tao ang tila nag-iisip na ang iglesya ay tulad ng isang negosyo na dapat umakit ng mga kostumer o kaya naman ay katulad ng isang showplace na dapat magkaroon ng tagapanood. Ang mga ito ay maling konsepto ng iglesya.

Ang iglesya ay isang espirituwal na pamilya. Ang mga miyembro ng isang mabuting pamilya ay nagsisikap na pangalagaan ang isa't-isa. Sama-sama silang gumagawa upang magkaloob ng mga pangangailangan ng pamilya. Nag-uukol sila ng oras nang sama-sama dahil sa kanilang relasyon.

Ang iglesya ay isang pamilya ng pananampalataya, batay sa relasyon sa Diyos at sa isa't-isa. Nais nila ng mga bagong miyemro na naaakit ng ebanghelyo at ng buhay pamilya ng iglesya. Dapat magtuon ang iglesya sa pagpapahayag ng ebanghelyo at pagpapakita ng buhay ng iglesya. Sagayun, maaakit nila ng tamang tao, mga taong interesado sa pagiging bahagi ng pamilya.

► Kapag ang isang iglesya ay nagsisikap na makipagpaligsahan sa ibang mga iglesya sa isang lugar, paano mababago ng paligsahan ang iglesya?

## Pagkakaisa sa Lokal na Iglesya

► Bakit kinakailangan sa pagkakaisa ng lokal na iglesya na sila'y magkasundo sa mas maraming doktrina kaysa sa pagkakaisa ng unibersal na Kristiyano?

Maaaring tanggapin ng isang Kristiyano ang patotoo ng ibang Kristiyano na hindi nananangan sa lahat ng kanyang mga doktrina, basta pinanghahawakan nila ang pundasyong doktrina ng Kristiyano at ipinapakita ang buhay Kristiyano. Gayunman, dahil ang isang Kristiyano ay dapat personal na isagawa ang anumang pinaniniwalaan niyang tama, hindi siya maaaring makipartner sa ministeryo sa lahat ng Kristiyano. Halimbawa, kung ang isang pastor ay naniniwala na sinasabi sa kanya ng Biblia na magbautismo ng mga nagbalik-loob, hindi siya maaaring magpastor sa isang grupo ng mga tao na nagtuturo na ang mga nagbalik-loob ay hindi dapat bautismuhan.

Isa pang halimbawa: Kapag ang isang tao ay naniniwala na ang kaloob ng pagsasalita sa ibang wika ay hindi palatandaan ng pagiging puspos ng Espiritu, magiging mahirap sa kanya na makipag-partner sa isang ministeryo sa mga taong naniniwala na ang sinumang hindi nagsasalita ng ibang wika ay hindi nagtataglay ng Banal na Espiritu. Magkakaroon sila ng suliranin dahil hindi nila tatanggapin ang kaniyang testimonya. Magkakaroon ng suliranin sa kanilang kooperasyon sa ministeryo dahil sisikapin nilang akayin ang mga bagong magbabalik-loob sa karanasan ng pagsasalita sa ibang wika.

Kapag ang isang tao ay gumagawa ng mga bagay na pinaniniwalaan niyang mali ayon sa Biblia, nilalabag niya ang kanyang sariling budhi. Napapasailalim siya sa paghatol mula sa Diyos dahil pinipili niyang gawin ang isang bagay kahit na naniniwala siyang ipinagbabawal iyon ng Biblia.

Ang isang Kristiyano ay maaaring maniwala na ang mga taong may iba't-ibang doktrina ay mga tunay na Kristiyano, subali't dapat siyang makisama at magministeryo sa isang grupo ng mga tao na nagkakasundo sa karamihan sa mga doktrina. Ang ibig sabihin nito, ang lokal na iglesya ay dapat magkaroon ng pagpapahayag ng doktrina na higit pa sa doktrinang pundasyon ng unibersal na iglesya.

► Bakit magiging kamalian para sa isang tao na sikapin na makiayon sa lahat ng doktrina ng iglesya?

## Konklusyon

Dapat panatilihin ng Kristiyano ang balanse sa kanyang pakikitungo sa iba. Hindi niya dapat sabihin na hindi tunay na Kristiyano ang ibang Kristiyano dahil lamang nagkakaiba sila sa mga detalye ng doktrina na hindi naman pundasyong doktrina. Gayunman, dapat siyang magkaroon ng malapitang pakikisama sa isang lokal na iglesya na nananangan sa parehong doktrina na nagpapahintulot sa kanila na mag-fellowship at sama-samang magsagawa ng ministeryo.

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Binibigyang diin ng Biblia ang pagkakaisa ng mga Kristiyano.

(2) Naniwala ang unang iglesya sa pagkakaisa ng iglesya bilang isang kinakailangang doktrina.

(3) Hindi matutupad ng iglesya ang pagkakaisa sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng lahat ng Kristiyano sa iisang organisasyon lamang.

(4) Ang pagkakaisang Kristiyano ay batay sa doktrinang Biblikal, sa karanasan ng biyaya, at sa buhay ng Espiritu.

(5) Ang mga Kristiyano sa lahat ng lugar ay nagkakasundo  sa ilang pundasyong doktrina ng Kristiyanismo.

(6) Ang mga Kristiyano sa iba't-ibang iglesya ay hindi magkakasundo sa mga detalye ng mga doktrina.

(7) Ang isang lokal na iglesya ay dapat magkasundo sa isang detalyadong pahayag ng mga doktrina.

## Aralin 2 Mga Takdang -aralin

(1) Bago ang susunod na sesyon sa klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng isang talata para sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (may kabuuang pitong mga talata). Dapat ipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito ay mahalaga. Dapat isulat ito ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa isang tao na hindi kabilang sa klase. Ang isinulat ay dapat ibigay sa tagapanguna sa klase.

(2) Paalala: Dapat magplano ang mag-aaral na magturo mula sa kurso sa mga taong hindi kabilang sa klase, sa tatlong iba't-ibang pagkakataon.

(3) Takdang-aralin na Panayam: Dapat makipag-usap ang mag-aaral sa miyembro ng tatlong iba't-ibang iglesya at tanungin sila kung ano ang kanilang pananaw sa ibang mga iglesya. Anong pagkakaisa ang sa palagay nila ay umiiral sa mga Kristiyano? Sumulat ng talata para sa bawat isa sa tatlong pakikipag-usap.

# Aralin 3
# Ang Lokal na Iglesya

## Panimula

► Ano ang iglesyang lokal? Paano ito naiiba sa bawat ibang klase ng grupo?

Ang kahulugang ito ng lokal na iglesya ay maaaring hatiin sa pitong mahahalagang elemento. Ang mga elementong ito ay dagdag na ipinaliliwanag sa kabuuan ng kursong ito.

**Isang Pakahulugan ng Lokal na Iglesya**

Ang lokal na iglesya ay isang grupo ng mga mananampalataya na kumikilos bilang isang espirituwal na pamilya at komunidad ng pananampalataya; nag-aalok ng ebanghelyo at pakikisama ng iglesya sa lahat ng nagsisisi; nagsasagawa ng bautismo at komunyon; nakikipagtulungan sa pagsamba, pagsasama-sama, pag-eebanghelyo, at pagdidisipulo; tinutupad ang gawain ng katawan ni Kristo sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu; nagpapasakop sa Salita ng Diyos; may pagkakaisa batay sa doktrina ng Biblia, sa karanasan ng biyaya, at sa buhay sa Espiritu.

Sa ibaba, ang mga bahagi ng kahulugan ay inulit na may paliwanag na nakalagay sa panaklong.

► Sa alinmang bahagi ng kahulugan, maaaring magtanong ang tagapanguna sa klase, "Bakit kinakailangan ang katangiang ito sa isang iglesya? Ano ang magiging resulta kung wala ang ganitong katangian sa isang iglesya?"

> "Ang mga mananampalataya ay hindi tinatawag nang hiwa-hiwalay upang ipamuhay nang nag-iisa ang relasyon niya sa Diyos kundi tinawag sila nang sama-sama at nakatakdang magsama-sama bilang isang bayan"
> -Thomas Oden, *Life in the Spirit*.

**Ang lokal na iglesya ay isang grupo ng mga mananampalataya na kumikilos bilang isang espirituwal na pamilya at komunidad ng pananampalataya.** (Ang iglesya ay isang grupo na binuo ng pananampalatayang Kristiyano. Ito ay may mas matibay na relasyon kaysa anumang ibang grupo sa mundo.).

**. . . nagbabahagi ng ebanghelyo at ng pakikisama ng iglesya sa lahat ng nagsisisi.** (Hindi maaaring ihiwalay ng iglesya ang mga katutubong grupo o klase ng mga tao at maging matapat pa rin sa ebanghelyo. Hindi kinakailangan ang magkakatulad na grupong etniko o iisang klase sa lipunan. Gayundin, hindi maaaring tanggihang patawarin ng iglesya ang ilang tiyak na kasalanan kung ito ay matapat sa ebanghelyo.).

**. . . nagsasagawa ng bautismo at komunyon...** Nagbigay si Hesus ng mga tagubilin sa iglesya patungkol sa mga seremonyang ito. Kumakatawan ang bautismo sa pagpasok sa iglesya sa pamamagitan ng pagbabalik-loob. Kumakatawan ang komunyon sa biyaya na inihayag sa ebanghelyo.

**. . . nakikipagtulungan sa pagsamba, pagsasama-sama, pag-eebanghelyo, at pagdidisipulo...** Ang mga ito ay kinakailangang layunin ng iglesya. Ang pakikipagtulungan ay mahalaga sa iglesya upang matupad ang mahahalagang layuning ito.

**. . . tinutupad ang gawain ng katawan ni Kristo sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu...** Ang mga espirituwal na gawain ng iglesya ay hindi kailanman matutupad sa pamamagitan ng kakayahan ng tao lamang.

**. . . nagpapasakop sa Salita ng Diyos...** Ang iglesya ay nakadepende sa Biblia para sa ebanghelyo, doktrina, at awtoridad. Kung pinipili ng iglesya na suwayin ang Biblia, nawawala ang awtoridad nito para sa pagtuturo.

> "Ang *(visible Church)* nakikitang Iglesya ni Kristo ay isang kongregasyon ng matatapat na lalaki kung saan ang dalisay na Salita ng Diyos ay ipinapangaral at ang mga sakramento ay tapat na isinasagawa ayon sa ordinansa ni Kristo . . ."
> - Mga Artikulo ng Relihiyon ng Methodist Church).

**. . . may pagkakaisang batay sa doktrina ng Biblia, sa karanasan ng biyaya, at sa buhay sa Espiritu...** Ang mga miyembro ng iglesya ay maaaring magtalaga ng kanilang sarili para sa isa't-isa dahil taglay nila ang tatlong bagay na ito nang sama-sama. Kung wala ang tatlong ito, hindi iiral ang tunay na pagsasama-samang Kristiyano.

### Ang Puhunan ng Diyos sa Iglesya

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 3:1-10 para sa grupo. Ano ang ilan sa mga bagay na sinabi ni Pablo tungkol sa kanygan ministeryo?

Sinabi ni Pablo na isang mahalagang bahagi ng kanyang ministeryo ang pagpapaliwanag tungkol sa iglesya, kaya't nalalaman natin na ang pagpapaliwanag tungkol sa iglesya ay dapat ding maging mahalagang bahagi ng ating ministeryo sa kasalukuyan. Plano ng Diyos na ang mga mananampalatayang Hentil ay madala sa iglesya, at ipapakita ng iglesya ang karunungan ng Diyos sa mundo.

Kailangan nating tandaan na ang iglesya ay hindi isang gusali. Walang gusaling sambahan ang mga Kristiyano sa panahon ng ilang unang henerasyon ng iglesya. Ang kahulugan nito, kapag ang Bagong Tipan ay bumabanggit tungkol sa iglesya, ito ay tumutukoy sa mga tao.

Ipinapaliwanag ng Efeso kung gaano kahalaga ang iglesya sa plano ng Diyos.

> ". . . At ipinailalim ng Diyos sa paa ni Kristo ang lahat ng bagay, at ginawa siyang ulo ng lahat ng bagay para sa iglesya, na siyang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuno sa lahat ng bagay" (Efeso 1:22-23).

Sinasabi ng talatang ito na si Hesus ang Ulo ng iglesya, at ang iglesya ang kaniyang katawan. Sinasabi nito na ang iglesya ay may kapuspusan ng Diyos.

Isipin ninyo ang isang ilog na pinanggagalingan ng lahat ng tubig para sa isang malaking lungsod. Milyon ang bilang ng mga tao na gumagamit sa tubig, subali't ang ginagamit nila

ay mas kaunti kaysa sa umaagos patungo sa ilog. Mahirap isipin kung gaano karaming tubig iyon. (Para sa isa pang ilustrasyon, tingnan ang *footnote.*[1])

Subali't paano naman ang kapuspusan ng Diyos? Kung gagawa ang Diyos ng isang sisidlan o daluyan para sa pagbubuhos ng kanyang mga pagpapala at biyaya at kapangyarihan para sa mundo, anong klaseng sisidlan ang makapaglalaman ng kapuspusan ng Diyos? Sinasabi ng talatang ito na ang iglesya ang sisidlang iyon. Naglalaman ang iglesya ng mga pagpapala ng Diyos para sa mundo.

Tandaan, ang iglesya na naglalaman ng mga pagpapala ng Diyos ay hindi ang gusali, kundi ang grupo ng mga taong nasa pagsasama-samang Kristiyano.

Ang plano ng Diyos para sa iglesya ay umiral na mula pa sa simula ng mundo. Kaya't ano nga ang layunin sa isipan ng Diyos para sa iglesya?

Tingnan uli ang Efeso 3:10-11.

> "Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng iglesya ay maipakilala [maihayag] ngayon sa mga pinuno at mga maykapangyarihan sa sangkalangitan ang walang hanggang karunungan ng Diyos na nahayag sa iba't-ibang paraan. Ito'y alinsunod sa kanyang layunin bago pa man likhain ang sanlibutan. Tinupad niya ang layuning ito sa pamamagitan ni Kristo Hesus na ating Panginoon." (3:10-11).

Ang *iba't-ibang paraan* ay nangangahulugang "lahat ng klase." May karunungan ang Diyos para sa bawat sitwasyon at bawat aspeto ng buhay. Ang karunungan ng Diyos ay ihahayag sa sanlibutan, kabilang ang mundong espirituwal sa pamamagitan ng ginagawa ng Diyos sa iglesya.

Nagkakaroon ang isang tao ng kanyang pang-unawa tungkol sa Diyos ayon sa nakikita niya sa iglesya. Dapat mahikayat ang isang tao na sambahin ang Diyos kapag nakikita niya ang iglesya. Dapat niyang makita ang karunungan ng Diyos na kumikilos sa iglesya. Hindi makikita ng mundo ang lahat ng ito mula sa mga gawaing pagsamba kapag Linggo. Makikita nila ito sa araw-araw na pagkilos ng iglesya at sa bawa't sitwasyon ng buhay.

► Ano ang ilan sa mga halimbawa ng sitwasyon sa buhay kung saan ang karunungan ng Diyos ay mahalaga?

Kabilang ba sa "iba't-ibang paraan" na karunungan ng Diyos ang karunungan tungkol sa mga suliranin sa pamilya, kahirapan, kawalan ng hanapbuhay, hindi sapat na tirahan, di-

---

[1] May isang kumpanya na nagngangalang Carbonite na sumusuporta sa mga pansariling *computer.* Maaari nilang itago ang kopya ng lahat ng bagay na nasa iyong kompyuter kung sakaling may mangyaring hindi mabuti sa kompyuter na iyon. Isipin na lang natin kung anong klase ng lalagyan mayroon sila upang magawa nilang itago ang nilalaman ng libo-libong mga computers!

maayos na edukasyon, *juvenile delinquency* (pagkakasala ng kabataan), kapabayaan sa anak, medikal na pangangailangan, at iba pang suliranin ng mga tao? Siyempre naman! Paano makikita ng mundo ang karunungan ng Diyos? Dapat nilang makita iyon na inihahayag ng iglesya, dahil ang iglesya ang nagpapakita kung paano ipinamumuhay ang mga solusyon ng Diyos sa isang komunidad ng pananampalataya.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 3:20-21 para sa grupo.

Ang layunin ng lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay ang bigyang-luwalhati ang Diyos. Ang Diyos ay espesyal na naluluwalhati sa iglesya, dahil

- Ito ang lugar kung saan nila ipinakikita ang kanyang pag-ibig at pagtubos.
- Ito ang lugar kung saan ang mga nilalang ayon sa kanyang wangis ay buong pusong sumasamba at sumusunod sa kanya.
- ito ang lugar kung saan ang isang pamilya ng pananampalataya ay nagpapakita ng buhay na pinagpala ng Diyos, at.
- Ito ang lugar kung saan ang mga tinubos ay nakikibahagi sa pagtubos sa iba sa pamamagitan ng pg-eebanghelyo.

Ang Diyos ay unibersal, at walang hanggang luluwalhatiin sa pamamagitan ng ginagawa ng iglesya sa kasalukuyan. Ang gawaing tinutupad ng inyong iglesya ay tatayo bilang isang walang hanggang monumento para sa kaluwalhatian ng Diyos.

## Ang Kasapatan ng Lokal na Iglesya

Nagsasalita ang Biblia tungkol sa iisang iglesya, subali't nagsasalita rin ito tungkol sa mga lokal na iglesya. Halimbawa, sinulatan ni Apostol Juan ang pitong iglesya sa Asya. (Pahayag 1:4). Binanggit ni Pablo ang "lahat ng mga iglesya ng Diyos" (1 Corinto 11:16).

Ang lokal na kongregasyon ay bahagi ng nag-iisang iglesya, gayunman ito rin ay tinatawag na iglesya. Marami sa mga sulat sa Bagong Tipan ay nakalaan sa mga iglesya sa mga partikular na lugar.

► Alin ang maaaring tawaging templo ng Diyos, ang nag-iisang unibersal na iglesya ba o ang isang lokal na iglesya?

Sa Efeso 2:20-21, sinabi ni Pablo na ang nag-iisang iglesya, sa orihinal na pundasyon, ay ang templo ng Diyos. Sa talatang 22, sinabi niyang ang mga mananampalataya sa Efeso ay ang tahanan ng Diyos. Sa isa pang talata sinabi niya sa mga mananampalataya sa Corinto na sila ang templo ng Diyos (1 Corinto 3:16). Samakatuwid, nakikita natin na ang nag-iisang unibersal na iglesya ay templo ng Diyos; subali't gayundin ang lokal na iglesya.

> "Ang lahat ng kinakailangang elemento ng iglesya ay matatagpuan na mula pa sa umpisa ang unang paliwanag na may apat na katangian ng isang iglesya [Mga Gawa 2:42]: doktrina ng mga apostol, komunidad, sakramento, at sama-samang pagsamba."
> - Thomas Oden, *Life in the Spirit*

► Alin ang maaaring tawagin bilang katawan ni Kristo? Ang nag-iisang unibersal na iglesya ba o ang lokal na iglesya?

Nagsalita si Pablo tungkol sa nag-iisang iglesya bilang ang katawan ni Kristo (Efeso 1:23). Gayunman, nang sumulat siya sa Corinto, sinabi ni Pablo, "Kayo ang katawan ni Kristo" (1 Corinto 12:27). Hindi niya sinabi na ang mga mananampalataya sa Corinto ay bahagi lamang ng katawan ni Kristo. Sila ang katawan ni Kristo sa lugar na iyon.

Nilalayon ng Diyos na ang bawat kongregasyon ay kumilos bilang isang kumpletong iglesya, na taglay ang lahat ng kinakailangan upang maging ang katawan ni Kristo sa isang partikular na lugar.

Inihambing ni Pablo ang mga miyembro ng lokal na iglesya sa mga bahagi ng katawan, tulad ng mata, paa, at kamay. Malinaw, na ang mga bahagi ng katawan ay dapat sama-sama sa iisang lugar upang tumupad sa tungkulin. Hindi niya sinasabi na sila ay mga bahagi ng katawan at ang iba pang bahagi ng katawan ay nakakalat sa iba't-ibang panig ng mundo. Sila ang kumpletong katawan para sa lugar na iyon.

Sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto na may mga bagay na dapat gawin "kapag ang buong iglesya ay sama-sama sa iisang lugar." Malinaw na hindi niya tinutukoy ang unibersal na iglesya, kundi ang lokal na iglesya. Ang lokal na kongregasyon ay may espesyal na awtoridad kapag ito'y kumikilos bilang isang iglesya.

Ibinibigay ng Diyos ang mga kaloob ng Espiritu na kinakailangan sa lokal na iglesya. Sama-samang gumagawa ang mga miyembro na may iba't-ibang kaloob upang tugunan ang mga pangangailangan ng kongregasyon.

Dahil ang lokal na kongregasyon ang katawan ni Kristo, ang templo ng Diyos, at ang iglesya, ito ay sapat upang maging iglesya kung saan iyon naroroon.

Ang kasapatan ng lokal na iglesya ay nangangahulugang ang lokal na katawan ay nagtataglay ng mga kaloob at mga mapagkukunan ng mga bagay na kinakailangan para sa ministeryo sa kanyang kinalalagyan. Ang lokal na iglesya ay maaaring kumilos bilang isang iglesya kahit walang tulong na magmumula sa ibang lugar. Ang mga lokal na tagapanguna ng iglesya ay tutulong sa kongregasyon na magkaroon ng pangitain at layunin para sa lokal na ministeryo. Sama-samang kumikilos ang kongregasyon upang suportahan sa pinansiyal ang ministeryo at pangalagaan ang mga miyembro ng kongregasyon.

## Ang Pangangailangan Para sa Iglesya

Mahirap panatilihin ang mga bagong nagbalik-loob malibang sila ay naisama sa buhay ng iglesya. Ang isang mananampalataya ay hindi maaaring mabuting idisipulo kung hindi siya makikilahok sa lokal na iglesya. Ang isang tao ay hindi maaaring sanayin para sa ministeryo kung wala siyang karanasan sa iglesya.

Walang anyo ang ebanghelyo na makikita sa isang komunidad hanggang sa mayroon na itong iglesya. Ang anyong nakikita ay hindi ang iglesyang sambahan, kundi ang pamilya ng pananampalataya na nagpapakita ng buhay na may relasyon sa Diyos. Hangga't wala pa roon ang iglesya, hindi makikita ng mundo kung ano ang tunay na kahulugan kung ano ang Kristiyano. Ang isang komunidad ay hindi maaaring ariing naebanghelyuhan na hanggang wala pang iglesya roon.

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang isang taong nagbalik-loob ay hindi dapat ihiwalay sa iglesya dahil sa kanyang pagiging kabilang sa ibang tribo, kalagayan sa lipunan, o sa mga kasalanan sa kanyang nakaraan.

(2) Ang mga tungkulin ng iglesya ay maaaring matupad sa gawain lamang ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng iglesya.

(3) Ang pagkakaisa ng iglesya ay batay sa doktrina sa Biblia, sa karanasan ng biyaya, at sa buhay ng Espiritu.

(4) Ang karunungan ng Diyos ay inihayag sa mundo sa pamamagitan ng kanyang ginagawa sa iglesya.

(5) Ang kasapatan ng lokal na iglesya ay nangangahulugan na ang lokal na iglesya ay nagtataglay ng mga kaloob at resources na kinakailangan para sa ministeryo sa kanyang kinalalagyan.

(6) Kinakailangan ang iglesya upang panatilihin ang mga nagbalik-loob, pagdidisipulo sa mga mananampalataya, at sa pagsasanay sa mga manggagawa.

(7) Ang isang komunidad ay hindi pa lubusang naeebanghelyuhan hanggang wala pang iglesya sa lugar.

**Aralin 3 Mga Takdang -aralin**

(1) Bago ang susunod na sesyon sa klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng talata para sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (may kabuuang pitong talata). Dapat ipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat isulat ito ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwanag sa isang tao na hindi kabilang sa klase. Dapat isumite ang mga isinulat sa tagapanguna sa klase.

(2) Paalala: dapat magplano ang mag-aaral upang magturo ng alinman mula sa kurso sa mga taong hindi kabilang sa klase, sa tatlong iba't-ibang pagkakataon.

(3) Takdang-araling Isusulat: Pag-aralan ang Efeso 5:25-32. Sumulat ng ilang pangungusap tungkol sa relasyon sa pagitan ni Kristo at ng iglesya.

# Aralin 4
# Mga Asosasyon ng Iglesya

## Panimula

*Kinakailangan ang materyal sa paghahanda para sa araling ito. Tinatalakay ng araling ito ang relasyon sa pagitan ng mga iglesya at ng kanilang asosasyon. Kapag ang mag-aaral ay nagmula sa isang iglesya na kabilang sa isang asosasyon, ang tagapanguna sa klase ay dapat kumuha ng kopya ng mga kinakailangan mula sa asosasyon para pagbalik-aralan sa klase.*

## Paglalarawan sa mga Asosasyon ng Iglesya

► Ano ang pangalan ng asosasyon ng mga iglesya o denominasyon na kinabibilangan mo?

Kapag nagkikita ang isang Kristiyano at ibang Kristiyano mula sa ibang lokal na iglesya, lumalabas ang mga katanungan. Itinatanong nila kung bakit ang kanyang mga pinaniniwalaan at mga ginagawa ay naiiba sa kanila. Napapansin niya na mayroong pagkakaiba sa mga doktrina sa pagitan ng iba't-ibang iglesya. Mayroon ding malaking pagkakaiba sa mga paraan ng pagsamba.

Maaaring maghanap ang isang miyembro ng pagkakakilanlang panrelihiyon na mas malawak kaysa sa kanyang lokal na iglesya. Nais niyang makita na ang kanyang iglesya ay bahagi ng isang kategorya ng mga iglesya na naniniwala sa parehong mga doktrina at nakikiisa at nakikisama sa kanila. Ayaw niyang maramdaman na ang kanyang sariling kongregasyon ang nag-iisang iglesya sa mundo na nagtataglay ng kanyang partikular na mga paniniwala at mga gawain.

► Maaaring ipaliwanag ng isa o dalawang mag-aaral kung paano sila nakikinabang mula sa pakikisalamuha sa ibang iglesya na katulad ng kanyang iglesya.

Sa Aralin 1, pinag-aralan natin ang sumusunod na pangungusap:

Para sa katatagang pangdoktrina, ang isang lokal na iglesya ay dapat magtaglay ng tatlong bagay:

(1) Isang matinding paniniwala na ang Biblia ang ultimong awtoridad.

(2) Ang mga kinakailangang doktrina ng pangkasaysayang Kristiyanismo.

(3) Pakikisalamuha sa isang samahan ng mga iglesya na may mabuting teolohiya.

Sa araling ito, pag-uusapan natin ang tungkol sa ikatlo sa listahan.

**Isang kahulugan ng isang samahan ng simbahan**

Ang asosasyon ng iglesya ay isang grupo ng mga iglesya na may sentrong pangunguna, magkakatulad sa ilang mga paniniwala, nagtatalaga ng sarili upang tuparin ang mga tiyak na layunin nang sama-sama at nagtataglay ng anyo ng pakiki-isa nang sama-sama.

## Mahihina at Malalakas na Klase ng Asosasyon

Maaaring tawaging "mahina" o "malakas" ang isang asosasyon batay sa lakas ng mga elementong naghahawak nang sama-sama sa asosasyon.

Sa mahihinang asosasyon, ang sentro ng pangunguna ay mayroon lamang napakaliit na awtoridad sa lokal na iglesya; ang listahan ng mga magkakatulad na paniniwala ay maaaring napakaikli at pangunahin lamang; ang magkakatulad na layunin ay maaaring hindi mangailangan ng maraming pakikibahagi mula sa kongregasyon; at ang pagsasama-sama ay hindi madalas na pagpupulong ng mga kinatawan ng mga kongregasyon. Sa mga asosasyong ito, ang bawat pag-aari ng iglesya ay pag-aari ng lokal na kongregasyon; at ang lokal na iglesya ay maaaring lumisan sa asosasyon anumang oras. Ang mga iglesya ay maaaring umalis sa asosasyon kapag ang pakiramdam nito ay hindi na natutugunan ng asosasyon ang pangangailangan ng iglesya.

Ang mga miyembro ng isang mahinang asosasyon ay karaniwang nagbibigay diin sa awtonomiya ng lokal na iglesya. Hindi nila nais pamahalaan ng asosasyon ang lokal na iglesya, kayat maingat nilang nililimitahan ang awtoridad ng asosasyon. Samakatuwid, kapag tinawag na "mahina" ay hindi nangangahulugan na ito ay nabibigo sa kanyang layunin. Ang mga miyembro ng mahinang asosasyon ang nagnanais na maging mahina ang sentrong awtoridad. Ang awtoridad ay desentralisado at tinataglay ng lokal na iglesya.

► Ano sa palagay ninyo ang kabutihan ng "mahinang" asosasyon? Ano ang hindi mabuti tungkol dito?

Sa malalakas na asosasyon, ang sentrong pamumuno ay may awtoridad upang salungatin ang mga lokal na tagapanguna; ang listahan ng mga magkakatulad na paniniwala ay tumatalakay sa maraming mga usapin; ang mga kongregasyon ay inaasahang magkaloob para sa magkakatulad na layunin; at ang mga kongregasyon ay mayroong madalas na pakikipag-ugnayan sa isa't-isa. Ang mga pag-aari ng iglesya ay maaaring pag-aari ng asosasyon. Kapag gayun, ang mga indibidwal na iglesya ay hindi maaaring pumili na umalis sa asosasyon.

> "Ang Iglesya ang may kapangyarihan upang magtalaga ng mga ritwal o mga seremonya, at awtoridad sa mga usapin ng pananampalataya, gayunman labag sa batas para sa Iglesya na magtalaga ng anumang sumasalungat sa nasusulat na Salita ng Diyos…"
>
> \- Mga Artikulo ng Relihiyon ng Iglesya ng Ingglatera

Ang mga miyembro ng malalakas na asosasyon ay may tendensiya na lumapit sa sentrong tagapanguna para sa solusyon ng ilang klase ng suliranin. Binibigyang diin nila ang pagtatalaga ng sarili sa asosasyon gayun din sa pagtatalaga ng sarili sa lokal na iglesya.

Umiiral ang maraming iba't-ibang uri ng asosasyon ng mga iglesya. Ang isang asosasyon ay maaring hindi magtaglay ng lahat ng katangian ng isang mahina o malakas na asosasyon, subali't maaaring ituring na mahina o malakas batay sa kung aling mga katangian ang taglay nito. Ang malalakas na asosasyon ay madalas na tinatawag na "denominasyon".

► Ano sa palagay mo ang mabuti tungkol sa "malalakas" na asosasyon? Ano ang hindi mabuti tungkol sa mga ito?

► Anong mga asosasyon ng iglesya ang alam mo? Paano mo sila ilalarawan?

## Mga Tungkulin ng isang Denominasyon

Ang isang malakas na asosasyon ng iglesya ay maaaring tawaging denominasyon. Hindi iyon nangangahulugan na taglay nito ang lahat ng mga katangian ng isang malakas na asosasyon, sa halip ito ay maaaring ilarawan bilang isang malakas sa halip na isang mahinang samahan.

Ang isang mabuting denominasyon ay umiiral upang maglingkod sa mga lokal na iglesya. Tumutulong ang denominasyon sa mga iglesya upang tuparin nang sama-sama ang mga bagay na hindi kayang gawing mabuti kung nag-iisa ang mga lokal na iglesya.

**(1) Nagbibigay ito ng pakiramdam ng pagkakakilanlan na nagbubukod sa kanya mula sa ibang klase ng mga iglesya.** Alam ng mga miyembro ng lokal na iglesya na sila ay naiiba sa ibang iglesya sa kanilang lugar. Sila ay nahihikayat na malaman na sila ay bahagi ng isang grupo ng mga iglesya na kapareho nila ang mga doktrina.

**(2) Nagtatatag ito ng doktrina.** Hindi dapat magkaroon ang lokal na iglesya ng pakiramdam na malaya niyang baguhin at gumawa ng kanyang doktria nang hindi nakikinig sa kahit sinuman. Dapat panghawakan ng denominasyon ang pangkasaysayan, mahahalagang doktrina ng Kristiyanismo, subali't dapat ring magkaroon ng detalyadong doktrina na pinaniniwalaan nilang ayon sa Kasulatan.

**(3) Nagtatakda ito ng mga kuwalipikasyon para sa mga pastor at miyembro ng iglesya.** Dapat magtakda ang denominasyon ng mga panuntunan upang ang mga pastor at mga miyembro ng mga iglesya ay makapagtakda ng di-nagbabagong halimbawa ng Kristiyano. Ang mga kuwalipikasyon ay dapat batay sa mga binanggit sa 1 Timoteo at Tito 1, subali't dapat gawing malinaw para sa bawat kultura.

**(4) Nagbibigay ito ng sistema para sa pamamahala sa iglesya.** Ang denominasyon ay nagbibigay sa lokal na iglesya ng isang sistema para sa paglalagay ng mga tao sa mga posisyon sa iglesya at sa pagpapanatili ng pananagutan.

**(5) Nagbibigay ito ng paraan para sa pagsasanay ng mga pastor.** Maraming iglesya ng wala namang kagamitan at materyales upang sanayin ang mga pastor sa hinaharap. Ang denominasyon ay dapat buo ng isang programa sa pagsasanay na madaling na-access at praktikal.

**(6) Ginagabayan nito ang pagtatalaga ng mga pastor sa mga iglesya.** Ang mga pastor na walang iglesya at mga iglesya na walang pastor ay maaaring matulungan ng mga tagapanguna sa denominasyon. Igagalang ng mabubuting mga tagapanguna sa denominasyon ang matatapat na lokal na tagapanguna sa lahat ng mga pasiya.

**(7) Nagbibigay ito ng gabay kapag may krisis sa lokal na iglesya.** Kapag nahahati ang isang lokal na iglesya sa isang usapin o kaya'y walang mapagtitiwalaang tagapanguna, dapat tumulong ang mga tagapanguna ng denominasyon.

**(8) Ito ay nakikipagugnay at sumusuporta sa mga gawaing pangmisyon at pagsisimula ng nga iglesya.** Ang isang grupo ng mga iglesya ay dapat magkaisa sa pangitain para sa gawain ng pagmimisyon. Nagsasama-sama sila ng mga resources at sumusuporta sa mga tao upang tuparin ang mga layunin ng pagmimisyon.

> "Ang pag-eebanghelyo sa mundo ay malinaw na misyon ng Kristiyanismo. Subali't upang matupad ang misyong ito, kinakailangan ang iglesya, dahil ang mga ahensiyang instrumento para tuparin ito ay hindi ito magagawa."
> - John Miley, *Systematic Theology*

**(9) Nagbibigay ito ng pakikisama na may mas malawak na sakop kaysa sa lokal na iglesya.** Ang mga miyembro ay hinihikayat na maglaan ng panahon upang makasama ang mga miyembro ng ibang iglesya mula sa denominasyon.

**(10) Nag-oorganisa ito ng mga gawain o kaganapan na nagbubunga ng pagsasama-sama ng mga iglesya.** Ang denominasyon ay dapat mag-organisa ng mga konbensiyon at kumperensiya na nakakatulong upang magsama-sama ang mga iglesya at sama-samang magtakda ng kanilang mga layunin.

**(11) Nagsusugo ito ng mga tagapanguna sa mga iglesya upang magbigay ng kanilang payo at pagpapalakas-loob.** Dapat may miyembro ng pamunuan ng asosasyon na bibisita sa bawat iglesya kahit man lang minsan sa isang taon, o mas mabuti kung mas madalas pa.

**(12) Nagbibigay ito ng payo para sa paglikha ng pinansiyal na katatagan ng lokal na ministeryo.** Dapat bigyang diin ng asosasyon ang potensiyal ng lokal na iglesya at gabayan sila hanggat maging matibay sa pinansiyal.

Kung maayos na naisasagawa ng denominasyon ang mga layuning ito, ito ay magiging mahalagang tulong sa pagtupad ng mga layunin ng iglesya. Magiging imposible para sa karamihan sa mga lokal na iglesya na tuparin ang lahat ng nasasaad na tungkulin nang nag-iisa. Dapat tandaan ng mga tagapanguna sa denominasyon na ang denominasyon ay umiiral upang maglingkod sa mga lokal na iglesya.

► Ngayon na nakita na natin kung ano ang magagawa ng mga denominasyon para sa kanilang mga iglesya, pag-isipan natin ang katanungang ito: Paano makukuha ng isang iglesya ang mga benepisyo ng isang mahinang asosasyon habang iniiwasan ang mga suliraning karaniwang kasama nito?

► Paano makukuhang isang iglesya ang mga benepisyo ng isang malakas na asosasyon habang iniiwasan ang mga suliraning karaniwang kasama nito?

## Ang Tapat na mga Pangako ng Lokal na Iglesya sa Denominasyon

Ang listahang ito ay hindi eksaktong magiging magkakatulad sa lahat ng denominasyon, subali't ito ay isang pangkalahatang paglalarawan kung ano ang karaniwang hinihingi ng mga denominasyon sa mga kasaping iglesya.

Itinatalaga ng lokal na iglesya na gagawin ang mga sumusunod:

(1) Tanggapin ang pahayag ng doktrina ng denominasyon, ituro ang mga doktrina, at huwag hayaan ang mga kasalungat na mga doktrina na maituro sa iglesya.

(2) Turuan at tagubilinan ang mga miyembro na mamuhay ng matuwid na buhay Kristiyano.

(3) Makibahagi sa mga kombensiyon at iba pang gawain, at suportahan ang mga gastusin sa abot ng kanilang makakaya.

(4) Magbigay ng tapat na taunang ulat ng mga dumalo, mga nagbalik-loob, mga manggagawa, at mga kinikita.

(5) Panatilihin ang pakikipag-kaisa sa ibang kongregasyon ng denominasyon at mga tagapanguna at harapin ang mga di-pagkakasundo sa biblikal na paraan.

(6) Hindi makikibahagi sa iba pang organisasyon na humihingi ng katulad na pagtatalaga ng sarili.

*Kapag ang mga mag-aaral ay mula sa isang iglesya na kabilang sa isang asosasyon, mag-ukol ng ilang minuto upang tingnan ang mga hinihingi ng asosasyon.*

► Ang asosasyon ba ng inyong iglesya ay sinimulan ng isang pandaigdigang asosasyon sa pagmimisyon? Kung gayun, ilarawan ang relasyon ng mga iglesya at ng organisasyong pangmisyon.

## Ang Relasyon sa Pagitan ng Isang Misyon at ng Asosasyon ng Iglesyang Ito

Kung minsan ang mga iglesya ay may relasyon sa isang pandaigdigang organisasyon sa pagmimisyon. Ang misyon ay maaaring magsimula ng mga iglesya, o ang mga umiiral nang mga iglesya ay maaaring makipag-ugnay sa misyon. Ang mga iglesyang kaugnay sa isang misyon ay bumubuo ng asosasyon.

Sa simula, ang mga dayuhang misyonero ay maaaring manirahan sa bansa at maging mga tagapanguna sa asosasyon. Sa paglipas ng panahon, nabubuo ang mga pamunuan mula sa nasyonal na mga pastor. Ang isang misyon ay dapat magtakda ng layunin ng pagtatatag ng mga tagapanguna upang hindi magpatuloy ang direktang pamumuno ng mga dayuhang misyonero sa iglesya.

Kapag naitatag na ang pambansang pamunuan ng asosasyon, mayroong tatlong level sa organisasyon: pamunuan ng pagmimisyon, pamunuan ng asosasyon, at mga pastor ng lokal na iglesya. Ang pamunuan ng asosasyon ay direktang gumagawa kasama ng mga pastor. Ang pamunuan ng pagmimisyon karaniwang gumagawa kasama ng tagapanguna sa asosasyon.

May mga misyon na nagbibigay ng malakas na sentrong pamumuno na bumubuo ng malakas na asosasyon ng mga iglesya. Ang ibang misyon ay nagbibigay ng tulong sa isang mahinang asosasyon ng mga iglesya at hindi nagpapataw ng anumang awtoridad sa mga ito.

Kapag ang kaugnayan sa tatlong mga lebel ay hindi naipaliwanag nang malinaw maaaring magkaroon ng hindi pagkakaunawaan. Kung minsan ang mga tao sa iglesya ay nakikipag-ugnayan sa pamunuan ng pagmimisyon tungkol sa kanilang mga pangangailangan sa halip na sa pamunuan ng asosasyon dahil iniisip nila na ang misyon ay mas mapagbigay mula sa kanilang mga resources. Kung minsan, direktang nagtatrabaho ang pamunuan sa pagmimisyon sa mga iglesya, at nilalampasan ang pamunuan ng asosasyon. Nakalilito ito sa mga tagapanguna sa asosasyon dahil nagiging malabo ang kanilang tungkulin. Sa isang seksiyon sa unahan, inilista natin ang mga tungkulin ng isang denominasyon. Sa isang asosasyon ng mga iglesya na sinimulan ng isang misyon, ang mga tungkulin ay tinutupad ng pamunuan ng asosasyon, at ng pamunuan ng misyon, na magkasama sa paggawa.

Sa paglipas ng panahon, ang mga tagapanguna sa asosasyon ay dapat unti-unting kunin ang mas marami pang tungkulin. Ang ideyal na kundisyon ng isang maygulang na asosasyon ay kapag maaari na siyang tumupad ng mga tungkulin kahit wala na itong tulong na nagmumula sa isang misyon.

## Pitong Nagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang isang asosasyon ay tumutulong sa katatagan ng isang lokal na iglesya.

(2) Ang mga asosasyon ay maaaring tawaging "mahina" o "malakas" batay sa kung gaano kahalaga ang sentrong pamunuan nito.

(3) Ang mga miyembro ng isang "mahinang" asosasyon ay nagbibigay-diin sa awtonomiya ng lokal na iglesya.

(4) Ang mga miyembro ng isang "malakas" na asosasyon ay nagbibigay ng diin sa commitment sa asosasyon kasama na dito ang commitment sa lokal na iglesya.

(5) Ang isang iglesya ay hindi maaaring makasama sa isang denominasyon at gayundin sa isang ibang asosasyon na humihingi ng malakas na pagtatalaga ng sarili.

(6) Umiiral ang isang denominasyon upang tumulong sa mga iglesya na tuparin ang kanilang layunin sa pamamagitan ng kooperasyon .

(7) Ang isang pandaigdigang misyon ay dapat unti-unting ilipat sa pamunuan ng asosasyon ang mga tungkulin.

## Aralin 4 Mga Takdang -aralin

Bago ang susunod na sesyon sa klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng isang talata tungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (may kabuuang pitong mga talata). Dapat ipaliwanag sa talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat isulat ito ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa isang taong hindi kabilang sa klase. Dapat ibigay ang isinulat sa tagapanguna sa klase.

Pagsusulit: Sa simula ng susunod na sesyon sa klase, dapat isulat ng mga mag-aaral mula sa kanilang pagkakasaulo,ang kahit 10 tungkulin ng isang denominasyon at kahit limang tapat na mgapangako ng isang lokal na iglesya sa kanyang denominasyon.

Paalala: dapat iplano ng mag-aaral na ituro ang isang bagay mula sa kursong ito sa mga taong hindi kabilang sa klase, tatlong magkakaibang pagkakataon.

# Aralin 5
# Pagiging Miyembro ng Iglesya

## Panimula

► Maaari bang ang isang tao ay maging Kristiyano at ipamuhay ang buhay-Kristiyano nang walang sambahan?

> "Ang mga unang mananampalataya ay nagmahal sa Iglesya dahil mahal nila si Jesus"
> - Larry Smith, in *I Believe: Fundamentals of the Christian Faith*

Maraming mabubuting dahilan ang mga tao upang dumalo sa sambahan. Ang isang tao ay maaaring pumunta sa sambahan upang matuto, upang maramdaman ang presensiya ng Diyos, upang maramdaman ang pagtanggap at pakikipagkaibigan, upang mapalakas ang loob, upang magbago, upang sumamba sa Diyos kasama ng iba, upang ipakita ang pagtatalaga ng sarili sa Diyos at sa mga tao, upang tumulong sa mga ministeryo ng iglesya, at upang tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos.

Kung ang isang tao ay hindi dumadalo sa sambahan, ang mga bagay sa listahan sa itaas ay hindi mahalaga para sa kanya para dumalo. Anong klaseng tao ang hindi magpapahalaga sa mga bagay na iyon? Ang simpleng pagdalo ay hindi nagpapatunay na ang isang tao ay Kristiyano, subali't kung ang sinuman ay hindi dumadalo sa sambahan, mas malamang na hindi siya Kristiyano.

► Bakit mahalaga ang pagiging miyembro ng isang iglesya? Hindi ba sapat na dumadalo lamang sa sambahan at maging isang Kristiyano?

## Ang Pagiging Miyembro ng Isang Iglesya ay Pagtatalaga ng Sarili sa Plano ng Diyos

Sa isang naunang aralin, nakita natin na ang isang pangunahing bagay sa ministeryo ni Pablo ay ang pagpapaliwanag tungkol sa iglesya. Binigyang diin niya ang iglesya dahil ang iglesya ang paraan ng Diyos ng pagpapatupad sa plano ng kaligtasan sa buong mundo.

Si Apostol Pablo ay tinawag

> "upang makita ng lahat ng tao kung paano isasagawa ng Diyos ang kanyang lihim na plano, na mula pa sa simula ng mundo ay inilihim na ito ng Diyos. . .na may layuning. . .upang sa pamamagitan ng iglesya ay maipakilala ang walang hanggang karunungan ng Diyos. . ." (Efeso 3:9-10).

Ang "misteryo" ay plano ng Diyos upang ihayag ang kanyang kalubusan at ipakilala ang kanyang karunungan sa iglesya. Ang iglesya ang pagsasama-sama ng mga tao na tumugon

sa plano ng Diyos at nagtalaga ng kanilang sarili para dito. Kung hindi itatalaga ng isang tao ang kanyang sarili sa iglesya, hindi siya nagtatalaga ng sarili sa plano ng Diyos.

► Ano ang ilan sa mga dahilan ng mga tao sa pagtangging magtalaga ng kanilang sarili sa pagiging miyembro ng iglesya?

## Ang Tunay na Tahanan ng Diyos

Nananahan ang Diyos sa kalooban ng bawat mananampalataya, subali't nakatira rin siya sa iglesya (ang grupo ng mga mananampalatayang nagtalaga ng sarili) sa espesyal na paraan. Tingnan kung saan sa mga talatang ito binabanggit na naninirahan ang Diyos:

> "Sa pamamagitan niya [Kristo Hesus] ang bawat bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang templo na nakatalaga sa Panginoon: Dahil din sa inyong pakikipag-isa sa kanya, kayo man ay sama-samang itinatayo bilang tahanan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu." (Efeso 2:21-22).

Ang iglesya, ang grupo ng mga mananampalataya, ay ang tahanan kung saan naninirahan ang Diyos sa pamamagitan ng Espiritu.[2] Ang paninirahan ng Diyos sa iglesya ay para sa mga layuning higit pa sa maaaring matupad ng mga indibidwal. Kapag tumatanggi ang isang tao na magtalaga ng kanyang sarili sa iglesya, tumatanggi siyang maging bahagi ng planong ito ng Diyos.

## Ang Pamilya ng Diyos

Nalalaman ng isang tao ang kanyang espirituwal na katayuan kapag siya'y namulat sa kanyang kasalanan, kapag naranasan niya ang pag-ibig, biyaya at pagtanggap ng Diyos. Kapag siya'y nagsisisi at inilalagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo, siya'y nagiging anak ng Diyos. Ito ang pinakamahalagang pagkakakilanlan na maaaring taglayin ng isang tao.

Ang mananampalataya ay mayroon ding espirituwal na pagkakakilanla bilang miyembro ng pamilya ng Diyos. (Efeso 2:19). Ang ibang mananampalataya ay ang kanyang mga espirituwal na kapatid. Nakararamdam siya ng pagiging kaanak sa sinumang tunay na Kristiyano na kanyang nakakaharap.

Ang iglesya ay umiiral bilang ang unibersal na pamilya ng Diyos at gayundin bilang lokal na kongregasyon na kumikilos bilang ang lokal na pamilya ng Diyos. Kapag may pangangailangan ang isang kapatid, ang kanyang lokal na espirituwal na pamilya ang siyang tumutulong sa kanya. Kung paanong ang isang mananampalataya ay makaaasa na ang kanyang espirituwal na pamilya ay handang tumulong sa kanya, dapat din niyang italaga ang kanyang sarili sa pamilya at maging handa sa pagtulong sa kapwa. Ang tulong mula sa

[2] Sa 1 Corinto 6:19, ang indibidwal na katawan ng mananampalataya ay tinawag na templo ng Banal na Espiritu; kaya't hindi mali na isipin ang bawat indibidwal bilang tahanan ng Diyos. Sa ibang bahagi ng parehong liham, ang lokal na katawan ay tinukoy nang sama-sama bilang ang templo ng Diyos. (3:16-17).

pamilya ay hindi iiral kung walang mananampalataya na nag-ukol ng panahon at mga resources para dito.

May mga taong humihingi ng tulong subali’t kahit kailan ay hindi makikita upang tumulong sa iba. Hindi nila nauunawaan ang kahulugan ng pagtatalaga ng sarili para sa pamilya.

Ang ibang tao ay nangangalaga sa kanilang sarili at inaasahan na gayun din ang gagawin ng iba. Hindi nila nauunawaan ang kanilang responsibilidad para sa pangangailangan ng iba.

► Paano mo ipapaliwanag sa isang tao na kinakailangan niyang italaga ang kanyang sarili sa pamilya ng Diyos?

## Ang Pagkakamali ng Indibidwalismo

Sa kanyang sarili, ang isang tao ay dapat maniwala sa katotohanan ng Diyos at sa kanyang sarili ay piliing sundin ang Diyos. Ang relasyon ng tao sa Diyos ay nagsisimula kapag siya’y nagsisisi at inilalagak ang kanyang pananampalataya kay Kristo. Ang kanyang relasyon sa Diyos ay hindi nakadepende sa ibang tao. Ang bawat mananampalataya ay nagtataglay ng Banal na Espiritu upang gumabay sa kanya sa pag-unawa sa Salita ng Diyos.

Gayunman, maraming Kristiyano ang naging labis na indipendiyente sa kanilang saloobin. Ang kanilang sariling pagkaunawa ang nagiging kanilang pangwakas na awtoridad. Pinagtitiwalaan lamang nila ang kanilang sariling pagpapakahulugan sa Kasulatan. Hinahanap nila ang indibidwal na layunin para sa kanilang buhay na nagbibigay karangalan sa kanilang sariling mga kaloob, sa halip na hanapin ang katuparan sa paggamit ng mga kaloob na iyon para sa katawan. Ang kanilang mahahalagang pagpapasya ay batay sa kanilang sariling mga opinyon, kanilang sariling mga damdamin, at kanilang sariling mga kagustuhan, at hindi ginagabayan ng karunungan ng iglesya.

Maraming tao ang hindi maipaliwanag ang layunin ng iglesya. Maraming tao ang hindi maipaliwanag ang layunin ng simbahan. Nakita nila ito na mahalaga lamang upang magbigay ng ilang mga benepisyo sa mga indibidwal. Hindi nila ito ipinagpapalagay tulad ng isang pamilya. Hindi nila tinatanggap ang anumang espiritwal na awtoridad. Mabilis silang umalis sa isang simbahan at naghahanap ng iba kung may problema. Ang problemang ito ay umiiral kahit saan, ngunit ang mga tao sa ilang kultura ay may higit na pagkahilig upang subukang maging independyente sa espirituwal dahil binibigyang diin ng kanilang kultura ang kalayaan ng indibidwal.

Maraming mga simbahan ang nag-aakala na ang mga tao ay malaya sa espirituwal. Ang mga sermon ay nagbibigay ng mga tagubilin sa kung paano ang mga indibidwal ay maaaring gumawa ng mga personal na pagpapasya upang makuha ang pinakamahusay na mga resulta. Maraming mga simbahan ang pinamunuan ng isang pangkat ng mga tao na naglalagay ng isang programa, at ang kongregasyon ay ang kanilang ng mga tagapanood. Ang isa pang uri ng simbahan ay ang personal na negosyo ng pastor, at sinisikap niyang

magbigay ng sapat na benepisyo upang mapanatili ang mga tao at mangolekta ng kanilang pinansyal na suporta.

Ang larawan ng simbahan sa Bagong Tipan ay isang lokal na kongregasyon na magkakabahagi sa responsibilidad. Imposibleng matupad ng isang simbahan ang mga responsibilidad nito maliban bilang isang kongregasyon ng nagtatalaga sa sarili at nagtutulungang mga tao. Karamihan sa mga sulat ng Bagong Tipan ay hindi tumutukoy sa mga indibidwal, ngunit sa mga iglesya, at dapat bigyang kahulugan at mailapat sa gayung paraan.

### Ang Ilang mga Layunin ng Lokal na Iglesya na Natagpuan sa Bagong Tipan

► Para sa bawat aytem ng listahan, pag-usapan kung paano maibabahgi ng isang kongregasyon ang responsibilidad na ito at gawin itong mas mahusay kaysa sa isang tao.

(1) Mag-ebanghelyo (Mateo 28:18-20).

(2) Sumamba bilang isang kongregasyon (1 Corinto 3:16).

(3) Panatilihin ang doktrina (1 Timoteo 3:15, Judas 3).

(4) Suportahan ang mga pastor sa pananalapi (1 Timoteo 5:17-18).

(5) Magpadala at suportahan ang mga misyonero (Mga Gawa 13:2-4, Roma 15:24).

(6) Tulungan ang mga miyembrong nangangailangan (1 Timoteo 5:3).

(7) Disiplinahin ang mga miyembrong nahuhulog sa kasalanan (1 Corinto 5:9-13).

(8) Magsagawa ng bautismo at ng Hapunan ng Panginoon (Mateo 28:19, 1 Corinto 11:23-26).

(9) Turuan ang mga mananampalataya hanggang sila ay lumago (Efeso 4:12-13).

Karamihan sa mga bagay na ito ay hindi maaaring gawin ng isang tao na kumikilos nang nag-iisa. Nakasalalay sila sa kooperasyon ng pangkat ng mga mananampalataya at isang istraktura ng pamumuno.

Tinatawag ng Diyos ang bawat mananampalataya na magtalaga ng sarili sa isang lokal na iglesya at tulungan ang iglesyang iyon na tuparin ang layunin nito sa mundo. Maliban kung ang isang miyembro ay naglilingkod sa iglesya, hindi niya tinutupad ang kanyang layunin bilang isang miyembro ng katawan ni Kristo.

> "Tungkulin ng bawat Kristiyano, hindi lamang ang hayagang pagpapahayag ng kanyang pananampalataya kay Kristo, gayundin makisama sa katawan ng mga mananampalataya sa kanyang pamayanan, at angkinin sa kanyang sarili ang mga tungkulin ng pagiging kasapi ng isang iglesya."
> - Wiley & Culbertson, *Introduction to Christian Theology*

May plano ang Diyos para sa isang lokal na katawan ng mga mananampalataya. Ibinibigay Niya ang kinakailangan nito at nangangailangan naman ang pagtatalaga ng sarili mula sa mga miyembro.

## Ang Metapora ng Katawan

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 12:12-27 para sa grupo.

Sinabi ni Paul na ang mga miyembro ng simbahan ay dapat magtulungan tulad ng mga bahagi ng pisikal na katawan. Ang isang bahagi ay hindi dapat subukang maging independiyente sa iba. Walang gaanong magagawa ang isang bahagi kung wala ang iba.

Dapat mapagtanto ng isang Kristiyano na ang kanyang mga kakayahan ay nakatatagpo ng kanilang halaga sa buhay ng iglesya. Kung paanong ang isang mata o tainga ay walang silbi maliban kung gumana ito para sa katawan, ang isang tao ay hindi malamang na makahanap ng mahalagang layunin sa kalooban ng Diyos maliban kung siya ay gumana bilang isang miyembrong nakalaan ang sarili sa iglesya.

## Mga Proseso ng Pagiging Miyembro

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mga Gawa 2:46-47 para sa grupo.

"At araw-araw idinadagdag ng Panginoon sa kanila ang mga inililigtas." Ang pagsali sa simbahan ay hindi isang kumplikadong bagay sa mga unang araw ng iglesya. Ang patotoo ng pagbabalik-loob at pananampalataya ang batayan ng pagiging kasapi. Kahit na walang pormal na proseso ng pagiging kasapi o isang listahan ng mga panuntunan sa pagiging kasapi, madaling makita kung sino ang nasa iglesya.

Kadalasan nagsisimula ang isang iglesya nang walang pormal na pagiging kasapi. Sa simula ang iglesya ay binubuo ng pangkat na nagmiministeryo. Pagkatapos, idinadagdag ang mga lokal na tao na tumugon sa ministeryo at naging kabahagi sa gawain. Ang grupo ay madalas na nagkikita-kita para sa mga talakayan tungkol sa mga praktikal na bagay, espirituwal na mga isyu, pangitain para sa hinaharap, at mga aspeto ng pagbabahagi ng buhay nang magkakasama. Walang listahan ng pagiging kasapi, ngunit alam ng lahat kung sino ang mga taong naglaan na ng kanilang sarili.

Habang lumalaki ang simbahan, ang mga tanong ay lumilitaw. Maraming tao ang bumibisita sa simbahan at nakikilahok sa mga aktibidad; ngunit sino ang mga tao ng simbahan? Ang isang simbahan ay dapat na maging saksi, ngunit paano ito magiging isang saksi kung ang komunidad ay hindi alam kung sino ang mga tao sa simbahan? Tinuturuan natin ang kongregasyon na maglaan ng sarili sa pagtulong sa iba na nasa katawan, ngunit paano nila malalaman kung sino ang mga iyon? Kung ang isang tao ay tumangging tumugon sa pagwawasto at namumuhay sa lantad na kasalanan, paano siya maibubukod sa pangunahing pangkat ng mga mananampalataya na nangangakong mamuhay nang matapat?

Maraming mga modernong iglesya ang may malawak na mga kinakailangan sa pagiging kasapi. Mayroon silang pahayag ng doktrina, mga patakaran para sa pamumuhay ng miyembro, at isang panahon ng pagsubok. Hindi madali para sa isang bagong nagbalik-loob na mabilis na maging isang miyembro ng ganitong mga iglesya.

Ang isang bagong nagbalik-loob ay kailangang tanggapin sa pagsasama ng iglesya kaagad. Kailangan niyang maging bahagi ng grupo ng mga mananampalataya na naglaan ng sarili para sa isa't-isa. Nawawala sa kanya ang mga kaibigan na hindi Kristiyano kapag siya ay nagbalik-loob, at kailangan niya ang pakikisamang Kristiyano.

Kailangan din ng bagong nagbalik-loob ang pagiging alagad na nagmumula sa malapit na pakikisama sa ibang mga Kristiyano. Siya ay huhubugin ng mga pinahahalagahan ng mga nagbabahagi sa kanilang buhay sa kanya.

Paano kung ang isang nagbalik-loob ay hindi maaaring sumapi sa iglesya dahil sa mataas na mga hinihingi ng pagiging miyembro na hindi naman niya maunawaan? Kung hindi siya natatanggap sa pagiging miyembro, nararamdaman niya na hindi siya tinanggap sa iglesya. Kailangan niya ng ilang uri ng pagiging kasapi kaagad. Mabilis na nagawa ng unang iglesya na ang mga nagbalik-loob ay nakibahagi bilang mga miyembro.

Kung mahusay at mabilis na ibinibilang na miyembro ng isang iglesya ang mga nagbalik-loob, ang listahan ng kasapi ng iglesya ay magkakaroon ng kasamang mga taong hindi pa matitibay na Kristiyano. Hindi pa nauunawaan ng mga bagong nagbalik-loob ang lahat ng mahahalagang doktrina ng iglesya. Hindi pa sila nakapagtatatag ng isang mature na pamumuhay na Kristiyano. Samakatuwid, hindi sila dapat maging responsable sa paggawa ng mga desisyon para sa iglesya. Sapagkat ang pagiging kasapi ng simbahan ay may kasamang mga taong hindi mature na mga Kristiyano, ang pangkalahatang kalipunan ng kasapi ng iglesya ay hindi dapat gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa direksyon ng simbahan.

Sa loob ng pangkalahatang listahan ng mga kasapi ay dapat na mga miyembro na bumubuo ng isang grupong tagapamahala. Ang grupong tagapamahala ng iglesya ay dapat na binubuo ng mga may-gulang na Kristiyano na nakauunawa ng mga doktrina at pamumuhay na itinuro ng iglesya. Ito ang pangkat na nagpapasya para sa iglesya. Ang pagiging kasapi Sa loob ng pangkalahatang listahan ng mga kasapi ay dapat na mga miyembro na bumubuo ng isang grupong tagapamahala.  Ang grupong tagapamahala ng iglesya ay dapat na binubuo ng mga may-gulang na Kristiyano na nakauunawa ng mga doktrina at pamumuhay na itinuro ng iglesya. Ito ang pangkat na nagpapasya para sa iglesya. Ang pagiging kasapi sa pangkat na ito ay dapat magkaroon ng mas mataas na mga kinakailangan kaysa sa pangkalahatang pagiging kasapi ng simbahan. Ang mga tao mula sa pangkat na ito ay maaaring maglingkod bilang mga guro at pinuno sa simbahan. Tinitiyak ng grupong tagapamahala na ang iglesya ay nananatiling tapat sa doktrina at layunin nito.

Tumatanggap ang pangkalahatang pagiging miyembro ng mga tunay na nagbalik-loob na nagtalaga ng sarili para sa iglesya. Ang mga kinakailangan para sa pangkalahatang pagiging

kasapi ay ang mga pangunahing kaalaman sa Kristiyanismo at pagtatalaga ng sarili sa partikular na iglesya. Ang isang nagbalik-loob ay maaaring tanggapin nang mabilis sa pangkalahatang pagiging kasapi kung siya ay tila tunay na nagbalik-loob. Ang isang nagbalik-loob ay Natatanggap ng isang nagbalik-loob ang pakikisama at pakikilahok sa iglesya na kailangan niya kaagad. Tinatawag ng ilang mga iglesya ang pangkalahatang pagiging kasapi bilang "ang Pagsasama."

► Bakit kailangan ng bagong miyembro na maging aktibo agad sa iglesya?

► Sa sistema ng pagiging kasapi na inilarawan sa bahaging ito, ano ang Fellowship, at anong uri ng tao ang isang miyembro?

► Sa sistema ng pagiging kasapi na inilarawan sa bahaging ito, ano ang Governing Body, at anong uri ng tao ang isang miyembro?

*Ang Fellowship at Governing Body* ay isang sistema ng pagiging kasapi. Sa kahon sa ibaba, inilalarawan ang dalawang iba pang mga sistema para sa pagiging kasapi.

**Sapian ng Ganap na mga Kristiyano**

Ang isang konsepto ng pagiging kasapi ay nangangailangan na ang mga miyembro na maging maayos sa doktrina at sapat na ang gulang upang mapagkatiwalaang bumoto sa mga pagpapasya sa iglesya. Ang pangkat na ito ang pipili sa mga tao para sa mga posisyon ng serbisyo, kabilang ang pastor. Maaari silang bumoto sa mga desisyon sa negosyo o pumili ng isang pangkat ng mga kinatawan na gumagawa ng mga pagpapasyang iyon.

Dahil kinokontrol ng pagiging kasapi ang pamamahala ng iglesya, ang isang bagong nagbalik-loob ay maaaring hindi mabilis na tanggapin sa pagiging kasapi. Mas konserbatibo at mas maingat ang iglesya, mas mahaba ang listahan ng mga kinakailangan upang maging kasapi at mas mahaba ang panahon sa pagitan ng pagbabalik-loob at ng pagiging kasapi. Itinatakda ng iglesya ang mga kinakailangan sa pagiging kasapi at isinasama ang lahat ng kinakailangan upang masabi na may gulang na siya sa pagiging Kristiyano, sa halip na ang pangunahing paglalarawan sa isang bagong nagbalik-loob.

Itinatakda ng iglesya ang mga kinakailangan sa pagiging kasapi at kabilang dito ang lahat ng dapat katangian ng isang may gulang na Kristiyano, sa halip na ang karaniwang paglalarawan sa isang nagbalik-loob. Ang isang nagbalik-loob ay maaaring lumahok sa buhay ng simbahan ng maraming taon nang hindi nagiging kwalipikadong maging isang miyembro. Ang ilang mga nagbalik-loob ay maaaring umalis dahil hindi sila maaaring maging mga miyembro.

**Pagiging Miyembro ng Kongregasyon**

Sa ilang mga simbahan, ang mga karaniwang dumadalo ay itinuturing na mga miyembro. May iba pang awtoridad na nagpapasya tungkol sa negosyo sa simbahan, ngunit ang sinumang pumapasok sa simbahan ay itinuturing na isang miyembro. Maaaring sabihin ng

iglesya na wala silang listahan ng mga miyembro. Gayunpaman, kahit sa isang simbahan na nagsasabing walang listahan ng mga miyembro, mayroong isang hindi nakasulat na sistema ng pagtukoy kung sino ang kabilang sa kanila at kung sino ang hindi.

Sa isang simbahan na ang pagiging miyembro ng samahan ay ayon sa kongregasyon, ang kontrol ng simbahan ay maaaring nasa kamay ng isang pastor o mga pinuno ng mga maimpluwensyang pamilya.

Kung pagiging miyembro ng kongregasyon ang pangwakas na awtoridad sa isang batang iglesya, walang paraan upang mahulaan kung ano ito pagkalipas ng ilang taon.

Kung ang isang mas matandang simbahan, na batay ang pagiging miyembro sa kongregasyon ay may katatagan, marahil ay kinontrol ito ng isang pangkat ng pamilya o ng isang malakas at pangmatagalang pastor. Mahirap para sa kanila na ipaliwanag ang mga patakaran para sa paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ngunit pinagkakatiwalaan nila ang mga may kontrol. Ang mga nakasulat na patakaran ay maaaring hindi umiiral o maaaring hindi pinapansin. Kapag pinalitan ang pastor o iba pang mga pinuno, ang simbahan ay maaaring dumaan sa malaking pagbabago.

► Anong mga kabutihan at kawalan ang nakikita mo sa dalawang mga sistema ng pagiging kasapi na inilarawan sa itaas?

### Mga halimbawa upang isaalang -alang

*Sa ibaba (pagkatapos ng "Pitong Pagbubuod Na Mga Pangungusap") ay isang halimbawa ng pagiging kasapi sa Samahan at Katawan ng mga Namamahala, na ginagamit ng isang iglesya sa Indianapolis, Indiana, sa Estados Unidos. Pagkatapos nito ay isang halimbawa ng tipan sa iglesya na ginamit para maging kasapi sa Philippine Bible Methodist Church.*

*Dapat tingnan ng klase ang dalawang halimbawa na ibinigay. Talakayin kung paano ihahambing ang dalawang paglalarawan sa pagiging kasapi ng iglesya sa mga iglesyang alam mo.*

*Matapos tingnan ang dalawang halimbawa ng mga plano sa pagiging kasapi sa pagtatapos ng araling ito, bumalik sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" sa ibaba.*

## ISANG HALIMBAWA NG PLANO NG PAGSASAMA-SAMA NG IGLESYA

### Ang Victory Chapel Fellowship

Ang publiko ay inaanyayahan na dumalo sa karamihan sa mga gawain ng Victory Chapel, kabilang dito ang mga gawaing pagsamba, mga pagpupulong ng kongregasyon sa mga tahanan, at mga pag-aaral ng Biblia. Ang lahat ay maaaring makilahok sa pagsamba, pagbabahagi ng pangangailangan, panalangin, mga pagsasalo-salo ng kongregasyon, maayos na mga pagtatalakayan at mga hindi pormal na pagsasama-sama. Gayunman, ipinahihiwatig ng Bagong Tipan na ang isang grupo ng mga tao na bumubuo sa isang iglesyang lokal ay dapat maaaring tukuyin. Dapat nalalaman ng publiko kung sino-sino ang kabilang sa isang iglesya.

Kung walang matutukoy na isang tiyak na grupo, imposible na ang iglesya ay magkaroon ng malinaw na patotoo sa harap ng mundo, makibahagi sa tunay na pagsasamang Kristiyano na nakabatay sa pagkakaisang Kristiyano na higit pa sa pagkakaibigan, nagsasagawa ng biblikal na pagdisiplina sa iglesya, at sama-samang pasanin ang responsibilidad para sa ministeryo ng iglesya. Samakatuwid, ang responsibilidad para sa mga ministeryo ng Victory Chapel ay nakasalalay sa isang grupo sa loob ng kongregasyon na tinatawag ng "Fellowship".

### Mga Batayan na Tinutugunan ng mga Kasama sa Fellowship

Kinikilala namin na mayroon pang maraming ibang tiyak na bagay na tanda ng paglagong espirituwal, subali't ang sumusunod na listahan ay nagbibigay ng pangunahin na tila kinakailangan para sa pagkakaisa at tunay na pagsasamahang Kristiyano.

**(1) Buhay Espirituwal**

Nagpapakita ng ebidensiya ng pagbabalik-loob, pagnanais na espirituwal at pagtatalaga ng sarili upang lumakad sa masunuring pakikipag-ugnayan sa Diyos.

**(2) Moralidad na Ayon sa Biblia**

Hindi nagsasagawa ng imoralidad na seksuwal, illegal na paggamit ng droga, sigarilyo at mga inuming nakalalasing.

**(3) Pagtatalaga ng Sarili sa Iglesya**

Matapat na dumadalo sa lahat ng mga gawain ng iglesya malibang nahahadlangan dahil sa kalusugan, ibang ministeryo o pagpasok sa isang klase ng trabaho na hindi maaaring itigil kahit Linggo.

Nagbibigay ng ikapung kaloob para sa iglesya.

**(4) Pagkakaisa sa Doktrina**

Kinakailangan ang pagkakaisa at pag-unawa sa pagpapahayag ng pananampalataya sa Victory Chapel. Ibabahagi ng pastor ang talakayan at pagtuturo sa bawat kandidato.

**(5) Mga Praktikal na Pag-uugali**

Pinananatili ang katapatan sa lahat ng relasyon at katapatan sa lahat ng pagtatalaga ng sarili. Pinananatili ang ugaling naaayon sa pag-ibig at loyalty sa lahat ng nasa samahan.

**Mga Polisiya**

Nalalaman namin na mayroong mga bagong miyembro na hindi na magpapatuloy, subali't pinipili natin na huwag magkaroon ng panahon ng pagsusubok*,* dahil ang mga bagong nagbalik-loob ay nangangailangan ng agad na pakikisangkot sa mga gawain sa iglesya.

Susuriin ng grupong tagapangasiwa ang isang pangalang iminumungkahing isama sa Fellowship matapos na ang kandidato ay makapanayam ng pastor.

Ang isang nagbalik-loob na tinanggap sa Fellowship ay itatakda sa bautismo maliban siya ay nabautismuhan na noong ibang panahon.

Kapag ang isang mananampalataya na kabilang sa fellowship ay natagpuang lumalabag sa mga kinakailangan, ang grupong tagapangasiwa ay maaaring alisin ang mananampalataya mula sa fellowship o hayaan siyang magkaroon ng isang panahon ng *pagsusubok* at accountability, at pagkatapos nito ay pagpapasyahan ang kanyang kalagayan.

## HALIMBAWA NG ISANG TIPAN SA PAGIGING MIYEMBRO NG ISANG IGLESYA

**Philippine Bible Methodist Church**

"Bilang tinanggap ko na si Hesus Kristo bilang aking Tagapagligtas at Panginoon, sumasampalataya sa kanyang kamatayan, ang pagkabuhos ng kanyang dugo at ang kanyang muling pagkabuhay bilang ang kumpletong gawain para sa aking kaligtasan, nakikipagkaisa ako ngayon sa unibersal na katawan ni Kristo. Subali't kung paanong ang katawan ay mayroong iba't-ibang bahagi, gayun din ang katawan ni Kristo. Sa pamamagitan ng sinserong panalangin, nararamdaman kong ako'y inaakay ng Banal na Espiritu upang makipagkaisa sa pamilya ng Philippine Bible Methodist Church – sa samahang nito, sa pananampalataya, at mga espirituwal na disiplina ayon sa patuloy na pagbibigay kakayahan sa akin ng Diyos. Sa paggawa nito, itinatalaga ko ang aking sarili sa Diyos at sa ibang miyembro na gagawin ang mga sumusunod:

**Una, upang protektahan ang pagkakaisa ng aking iglesya.**

- Sa pagkilos ng may pag-ibig sa ibang miyembro (I Ped.1:22)
- Sa pagtangging magtsismis o lumaban nang nakatalikod (Efe.4:29)
- Sa pagsunod sa kanyang mga itinalagang mga tagapanguna (Heb.13:17)

- Sa pagkakaroon ng malasakit sa kapatiran na nagkamali at nawala sa biyaya ng Diyos (Gal.6:1-2)

**Ikalawa, upang makibahagi sa mga responsibilidad ng aking Iglesya**

- Sa pananalangin para sa paglago nito (I Tes.1:1-2)
- Sa pamamagitan ng pag-aanyaya sa wala pang iglesya upang dumalo (Lucas 14:23)
- Sa pamamagitan ng mainit na pagtanggap sa bisita (Rom.15:7)
- Sa pamamagitan ng pagpapakilala kay Kristo sa mga tao (Mga Gawa 8:33-35)

**Ikatlo, upang magsilbi sa mga ministeryo ng aking Iglesya**

- Sa pagtuklas ng mga espirituwal na kaloob (I Ped.4:10)
- Sa pagkakaroon ng kasanayan upang maglingkod kasama ng mga pastor (Efe. 4:11-12)
- Sa pagkakaroon ng puso ng isang lingkod sa pagmiministeryo sa mga banal, at sa mga nagugutom, sa hubad, sa maysakit, sa balo at ulila, at sa mga nakabilanggo – ayon sa kakayahan at pagkakataong ipinahihintulot (Mat.25:31-46; Fil.2:3-7)

**Ikaapat, upang suportahan ang patotoo ng aking Iglesya.**

- Sa pamamagitan ng matapat na pagdalo (Heb.10:25)
- Sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pagtanggap ng Salita ng Diyos na ipinapangaral, at paglakad sa liwanag nito (I Jn.1:9-10)
- Sa pamamagitan ng pamumuhay na may kabanalan (Heb.12:14; Fil.1:27)
- Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga pagkakamali (Santiago 5:16)
- Sa pakikibahagi sa Hapag ng Panginoon (I Cor.11:23-26)
- Sa pamamagitan ng regular na pagkakaloob (Lev. 27:30; I Cor.16:2; 2 Cor.9:7)

Nilagdaan ngayong _________ araw ng _______________ ,______.

Lagda ng Miyembro ________________________________

Sinang-ayunan ni: _________________________________ Pastor ng Lokal na Iglesya

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang Diyos ay nananahan sa kalipunan ng mga mananampalataya sa espesyal na paraan.

(2) Ang iglesya ay ang pamilya ng Diyos, kung saan ang mga mananampalataya ay nagtatalaga ng kanilang sarili sa relasyong pampamilya.

(3) Ang pagiging miyembro ng iglesya ay isang paraan ng pagsunod sa plano ng Diyos sa iglesya.

(4) Dapat sama-samang paghatian ng kongregasyon ang mga responsibilidad sa iglesya.

(5) Ang kakayahan ng isang indibiduwal ay mas kapaki-pakinabang kung gagamitin sa buhay iglesya.

(6) Ang bagong nagbalik-loob ay dapat maging aktibo agad sa mga gawain sa iglesya.

(7) Ang pagiging ganap sa pananampalataya ay hindi dapat maging basehan upang maging miyembro ng iglesya.

## Aralin 5 Mga Takdang -aralin

(1) Bago magsimula ang susunod na klase, ang mga mag-aaral ay dapat sumulat ng talata tungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (kabuuan ng pitong talata). Dapat maipaliwang ng talata ang mahalagang punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ipapasa ang isinulat sa tagapanguna sa klase.

(2) Paalala: Dapat planuhin ng mag-aaral na magturo mula sa aralin sa mga taong hindi kasama sa klase, sa tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Takdang Aralin: Tayahin ang porsyento ng mga taong dumadalo sa inyong iglesya na mga commited na miyembro. Ipaliwanag kung paano maging miyembro ng inyong iglesya.

# Aralin 6
# Sama-samang Pagbabahagi ng Buhay

## Ang Iglesya Pagkatapos ng Pentekostes

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mga Gawa 2:42-47 para sa grupo. Ano ang nakikita mong detalye kaugnay ng pakikisama ng iglesya matapos ang Pentekostes?

Matapos ang Pentekostes, inilarawan sa Mga Gawa ang buhay ng iglesya. "Ang lahat ng mananampalataya ay magkakasama, lahat sila ay magkakatulad." Maraming tao ang nagbenta ng mga ari-arian upang makatulong sa buhay ng iglesya sa komunidad. Sila ay madalas magtipon upang sumamba sa bahay sambahan at magkakasama para sa fellowship sa kanilang mga bahay.

Sa panahong nasa rurok ang gawain ng Banal na Espiritu sa kanila, ang buhay naman sa komunidad ng iglesya ay nasa malalim na bahagi. Para sa mga bagong mananampalataya, ang pagiging kasapi ng iglesya ay higit pa sa pagdalo sa gawain tuwing Linggo. Ibinabahagi ng mga mananampalataya ang kanilang buhay sa araw araw.

> "Kapwa sa mga Kasulatan at sa mga credo, ang pagsasamang Kristiyano ay isinasagawa bilang paraan ng biyaya"
> - Wiley & Culbertson,
> *Introduction to Christian Theology*

## Ang Buhay sa Pamilya

Sa bagong Tipan, ang iglesya ay tinatawag na pamilya.[3] Ang mga mananampalataya ay tinatawag na anak ng Diyos[4], at tinatawag na kapatid[5] ang isa't isa.

Isipin natin ang pagkaunawa sa pamilya sa iba't ibang parte ng mundo hanggang sa kasalukuyang panahon. Ang magkakaugnay na magkakamag-anak ay bumubuo sa angkan, na parte ng isang tribo. Ang mas pinalawak na pamilya ay nagbibigay ng proteksyon, nagbibigay daan sa hustisya, pag-aari ng lupain, pagkakaroon ng trabaho, pagkakaroon ng kasama sa buhay, edukasyon, tulong sa matatanda, tulong sa mga ulila, at tulong sa balo. Ang lahat ng

> "Dahil ang iglesya ang pamilya ng Diyos, kung saan sa pamamagitan ng kapanganakan at dugo tayo rin ay kabilang – isang komunidad ng pamana at pag-ibig na ating pinapasok sa pamamagitan ng bagong kapanganakan, iniligtas ng dugo ni Jesus"
> - Larry Smith,
> *I Believe: Fundamentals of the Christian Faith*

[3] Galacia 6:10; Efeso 3:15.
[4] Galacia 3:26; 1 Juan 3:2.
[5] Santiago 2:15;1 Corinto 5:11.

ito ay mahirap makamtan kung walang konensyon sa pamilya.

Sa ganitong kultura, lahat ng kasapi ng pamilya ay sumusunod sa isang relihiyon. Ang relihiyon ay hindi isang indibiduwal na desisyon. Ang mga bata ay tinuturuan ng tradisyong pang relihiyon ng pamilya.

Marami sa naging Kristiyano ang hindi na tinanggap ng kanilang pamilya. Nawala sa kanila ang lahat ng karaniwang nakakamit kasama ang pamilya. Ang iglesya ang kanilang naging bagong pamilya. Kaya tinatawag nila ang isa't-isa bilang kapatid. Ang mga tao sa iglesya ay nagtutulungan at dumedepende sa isa't isa.

Kung ang mga tao sa simbahan ay magkikita-kita tuwing Linggo lamang, iisipin nilang ang Linggo lamang ang pagsamba. Ang mga iglesya ng Bagong Tipan ay sumasamba tuwing Linggo, ngunit ang iglesya ay buhay at aktibo araw-araw.

► Paano magiging iba ang mga bagay sa iglesya na nagbabahagi ng buhay sa araw-araw?

Dapat malaman ng Pastor na ang paglilingkod sa kongregasyon sa buong linggo ay kasing halaga ng pangunguna sa pananambahan. Ang lahat ng espirituwal na kaloob at kakayahan ay kailangan, hindi lamang ang mga kaloob na ginagamit sa mga gawain sa iglesya. May paraan upang ang lahat ng tao ay makapaglingkod. Makikita ng mga tao sa komunidad kung ano ang tunay na kahulugan ng pagiging parte ng espirituwal na pamilya.

**Bilang pamilya sa pananampalataya, ang iglesya ay nakakakuha ng tulong mula sa tao at nakakahanap ng tulong mula sa langit upang matugunan ang anumang pangangailangan ng kasama sa fellowship, ipinapakita sa mundo ang karunungan ng Diyos sa lahat ng aspeto ng buhay at nahihikayat ang mga hindi mananampalataya na maging Kristiyano at sumama sa pamilya.**

## Mga Aspeto ng Ibinabahaging Buhay

Kung ang mga tao ay magbabahagi ng kanilang buhay sa isa't isa, ang oras nilang sama-sama ay magkakaroon ng mga sumusunod na aspeto.

**(1) Ang ministeryo ay may plano at maisasagawa ng sama-sama.** Sa maraming mga iglesya, may maliit na grupo ang may pananagutan sa pagpaplano at gawain sa iglesya. Ang bawat isa sa iglesya ay dapat makilahok sa gawain sa iglesya, maging ang mga bagong mananampalataya.

**(2) Sama-samang natutugunan ang mga pangangailangan.** Kung ang isang tao ay may suliranin, maaari siyang humingi ng tulong sa mga kaibigan sa iglesya. Hindi ibig sabihin na ang sino man ay hinahayaang maging iresponsable, ngunit kung ginagawa naman nya ang kanyang makakaya, ang pamilya sa iglesya ay dapat handang tumulong.

**(3) Ang trabaho ay matatapos ng sama-sama.** Ang matibay na relasyon ay mabubuo kung ang mga mananampalataya ay gumagawa ng sama-sama upang matulungan ang

sino mang kasama sa fellowship na nangangailangan. Maaari din silang magtulungan upang matulungan ang kanilang sariling pamilya.

**(4) Ang oras ng paglilibang ay nagagamit ng sama-sama.** Ang mga miyembro ng iglesya ay dapat magsama-sama para magkaroon ng kasiyahan habang sama-samang kumakain, dumadalaw, at gumagawa ng mga aktibidad.

**(5) Ang mga espesyal na pagkakataon sa buhay ay naipagdiriwang ng sama-sama.** Hindi lahat ng kultura ay nagdiriwang ng parehong espesyal na pagkakataon sa buhay. Ang ilan sa mga espesyal na pagdiriwang na ito ay ang kapanganakan, pagsapit sa isang espesyal na edad, pagsisimula ng pag-aaral, pagtatapos ng pag-aaral, pagpapa-bautismo, kaarawan, pagpapakasal, pagkakaroon ng mga anak, pagluluksa, at iba pang mahalagang pagdiriwang. Ang mga tao sa ibang relihiyon ay karaniwang nagkakaroon ng mga seremonya upang gunitain ang mga espesyal na pagkakataong ito. Ang iglesya ay dapat ring magkaroon ng paraan upang maipagdiwang nang sama-sama ang mga espesyal na pagkakataong ito.

## Ikapu sa Lumang Tipan

Sa Lumang Tipan, ang ikapu (*tithe*) ay hindi lamang upang isuporta sa templo at sa mga nangunguna sa pananambahan. Ang ikapu ay pinansiyal na tulong din sa mga balo, ulila at mga nangibang-bansa.[6] Ito rin ay para sa pagdiriwang ng mga espesyal na salo-salo.[7] Ang paggamit ng ikapu ay nagpapakita sa atin na ang lahat ng aspeto ng sama-samang buhay ay mahalaga sa isang iglesya.

## Pagsasama-sama at Ekonomiya

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Santiago 2:15-16 para sa grupo. Ano ang itinuturo ng pahayag na ito sa fellowship ng Kristiyano?

Minsan ang mga tao ay namumuhay na para bang ang pinansyal na pangangailangan ay hindi kaugnay ng pagsasama-sama ng mga mananampalataya. Ngunit sinasabi sa Bibliya na ang pagiging kasapi ng pamilya sa pananampalataya ay nangangahulugan na dapat tayong tumugon sa pangangailangan.

Ang kahulugan ng fellowship ay pagbabahagi ng buhay, higit pa sa espirituwal na karanasan lang. Ang salitang Griyego na *Koinonia,* na ginamit sa Bagong Tipan, ay madalas isalin sa “fellowship” at ang salita ay ginagamit sa ano mang salitang ang kahulugan ay pagbabahagi. Minsan ito ay ginagamit sa pagbabahagi ng pinansiyal na pag-aari (2 Corinto 9:13, 8:4; Roma 15:26). Sa Kristiyanong komunidad sa Jerusalem noong unang siglo, walang sino man ang nagkulang ng kanilang pangangailangan (Mga Gawa 4:34-35), sapagkat ibinahagi ng mga tao sa iba kung ano ang mayroon sila.

---

[6] Deuteronomio 26:12.
[7] Deuteronomio 12:17-18.

Nang may diskriminasyon sa pinansyal na tulong sa simbahan, nahadlangan ang ministeryo. Nang maitama ang suliranin, nagpatuloy ang pagdami ng nagbabalik-loob dahil sa ebanghelyo. (Mga Gawa 6:1, 7).

Noong A.D. 125, isang Kristiyano na nagngangalang Aristides ang nagsulat:

> Sila ay naglalakad nang may kababaang loob at kabutihan, at hindi makikitaan ng kamalian, at sila ay nagmamahalan. Hindi nila itinatakwil ang mga balo, and binibigyang lumbay ang mga ulila. Ang sinumang mayroon, maluwag na ipinamamamahagi iyon sa iba na wala. Kung may nakita silang hindi kakilala, isinasama nila siya upang may masilungan at magsaya na katulad ng isang tunay na kapatid: tinatawag nila ang kanilang sarili na kapatiran, hindi sa laman, kundi sa espiritu at sa Diyos; ngunit kung ang isa sa kanila ay mahirap at pumanaw na sa mundo, at may nakakita sa kanya, siya ang maglilibing ayon sa kanyang kakayahan; at kung marinig nila na ilan sa kanila ay nakulong o napahirapan sa ngalan ng Mesiyas, lahat sila ay tutulong sa kaniyang pangangailangan; at kung maaari nila siyang palayain, pinalalaya nila siya. At kung may kasama silang naghihirap at nangangailangan, ngunit wala silang kakayahan, nag-aayuno sila ng 2 o tatlong araw upang makapagbigay sila sa nangangailangan ng nararapat na pagkain.

Si Julian na Tumalikod sa Pananampalataya (Apostate), isang emperador na Romano (A.D. 361-363) na umusig sa iglesya, ang nagbigay ng ganitong pahayag tungkol sa mga Kristiyano: "Ang mga taga-Galilea na walang Diyos ay nagpakain hindi lamang ng kanilang mga mahihirap na kasama, kundi maging ang amin din."[8]

> "[Magpakita ng pagnanais na maging Kristiyano] . . . sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti espesyal na sa kanila ba kabilang sa sambahayan ng pananampalataya . . . pagbibigay ng hanapbuhay sa kanila sa halip na iba, pagbili mula sa isa't-isa, pagtulong sa isa't-isa sa negosyo; at higit na marami pang paraan dahil mamahalin ng mundo ang sadyang sa kanya, at sila lamang"
> - John Wesley,
> "Rules for the Society of the People Called Methodists"

Kalahati lamang ng tungkulin ng iglesya ang kanyang natutupad kung ipinapangaral nito ang pagsisisi sa kasalanan gayunman ay hindi nito inaanyayahan upang sumama ang taong nagsisisi sa pamilya ng mga mananampalataya kung saan niya matututuhan kung paano ipagpapatuloy ang bagong buhay. Halimbawa, sasabihin ng iglesya sa isang babae na hindi niya dapat ipagpatuloy ang imoral na relasyon, dapat ding sabihin ng iglesya kung paano siya makakukuha ng tulong mula sa pamilya ng mga mananampalataya.

Sa ibang parte ng mundo makakakita tayo ng kongregasyon na nagpapahiwatig ng ganitong uri ng komunidad na Kristiyano. Ang kabuuan ng pagsasama-sama ay nagbubunga hindi

[8] Ang mga Kristiyano ay tinatawag na "walang Diyos" o "ateista" dahil naniniwala sila sa iisang Diyos lamang, at siya ay hindi nakikita, sa halip na maniwala sa maraming bilang ng nakikitang mga Diyos-Diyosan.

lamang pagkalinga sa mga miyembro sa usaping pampananalapi, ganon din sa pagpapalakas ng ministeryo.

> Ang mga simbahan ng mahihirap [sa Bolivia] ay mayroon ng tinatawag nating pangangasiwa para sa pangangalaga ng buhay (*stewardship for survival*). Ang mga sikat na simbahan na itinayo sa lugar ng mahihirap ay hindi kayang dumepende sa tradisyon, sa tulong ng gobyerno, sa pagtulong at kaloob ng mayayamang benefactor, o sa grupo ng propesyonal na mga ministro. Dapat silang magkaroon ng pagsasama-sama (*fellowship*) kung saan sama-sama ang mga miyembro upang mabuhay ang komunidad, lumago at mapayabong ang pananampalataya, at mabuhay. Ang pangangasiwa ng lahat sa kabuuan ng buhay ay nararanasan sa kabuuang pagkilos ng misyon. Ang tila mas mahirap na makamit sa kaso ng mga maunlad at matatag na simbahan ay lay mobilization – kabuuang paglahok sa kabutihang panlahat ng Kristiyanong komunidad. Sa mga simbahan ng mahihirap, ang ganitong pagkilos ay normal na uri ng pamumuhay ng komunidad. Walang ibang klase ng buhay at ministeryo ang posible.[9]

Maaari nating isipin na ang iglesya ay dapat maraming pera upang magkakroon ng pananagutan sa mga miyembro nito. Nguni't ang ganitong uri ng komunidad ay naipapakita sa mga iglesya ng mahihirap sa Bolivia.

Nagbabahagi ang mga tao sa lahat ng lipunan ng kanilang buhay sa pinansiyal sa pamamagitan ng pampublikong ekonomiya. Binibili natin ang ating mga pangangailangan at naghahanap-buhay upang kumita ng pera.

Isa pang uri ng ekonomiya ay kumikilos sa pamilya. Ang mga gawain na ginagampanan ng bawat miyembro para sa pamilya ay hindi nasusukat ng anumang halaga. Ang bawat isa ay inaasahang tumulong sa paraang kaya niya, na hindi tinutuos ang halaga nito. Ang pagtulong ay ibinibigay sa konteksto ng relasyon sa pamilya. Hindi inaasahan na ang bawat miyembro ay pareho ang maitutulong o pareho ng halaga, ngunit kailangan niyang gawin kung ano ang kanyang kakayahan. Kung ang isang miyembro ay ayaw gumawa ayon sa kanyang kakayahan, siya ay kakausapin dahil doon at hindi niya matatanggap ang nais niyang tulong mula sa iba.

Ang ekonomiya ng kongregasyon ay dapat maging katulad ng ekonomiya ng pamilya at hindi ng pampublikong ekonomiya. Upang ito ay maisagawa, ang relasyon sa kongregasyon ay dapat mas higit pa kaysa sa panglabas na pakikipag-kaibigan. May mga tanong para sa taong humihingi ng tulong matapos siyang maging pabaya sa kanyang pag-aari o matapos siyang tumanggi na tulungan ang iba.

Natututunan ng kongregasyon na magawa ang ganitong relasyon sa kanilang mga kasapi. Dapat nilang maipaliwanag ang iglesya sa mga taong hindi tumutulong sa kapwa ngunit humihingi ng tulong. Dapat nilang maturuan ang mga taong hindi nakikiisa sa iba. Dapat

[9] Samuel Escobar, sa *The Urban Face of Mission*, ni Harvie M. Conn at iba pa, 105.

nilang sitahin ang mga sumusunod lamang sa sariling kagustuhan sa mga etikal na bagay at hindi sumusunod sa pagtutuwid ng pastor.

► Ano ang mga halimbawa ng mga paraan upang ang mga miyembro ng iglesya ay makakatulong sa isa't-isa? (pagtatanim, pag-aalaga ng mga bata, trabaho, panahon ng krisis).

## Mga Praktikal na Direksiyon

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Timoteo 5:3-16 para sa grupo.

Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng praktikal na direksyon patungkol sa kung paano dapat tumulong ang iglesya sa mga miyembro na nangangailangan. Sinasabi sa verse 16 na dapat alagaan ng mga tao ang kanilang pamilya upang maalagaan ng iglesya ang mga taong walang ibang maaasahang tutulong sa kanila. Inaasahan ng apostol na ang pinansyal na pagtulong ng mga miyembro ay responsibilidad ng iglesya.

Malinaw na kung ang lahat ng miyembro ay umaasa lamang sa pinansyal na tulong ng iglesya, hindi kayang tulungan ng iglesya ang sino man. Ipinapakita ng pahayag na ito ang praktikal na direksyon upang ang iglesya ay makatulong sa mga higit na nangangailangan.

Nakatuon ang pahayag na ito sa mga balo, nguni't maaari ding gamitin ang mga prinsipyong ito sa ibang tao. Alam natin na may pananagutan ang iglesya sa iba: sinasabi sa Santiago 2:15-16 na dapat tayong tumugon sa pangangailangan ng ating mga kapatiran; sa Santiago 1:27 binanggit ang mga balo at ulila.

Tatlong prinsipyo patungkol sa pinansyal na suporta ng iglesya sa mga miyembro:

**(1) Ang pamilya ang unang may pananagutan.** Ang mga miyembro ng pamilya ay may pananagutan sa pagtulong sa kaanak na nangangailangan ng tulong upang hindi na sila kailangang tulungan ng iglesya (5:4, 16). Kung ang isang tao ay hindi tutulong sa kanyang pamilya, hindi siya mananampalataya (5:8). Kung makita ng pastor ang isang miyembro ay nangangailangan ng tulong, kailangan niyang alamin kung ano ang maitutulong ng kanyang pamilya.

**(2) Ang isang matapat na miyembro ay karapat-dapat tulungan.** Ang balo ay kailangang tulungan kung siya ay nabubuhay bilang isang matuwid na Kristiyano at nakatulong sa iba (5:10). Ang parehong prinsipyo ay dapat isagawa sa iba bukod sa balo, kung sila ay nangangailangan at hindi kayang makatugon sa sariling pangangailangan.

**(3) Dapat gawin ng miyembro ang kanyang makakaya para sa kanyang sarili at sa iba.** Dapat gawin ng isang Kristiyano ayon sa abot ng kanyang kakayahan na maging pagpapala sa iba (5:10). Kung siya ay walang trabaho, makakahanap siya ng ibang paraan upang makatulong sa iba. Ang taong hindi gustong magtrabaho ay hindi dapat tulungan ng iglesya. (2 Tesalonica 3:10).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 2 Tesalonica 3:6-12 para sa grupo.

Ang pahayag na ito ay nagsasabi sa atin ng maraming bagay tungkol sa buhay ng sinaunang iglesya. Dito tinutugunan ni Pablo ang problema sa mga taong umaasa lamang sa pinansyal na tulong ng iglesya upang hindi na nila kailanganin magtrabaho. Ginagamit nila ang kanilang oras sa pagbisita sa ibang tao at pagkakalat ng maling kwento.

Ano ang ipinapahayag nito sa atin patungkol sa iglesya noon? Inaalagaan nila ang kanilang mga miyembro. Responsibilidad ng iglesya na masiguro na walang sino man sa iglesya ang nagugutom. Katulad sila ng isang pamilya.

Dahil katulad sila ng isang pamilya, posible para sa isang tao ang maging tamad at umasa na lamang sa iba. Sinabi ni Pablo na dapat silang lahat ay gumawa ayon sa kanilang kakayahan. Kung ang isang tao ay hindi nais gumawa hanggang sa kanyang makakaya, hindi siya dapat hayaang kumain ng pagkaing inihain ng iba.

Mabuti kung ang isang iglesya ay katulad ng isang pamilya na natutugunan ang lahat ng uri ng pangangailangan. Upang ito ay maganap, ang iglesya ay dapat magkaroon ng prinsipyo na susundin. Ang iglesya ay dapat magkaroon ng requirements para sa mga umaasa sa tulong ng iglesya. Kung walang requirements, ang iglesya ay mahihirapan sa mga tamad na tao at hindi na matutugunan ang mga pangangailangan.

Dapat gabayan ng mga pastor at dyakono ang iglesya na kumilos bilang isang pamilya. Dapat silang tumugon sa pangangailangan nang may pag-mamahal. Ngunit, ang pagmamahal ay nangangahulugan na handa silang magsalita ng katotohanan. Kung ang isang tao ay ayaw tumanggap ng pananagutan, dapat may kumausap sa kanya patungkol dito. Kung ang isang tao ay hindi tumutulong sa iba at ginagawa ang kanyang makakaya upang suportahan ang sarili, hindi dapat ituloy ng iglesya ang pagtulong sa kanya.

Wasto lamang na magtanong kung may humihingi ng tulong. Payag ba siyang tumulong sa iba? Nagtatrabaho ba siya kung kaya niya? Ginagamit ba niya ang kanyang pera nang tama? Nagiging responsable ba siya sa kaniyang pamilya?

Maraming tao ang pumupunta sa iglesya upang humingi ng tulong. Dapat magkaroon ang iglesya ng paraan upang maipakita ang malasakit nito sa tao sa unang pagkakataon na sila ay pumunta, bago pa man ito magpakita ng pagiging responsable. Sa gayun, dapat magkaroon ng paraan upang umusbong ang isang relasyon. Dapat malaman ng isang tao kung paano siya magiging parte ng pagsasama-sama ng iglesya.

## Pitong Pagbubuod na mgga Pangungusap

(1) Ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa iglesya ay nagbubunga ng malapit na relasyon ng pagbabahagi ng buhay sa isa’s isa ng mga miyembro.

(2) Ang iglesya ay isang pamilya na nagbabahaginan ng buhay sa araw-araw at gumagawa ng sama-sama upang matugunan ang lahat ng pangangailangan.

(3) Isinasama ng iglesya sa pamilya ng pananampalataya ang makasalanang nagsisisi kung saan niya matututunang tugunan ang kanyang bagong buhay.

(4) Kung ang iglesya ay gagawa araw-araw, may lugar ng pagmiministeryo para sa bawat mananampalataya.

(5) Kabilang sa oras ng pagsasama-sama ng iglesya ang ministeryo, pangangailangan, trabaho, paglilibang, at mga pagdiriwang.

(6) Kasama sa Kristiyanong fellowship ang pagbabahagi ng materyal na mapagkuhanan.

(7) Hindi kailangang tulungan ng iglesya ang sino mang hindi tumutulong sa kanyang sarili at sa kapwa sa abot ng kanyang makakaya.

## Aralin 6 Mga Takdang -aralin

(1) Bago mag-umpisa ang susunod na klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng talata patungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod ng mga Pangungusap" (na may kabuuang pitong pangungusap). Dapat maipaliwanag ng pangungusap ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ipapasa ito sa tagapanguna sa klase.

(2) Tandaan: dapat planuhin ng mag-aaral na makapagturo ang kahit ano mula sa kurso sa mga taong hindi kasama sa klase, sa tatlong hiwa-hiwalay na pagkakataon.

(3) Takdang Aralin na Isusulat: Ano ang iba't ibang paraan kung saan ang mga miyembro sa inyong iglesya ay sama-samang nagbabahagi ng kanilang buhay bukod sa gawain ng pagsamba?

# Aralin 7
# Ang Iglesya sa Mundo

## Ang Iglesya sa Lipunan

► Paano dapat makibahagi ang iglesya sa lipunan?

Sumulat si Jeremias sa mga Hudyo na nabibihag upang sabihin sa kanila kung ano ang dapat nilang maging kaugnayan sa paganong lipunan na kanilang kinalalagyan. Naroon ang mga Hudyo nang laban sa kanilang kagustuhan; pagano ang relihiyon ng lipunan; mapang-api ang pamahalaan at winasak ang kanilang bansa; at, hinihintay nila ang araw na maaari na silang umalis. Marahil iniisip nila na hindi sila dapat na makibahagi sa mga suliranin ng lipunang iyon.

Pakinggan ang mensahe ng Diyos na ibinigay sa propeta para sa mga taong ito:

> "Hanapin ninyo ang kapayapaan [*shalom*] ng lunsod na pinagdalhan ko sa inyo bilang bilanggo, at manalangin kayo sa Panginoon para sa kanilang kapakinabangan, dahil sa kanilang kapayapaan matatagpuan ninyo ang inyong kapayapaan" (Jeremiah 29:7).

*Ang Shalom*, ang salitang karaniwang isinasalin sa salitang kapayapaan, ay tumutukoy hindi lamang sa kapayapaan lamang mismo, kundi pati na ang mga pagpapalang kasama ng kapayapaan. Tumutukoy ito sa mga pagpapala ng Diyos. Ang mga sumasamba sa Diyos sa isang bansang pagano ay makatatagpo ng pagpapala ng Diyos habang sinisikap din nilang dalhin ang mga pagpapalang iyon sa mga tao sa paganong lipunan!

> "Ang Iglesyang Kristiyano ay ang komunidad kung saan ang Banal na Espiritu ay nagkakaloob ng katubusan at namamahagi ng mga kaloob. Ito ang paraan na ginagamit ng Diyos upang maiparating sa sanlibutan ang gawang nakapagliligtas ni Kristo. Ang iglesya ay tinawag mula sa mundo upang ipagdiwang ang sariling pagdating ng Diyos, at tinawag upang bumalik sa mundo upang ipahayag ang kaharian ng Diyos na nakasentro sa sariling pagdating ng Diyos at sa inaasahang pagbalik."
> - Thomas Oden, *Life in the Spirit*

Ang mga suliranin ng mundo ay nagmumula sa ugat na suliranin ng kasalanan. Ang mga indibidwal at mga organisadong mga kapangyarihan ay hindi gumagalang sa Salita ng Diyos. Ang iglesya ay may natatanging kakayahan na magsalita tungkol sa mga suliranin ng mundo dahil ang iglesya ay makapagpapaliwanag ng Salita ng Diyos at ipahayag ang karunungan ng Diyos. Hindi lamang dapat magsalita ang iglesya laban sa mga kasalanan ng lipunan kundi dapat nitong ipaliwanag at ipakita kung ano dapat ang kalagayan ng isang lipunan.

## Ang Iglesya at ang Pamayanan

► Ano ano ang mga tanda ng tagumpay para sa isang iglesya?

Sa isang nagtataglay ng konsepto ng tagumpay ayon sa pamantayan ng mundo, maaaring isipin ng isang tao na matagumpay ang isang iglesya kapag maraming dumadalo dito, may malaking badyet, at may malaking gusali.

Alam ng mga Kristiyano na ang mga bagay na iyon ay hindi nangangahulugan ng tagumpay sa mata ng Diyos, subali't tayo'y madalas na naiingganya ng mga bagay na iyon. Karaniwang iniisip nating matagumpay ang isang pastor kapag taglay niya ang ganitong iglesya.

Ang mas mahalagang sukatan ng tagumpay ay ang bilang ng mga tunay na pagbabalik-loob na naganap dahil sa ministeryo ng iglesya. Ang espirituwal na paglago ng mga mananampalataya ay napakahalaga rin, subali't mahirap sukatin. Ang isang mahalagang pagpapakita ng tagumpay ng isang iglesya ay ang pagbabago na nagagawa nito sa kanyang kapaligiran.

► Ano ang palagay ninyo tungkol sa pangungusap na ito?

> "Ang tagumpay ng isang lokal na iglesya ay dapat direktang nakaugnay sa antas ng pangkalahatang pagbabago na ibinubunga nito sa kanyang malapit na pamayanan. Ang anumang ibang batayan ng tagumpay ay pangalawa lamang."[10]

Ang ebanghelyo ay lumilikha ng epekto nang higit pa sa mga nagbabalik-loob lamang. Ang bawat taong nagbabalik-loob at nagsisimulang mamuhay ayon sa mga prinsipyong Kristiyano ay nakakaimpluwensiya sa iba. Sinabi ni Hesus na ang kanyang mga tagasunod ang asin at ilaw ng sanlibutan.

Ang mga prinsipyong Kristiyano ay ang pundasyon ng kalayaan at katarungan, at ito ang basehan ng pagbabago sa lipunan. Kung ang iglesya ay nakakaimpluwensiya sa mga tao upang sundin ang mga prinsipyong Kristiyano, ang lipunan ay maiimpluwensiyahan upang magtatag ng kalayaan at katarungan.

Ito ay mailalapat rin sa isang lokal na komunidad. Kung naliligtas ang mga tao sa pamayanan dapat mayroong pagbabago dito.

► Anong mga pagbabago ang mangyayari sa inyong pamayanan kung maraming tao ang maiimpluwensiyahan upang sumunod sa mga prinsipyong Kristiyano?

Ano ang magiging kahulugan para sa pamayanan kung maiimpluwensiyahan ito ng ministeryo ng iglesya? Magkakaroon ito ng pagbaba sa bilang ng krimen, pag-abuso at pagpapabaya sa mga bata, imoral na pag-uugali, karahasan, diskriminasyon sa lahi, ilegal na mga negosyo, mga mapagsamantalang negosyo, at paninira. Magiging mas matapat ang

[10] John Perkins, binanggit ni Daniel Hill sa "Church in Emerging Culture," sa *A Heart for the Community*, 203.

mga umuupa. Magbibigay ang mga nagpapaupa ng ligtas na tirahan. Mas maraming tao ang makapag-aari ng kanilang sariling tahanan. Ang mga negosyante ay magiging bukas ang loob sa pagpapabuti sa mga manggagawa. Ang mga manggagawa ay magkakaroon ng mas mabuti pag-uugali para sa trabaho.

Ang espirituwal na epekto ng iglesya ang unang prayoridad, subali't kung ang espirituwal na epekto ay tunay, ito ay maihahayag sa mga pagbabagong nakikita sa pamayanan.

## Ministeryo sa Mahihirap

► Ayon kay Hesus ano daw ang ikalawang pinakadakilang utos?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Lucas 10:25-29 para sa klase.

Tinanong si Hesus ng isang guro sa batas kung paano magkakamit ng buhay na walang hanggan. Itinanong ni Hesus, "Ano ang sinasabi ng batas?" Bilang sagot, pinagsama ng lalaki ang dalawang pinakadakilang kautusan. Sinabi niya na dapat mong ibigin ang Diyos nang buong mong pagkatao at ibigin ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili (Lucas 10:27). Sinabi ni Hesus na tama ang kanyang tugon, at sinabi, "Gawin mo iyon at ikaw ay mabubuhay." Ang taong nagtataglay ng gayung pag-ibig ay may buhay na walang hanggan.

Pagkatapos, itinanong ng lalaki, "Sino ang aking kapwa?" Hindi niya iniisip na kailangan niyang ibigin ang lahat ng tao. Humahanap siya ng mas maliit na kategorya ng mga tao na dapat niyang ibigin, upang magkaroon siya ng pakiramdam na natutupad niya ang nararapat niyang gawin. Sinagot ni Hesus ang tanong na ito sa pamamagitan ng isang kuwento.

► Ano ang ikinuwento ni Hesus bilang isang halimbawa ng pag-ibig sa iyong kapwa?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Lucas 10:30-37 para sa klase.

Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa Samaritana bilang halimbawa ng kahulugan ng pag-ibig sa iyong kapwa tulad ng pag-ibig mo sa iyong sarili. Ang pag-ibig ang humihikayat sa atin upang tumugon sa isang taong may pangangailangan.

Inihayag ni Hesus ang kanyang misyon sa Lucas 4:18-19:

> "Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, dahil hinirang niya ako upang ipangaral ang ebanghelyo sa mahihirap; isinugo niya ako upang gamutin ang mga wasak ang puso, upang ipangaral ang pagpapalaya sa mga bihag, at pagbabalik ng paningin sa mga bulag, upang pawalan ang mga nasugatan, upang ipangaral ang katanggap-tanggap na taon ng Panginoon."

Ang pangungusap na ito ay sumasagot sa tanong na, "Bakit naparito si Hesus?" Sinabi ni Hesus na hinirang siya para gawin ito. Ito ang layuning inihula sa kanya sa Lumang Tipan.

Ang misyon ni Hesus ang nagbibigay ng direksiyon sa iglesya, ang "katawan ni Kristo" sa mundo. Ang unang bagay ayon kay Hesus na dapat niyang gawin ay ang ipangaral ang mabuting balita sa mahihirap. Hindi natutupad ng iglesya ang kanyang misyon kung napapabayaan o kaya'y ihinihiwalay ang mahihirap. Sinabi ni Hesus na pinagpala ang mahihirap ng kaharian ng langit (Lucas 6:20). Sinabi ni Apostol Santiago na pinili ng Diyos na maging mayaman sa pananampalataya ang mahihirap (Santiago 2:5). Pinili ng Diyos na ipakita ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng paggamit sa mahihirap at mahihina sa mundo (1 Corinto 1:27-29). Maraming dahilan ang iglesya upang espesyal na kumilos sa pag-eebanghelyo sa mahihirap. Isang dahilan ay ang mas mabilis na paglaganap ng ebanghelyo sa mga mahihirap.

Ang paglalarawan ni Hesus ng kanyang ministeryo ay nagpapakita na inaasahan niya na mababago rin niya ang mga kundisyon sa mundo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mikas 6:6-8 para sa klase. Ano ang itinatanong ng propeta?

Pinag-iisipan ni Propeta Mikas ang tanong kung ano ba talaga ang nais ng Diyos mula sa mga sumasamba? May mga tao na nagtatanong kung sapat na ba ang mga kawan ng baka bilang isang sakripisyong handog, o maging ang pagsasakripisyo ng mga bata. Ipinaliwanag ni Mikas na hindi ang mahalaga ay paghanap ng sakripisyo na karapat-dapat para sa Diyos. Inihayag na ng Diyos ang kanyang mga kinakailangan. Tungkulin natin na maging makatarungan at tulungan ang iba upang makatanggap ng katarungan.

Ang habag ay hindi lamang tumutukoy sa mahinahong paggamit ng awtoridad. Ang "habag" ay tumutukoy rin sa pagtugon sa mga pangangailangan. Sinabi ni Hesus na ang Samaritano ay isang halimbawa ng iniuutos ng Diyos na pag-ibig dahil "nagpakita siya ng habag." Kung minsan iniisip ng mga iglesya na dapat lang silang magtuon ng pansin sa mga espirituwal na pangangailangan. Iniisip nila na wala silang pananagutan sa mga usapin ng kahirapan. Gayunman, binanggit ng Biblia ang mahihirap nang 400 na beses. Ang mga suliranin ng mahihirap ang ipinagmamalasakit ng Diyos. Katulad ng Mabuting Samaritano, ang mga iglesya ay dapat magpakita ng pagmamahal sa mga nangangailangan ng tulong.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Ezekiel 16:49-50 para sa klase. Ano ang kasalanan ng Sodoma ang binanggit sa mga talatang ito?

Ang lunsod ng Sodoma ay naaalala dahil sa kasalanan ng seksuwal na kabuktutan; subali't hindi lamang iyon ang kasalanan ng lunsod. Ginamit ng mga taga-Sodoma ang kanilang kaunlaran upang magkaloob ng kasiyahan sa kanilang sarili at hindi humanap ng paraan upang bigyang lakas ang mahihirap ("palakasin ang kamay") upang baguhin ang kanilang kalagayan.

## Ang Konsepto ng Parokya

Kapag ang isang iglesya ay may responsibilidad para sa tiyak na kapit-bahayan, ang lugar na iyon ay tinatawag na parokya ng iglesya. Ayon sa kasaysayan, ang malalaking samahang pang-iglesya ay umasa na ang bawat lokal na iglesya ay maglilingkod sa isang tiyak na geographical area. Ito ay isang kaugalian ng Simbahang Katolikong Romano sa maraming bahagi ng mundo, ng Lutheran Church sa Alemanya, at ng Church of England sa Gran Britanya. Karamihan sa mga denominasyong Protestante ay walang parokya ayon sa ganitong kaisipan.

Isipin ninyo kung ano ang mangyayari kapag itinuring ng isang iglesya na siya ang iglesya para sa kanyang komunidad. Makikilala ng bawat kung sino ang pastor at siya ay naroon upang manalangin, magpalakas ng loob, at magpayo, dumadalo man sila o hindi sa iglesya. Kapag siya'y bumisita sa komunidad, ang kanyang pangunahing layunin ay hindi ang hikayatin silang dumalo sa iglesya. Sa halip, dadalhin niya ang ministeryo ng iglesya sa kanila.

Ang iglesya ay bubuo ng mga ministeryong tutugon sa mga pangangailangan ng kapit-bahayan, tulad ng pagpapayong pampamilya, pagtuturo sa mga kabataan, at pagsasanay pangkabuhayan batay sa karakter. Ang mga ito ay nauugnay rin sa layunin ng iglesya. Ito ang mga bahagi sa buhay na mahalaga ang mga sagot ng Biblia, at dapat ibahagi ng iglesya ang karunungan ng Salita ng Diyos sa mga praktikal na bahagi. Madaling tukuyin ang mga bagay na mali sa lipunan, subali't dapat mailarawan ng iglesya kung ano ang dapat sa isang lipunan.

► Ano ang mga pangangailangan sa inyong kapit-bahayan na maaaring mabago ng Salita ng Diyos?

Nakita ng mga propeta sa Lumang Tipan na ang lupain at ang mga tao ay pag-aari ng Diyos, at tinawag ang bawat isa upang tuparin ang tipan sa Diyos. Nangaral sila tungkol sa mga biyayang dumarating sa komunidad kapag sumusunod ito sa plano ng Diyos at tungkol sa mga sumpa na dumarating dahil sa pagsuway.

Dapat tingnan ng pastor ang kanyang komunidad bilang ang kanyang parokya sa ilalim ng Diyos. Ang Diyos ang siyang Nagpapaupa at Tagapamahala na nag-aalay na pagpalain ang mga tao kung sila ay mamumuhay ayon sa kanyang plano.

Dapat patuloy na tawagin ng pastor ang mga tao sa komunidad upang mamuhay sa ilalim ng direksiyon ng Diyos. Dapat niyang ipaliwanag kung ano ang kahulugan ng pamumuhay nang may pagpapala ng Diyos at hikayating sila na magkaroon ng relasyon sa Diyos.

> "Bilang katawan ni Jesus, ang iglesya ay ang grupo na nagsasama-sama na umiiral upang gawin ang kanyang kalooban at kumatawan sa mga interes ng Kanyang kaharian."
> - Larry Smith,
> *I Believe: Fundamentals of the Christian Faith*

Ang konsepto ng parokya ay hindi nangangahulugan na ang lahat ng tao sa kapit-bahayan ay isang miyembro ng iglesya. Ibinibilang ng iglesya iyon lamang nagtatalaga ng sarili upang mamuhay nang may relasyon sa Diyos, nguni't ang komunidad ay naiimpluwensiyahan ng iglesya.

Ang konsepto ng parokya ay hindi nangangahulugan na ang kapit-bahayan ang kumokontrol sa iglesya at nagtatakda ng mga pinahahalagahan nito. Ang iglesya ay inatasan ng Diyos, sumusunod sa kanyang Salita at isinusulong ang pagiging hari ng Diyos sa pamayanan.

Dahil ang iglesya ay tinawag upang maging asin at ilaw, ang iglesya ay tinawag upang lumikha ng pagbabago sa kanyang pamayanan.

## Ang Pagkauna ng Ebanghelyo

Maraming ministeryo ang nag-aalok ng mga programang tumutugon sa mga materyal na pangangailangan ng mga tao sa pamayanan. Nagsisilbi sila sa mga pangangailangan ng komunidad at iniisip na ang pagtulong sa mga tao sa mga praktikal na pamamaraan ay makakalikha ng mga kaibigan at makukuha ang atensiyon para sa ebanghelyo. Ang kanilang layunin ay makalikha ng mga oportunidad upang ibahagi ang ebanghelyo. Nais nilang ipakita na sila ay nagmamalasakit.

Ang kanilang pormula ay: Programa, pagkatapos ay relasyon, pagkatapos ay Ebanghelyo. Gayunman, maraming paraan upang magkamali ang mga programa ng pagtulong. Ang pagtulong ay maaaring hindi makalikha ng relasyon maliban sa relasyon ng nagbibigay/tumatanggap.

Kung minsan tila nakahiwalay ang ebnghelyo sa mga bagay na ibinibigay, at ang mga tao ay maaaring makakuha ng tulong kahit hindi interesado sa ebanghelyo. Ang mga taong gumagawa sa programa ay maaaring maging sobrang abala sa pagkakaloob ng tulong at hindi na ibinabahagi ang Ebanghelyo. Maaaring kunin ng mga tumatanggap ang lahat ng kanilang gusto, pagkatapos ay umaalis upang humanap ng tulong mula sa iba pang tao.

Dapat baguhin ang pormula. Dapat bigyang-diin ng iglesya ang ebanghelyo sa unang pagkakataon na makaugnay sa sinupaman.

► Ano ang ebanghelyo?

Kapag inihahayag ng iglesya ang ebanghelyo sa mundo, dapat silang maging matapat magkaroon ng paglalarawan ng isang bagong buhay sa iglesya. Ang kaligtasan ay hindi isang personal na desisyon na nag-iiwan sa isang tao upang mag-isa sa isang kakaiba at bagong buhay. Hindi karaniwang tinatanggap ng mga makasalanan ang ebanghelyo malibang sila ay maakit sa komunidad ng pananampalataya na nagpapahayag ng ebanghelyo.

Sa ministeryo ni Hesus at ng mga apostol, nakikita natin na ang ebanghelyo ay ang "mabutng balita" ng kaharian ng Diyos. Ito ang mensahe na ang makasalanan ay maaaring patawarin at magkaroon ng relasyon sa Diyos. Siya ay inililigtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ginagawang isang bagong nilalang. Pumapasok siya sa pamilya ng pananampalataya, kung saan ang kanyang mga espirituwl na kapatid sa pananampalataya ang nagpapalakas ng kanyang loob, at tumutulong sa kanyang mga pangangailangan.

Dapat makita ng iglesya na kanyang pangunahing misyon ay ang pagpapahayag ng ebanghelyo. Dapat malaman ng lahat na ang pagtatrabaho para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ay ang dahilan ng iglesya. Pagkatapos, naaakit ng iglesyaang mga taong interesado sa ebanghelyo. Ang ministeryo ng ebanghelyo ang lumilikha ng relasyon.

Pagkatapos tinutulungan ng iglesya ng mga taong may kaugnayan sa iglesya. Marahil hindi pa lahat ng mga taong iyon ay ligtas, subali't sila ay naakit ng ministeryo ng ebanghelyo ng iglesya.

Kaya't, ang pabaligtad na pormula ay Ebanghelyo, pagkatapos ay Relasyon, pagkatapos ay Tulong (hindi isang programa). Ang iglesya ay hindi dapat maging isang organisasyon lamang na nagkakaloob ng mga programa sa pagtulong. Sa halip, ang iglesya ay isang grupo ng mga tao na tumutulong sa mga taong may relasyon sa kanila. Kapag sila'y magsisimula ng mga programa, ang mg tao'y darating para sa programa nang walang relasyon.

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang epektibong iglesya ay nakalilikha ng pagbabago sa kaniyang pamayanan.

(2) Dapat nating ipakita ang ating pagmamahal sa ating mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang pangangailangan.

(3) Ang iglesya ay dapat magministeryo sa mahihirap upang matupad ang kanyang misyon.

(4) Ang iglesya ay dapat magministeryo sa mga tao sa kanyang lugar na nasasakupan.

(5) Dapat ilarawan at ipahayag ng iglesya kung ano dapat ang isang lipunan.

(6) Ang ministeryo ng Ebanghelyo ay ang pangunahing prayoridad ng iglesya.

(7) Dapat tumulong ang iglesya sa mga tao sa konteksto ng relasyon.

## Aralin 7 Mga Takdang -aralin

(1) Bago magsimula ang susunod na klase, ang mga mag-aaral ay dapat sumulat ng talata tungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (may kabuuang pitong talata). Dapat maipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ipapasa ang isinulat sa tagapanguna sa klase.

(2) Paalala: Dapat magplano ang mag-aral upang magturo mula sa kursong ito sa mga taong hindi kabilang sa klase, sa tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Takdang-Araling Panayam: Makipag-usap sa ilang taong hindi dumadalo sa sambahan. Hilingan silang ilarawan ang impluwensiya ng iglesya sa pamayanan. Sumulat ng buod.

# Aralin 8
# Suporta sa Lokal na Iglesya

## Ang Direksyon ni Hesus

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Lucas 10:1-9 para sa grupo. Ano ang kakaiba sa utos na ibinigay ni Hesus sa kanyang mga disipulo nang isugo niya sila upang magministeryo?

Ang mga disipulo ang unang ipinadala sa maraming bayan upang ipangaral ang ebanghelyo. Taglay ni Hesus ang lahat ng kapangyarihan at kakayahan at maaaring ibigay sa kanila ang ano man. Maaari sana niya silang bigyan ng sapat na pera upang makabili ng lahat ng kanilang pangangailangan at matugunan ang pangangailangan ng ibang tao. Maaari sana silang bigyan ng kapangyarihan na maparami ang tinapay at isda para sa kanila at sa mga taong kanilang binabahaginan ng ebanghelyo. Maaari sana silang makapagbigay ng pagkain sa lahat ng bayan na kanilang dinadalaw.

Sa halip, isinugo niya sila na walang pera. Sinabi niya sa kanila na umasa sa tulong ng mga tao sa mga bayan. Sumunod ang mga disipulo ayon sa tagubilin ni Hesus, at ang kanilang pangangailangan ay natugunan.[11]

► Bakit sila isinugo sa ganoong paraan?

Nakahikayat ng mga tamang tao ang kanilang ministeryo. Sapagkat una nilang ipinapahayag ang ebanghelyo, nahihikayat nila ang mga taong interesado sa ebanghelyo. Dahil mayroon silang pangangailangan, nahihikayat nila ang mga taong nais tumulong. Nakuha nila ang pinakamabuting mga tao para sa pag-uumpisa ng iglesya.

Paano kung pumunta sila sa mga bayan na mayroon nang lahat ng kanilang kailangan at mga bagay na ibibigay sa mga tao? Maaaring maling tao ang kanilang mahikayat. Maaari silang makabuo ng grupo na dumadating lamang upang may makuha. Pagkatapos noon, magpapatuloy lamang ang ministeryo sa patuloy na pagbibigay ng mga bagay. Hindi na lalago ang ministeryo kung wala na itong maibibigay na mga bagay. Hindi sila tutulong kung hindi sila babayaran para doon. Hindi sila magkakaroon ng grupo ng mga tao na magandang panimula ng iglesya.

Ang pamamaraan na ibinigay ni Hesus sa kanila ay makakapagsimula ng grupo na magiging isang iglesya. Ito ay isang grupo ng mga tao na nasasabik sa mensahe ng ebanghelyo at nagnanais makatulong. Mahalaga na ang iglesya ay magsimula nang tama.

[11] Lucas 22:35

## Pinansyal na Tulong ng Lokal na Kongregasyon

► Bakit kailangan tulungan ng lokal ang iglesya? Bago tingnan ang talaan sa ibaba, ano ang naiisip mong mga dahilan?

**(1) Ipinakita sa atin ni Hesus na ang ministeryo sa isang lugar ay dapat magsimula nang tama.** Ipinadala niya ang mga disipulo na walang pera upang ang kanilang ministeryo ay makaakit ng mga taong interesado sa ebanghelyo at gustong tumulong.

**(2) Nagbigay ang Diyos ng utos para sa iglesya ng Bagong tipan na magbigay.** Dapat silang magpadala ng tulong sa unang iglesya sa Jerusalem (1 Corinto 16:1-3; 2 Corinto 8:1-7, 9:1-6). Dapat nilang tulungan ang mga balo at ibang taong nangangailangan sa iglesya. (1 Timoteo 5:16; Santiago 1:27, 2:15-16). Dapat nilang tulungan ang mga taong nasa ministeryo sa lahat ng oras. (Galacia 6:6).

**(3) Binibigyang kakayahan ng Diyos ang bawat iglesya na maging katawan ni Kristo sa kanyang lugar.[12]** Ibig sabihin na ang isang matatag na iglesya ay may kakayahang magpasya at magkaroon ng pangitain para sa sariling ministeryo. Hindi ito magaganap kung ang iglesya ay nakadepende sa suporta at direksyon ng mga lider sa labas. Ang lokal na pinansyal na tulong ay kailangan upang lumago ang iglesya.

**(4) Pinagpapala ang pinansyal ng mga taong nagkakaloob ng ikapu.** Ang sumpa ay nasa pinansyal ng mga taong hindi nagkakaloob. (Malakias 3:8-10).

**(5) Ang pagdepende sa panglabas na suporta ng lokal na iglesya ay nagpapahina dito.** Ang ekonomiyang pambansa at ng ibang bansa ay pabago-bago. Kung ang nagbibigay na nasa malayo ay huminto, ang mga iglesyang umaasa sa kanila ay magdudusa.

**(6) Ang mga pastor ay dapat suportahan ng mga taong kanilang pinaglilingkuran[13]**. Alam ng lokal na kongregasyon kung ang pastor ay matapat. Alam nila kung ginugugol niya ang oras sa ministeryo. Hindi siya dapat tulungan nang pangmatagalan ng mga taong nasa malayo.

► Anong suliranin ang dulot ng pag-asa sa tulong mula sa malayo?

## Mga Alituntunin sa Pinansiyal ng Pagmimisyon Batay sa Pagiging Sentro ng Lokal na Iglesya

Ang misyon na pang-ibang bansa o denominasyon ay dapat sumunod sa tiyak na alituntuning paraan sa pagtulong sa mga iglesya. Ang samahan ay dapat maging maingat sa mga paraan ng pagtulong upang ang iglesya ay mapalakas, sa halip na gawin itong

---
[12] 1 Corinto 12:27
[13] Galacia 6:6

nakadepende lamang. Narito ang ilang halimbawa ng alituntunin na maaaring gawin ng misyon o denominasyon.

**(1) Bigyang diin na ang pagkakaloob ng ikapu ay ang pundasyon ng Kristiyanong pananalapi.** Kung ang kongregasyon ay hindi nagkakaloob ng ikapu, hindi pagpapalain ng Diyos ang pinansyal ng iglesya. Kung hindi nila ginagawa ang kaya nila, hindi nila nauunawaan ang ministeryo ng pinansyal. Ang tulong mula sa labas ay maaaring higit na makasama pa sa halip na makatulong.

**(2) Sa halip na magbigay ng palagiang tulong, lumikha ng gawain o proyekto kung saan makakapagbigay ng permanenteng bagay.** Ang samahan ay dapat gumamit ng pera sa mga proyektong makatutulong sa iglesya na maging matatag sa pinansyal, sa halip na makapagbigay ng suweldo na magpapaasa sa iglesya sa tulong mula sa malayo. Sa mga samahan na mayroon nang buwanang suweldo, ang samahan ay dapat gumawa ng pagbabago upang matulungan ang iglesya na makasuporta sa kanyang sarili.

**(3) Huwag magsimula ng ministeryo na hindi kailan man magiging suportado ng lokal.** Ang samahan ang hindi dapat mag-umpisa ng mga bagay na aasa lamang sa tulong mula sa labas habang sila ay gumagawa. Ang layunin ay ang makalikha ng ministeryo o negosyo na maaaring mapamahalaan ng isang lokal na iglesya at maaaring mapanatili ng lokal. Halimbawa, ang isang paaralan ay dapat maging ministeryo ng isang lokal na iglesya.

Ang anumang pagkilos sa ministeryo na tila hindi kailanman makakayang suportahan ng lokal sa pinansyal ay dapat maging panandaliang-gawain lamang, na magagawa ang layunin nang mabilis nang hindi makalilikha ng pag-asa. (halimbawa: mga pagtitipon at mga seminar).

**(4) Palakasin ang pamumuno ng lokal na iglesya sa halip na pangunahan ito.** Kung ang mataas na opisyal mula sa labas ay magbibigay tulong diretso sa mga nangangailangan, ang mga nasa lokal na ministeryo ay mawawalan ng halaga. Sa halip na magbigay direkta sa mga tao sa iglesya, dapat suportahan ng samahan ang pamunuan ng iglesya upang matugunan ang mga pangangailangan.

► Ano ang mga halimbawa ng maling uri ng tulong ng misyon? Ano ang halimbawa ng tamang uri ng pagtulong?

## Pag-iwas sa Industriya ng Pagtulong

Hindi dapat mabago ang landas ng iglesya mula sa mga dapat nito unahin dahil sa “industriya ng pagtulong”. May mga tao at samahan na nagnanais na magbigay tulong upang maibsan ang kahirapan ngunit walang direktang kaugnayan sa taong nangangailangan. Ang mga “samahan ng mga nagbibigay tulong” ay mga samahan na nagtitipon ng mga tulong mula sa mga donor upang maibigay sa taong nangangailangan.

Kung minsan ang mga nangangasiwa sa tulong na kanilang naiipon ay tumatanggap ng sweldo mula rito. Minsan mayroong panlilinlang, at ang nagbigay at ang tumatanggap ay kapwa nalolok. Kahit na ang tulong ay napupunta sa tamang tao, ginagawa ng industriya ng pagtulong ang nakapagpapasaya sa nagbibigay sa halip na unawain ang tunay na pangangailangan ng mga tao.

Kadalasang nilalampasan ng mga samahan na nagbibigay tulong ang mga lokal na iglesya. Nagbibigay sila sa paraan na hindi nito binibigyang pansin ang kaugnayan ng iglesya at ng mga taong tumatanggap ng tulong. Ang pagbibigay ay may mas mabisang epekto kung ito ay gagawin sa pamamagitan ng iglesya, ng mga lider na nakakaalam ng kalagayan ng mga tao, at sa paraang naipapakita ang kahalagahan ng iglesya.

Kung natutugunan ng samahan ang pangunahing pangangailangan ng mga dukha (katulad ng pagkain) ng walang binabago sa kanilang kalagayan, tinuturuan nito ang mga dukha na umasa na lamang sa tulong. Kung mayroon silang sapat na pag-aari, maaari silang lumikha ng komunidad ng mga taong laging umaasa sa iba. At kung sila ay magpapatuloy ng mahabang panahon, magpapalaki sila ng henerasyon ng mga taong laging umaasa sa iba.

Ang misyon ay hindi dapat maging parte ng industriya ng pagtulong at kalimutan ang mga dapat unahin ng iglesya. Kapag ganito ang nangyari, sa wakas nakakasama ito kapwa sa iglesya at sa mga taong nangangailangan.

► Ano-ano na ang mga halimbawa ng industriya ng pagtulong ang iyong nakita at ano ang naging epekto nito?

## Ang Plano ng Diyos para sa Suporta Para sa Pastor

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Deuteronomio 18:1-5 para sa grupo. Ano ang sinasabi sa atin ng pahayag na ito patungkol sa pinansiyal na tulong para sa ministeryo?

Ang pinansiyal na tulong para sa mga full-time sa ministeryo ay plano ng Diyos mula pa sa panahon ng Lumang Tipan. Ang mga pari ay binibigyang tulong para sa kanilang gawain sa templo. Hindi sila nakakatanggap ng bahagi ng lupa, dahil hindi sila maaaring maging abala sa pagtatanim.

> "Huwag nating purihin ang mga tramp na gumagala sa paligid at nagkakaisa sa walang simbahan, sapagkat wala silang natanto na natanto ang kanilang mga mithiin, isang bagay na laging kulang."- Philip Melanchthon, *Loci*

Kung minsan nang ang Israel ay hindi naging matapat sa kanilang pagsamba, bumaba din ang tulong para sa mga pari. Isang tanda ng kawalang-katapatan ng Israel kapag ang mga manggagawa sa templo ay kailangang umalis sa templo at maghanap ng ibang paraan upang suportahan ang kanilang mga sarili. (Nehemias 13:10).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 9:1-14 para sa grupo. Ano ang sinasabi sa atin ng pahayag na ito patungkol sa pinansiyal na tulong para sa ministeryo?

Sinabi ni Pablo na ang plano ng Diyos para sa mga tagapangaral ng ebanghelyo ay dapat suportahan ng kanilang ministeryo, katulad ng sistema sa Lumang Tipan (I Cor. 9:13-14). Gumamit si Pablo ng iba't ibang halimbawa ng kaugaliang ito. Ang magsasaka ay suportado ng mga ani sa kanyang tanim. Ang pastol ay suportado mula sa kanyang mga kawan. Ang sundalo ay hindi gumagawa ng giyera sa kanyang sariling gastos.

Sinasabi ng apostol na nararapat lamang ang buong atensiyon ng pastor sa kanyang ministeryo. Ang mabisang paraan para sa kanya ay ang iwan ang ibang trabaho. (talatang 6). Sinabi ng apostol na dapat ring masuportahan ng ministeryo ang asawa ng pastor, pati na rin ang kanilang mga anak (talatang 5).

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 1 Timoteo 5:17-18 para sa grupo. Ano ang sinasabi sa atin ng pahayag na ito patungkol sa pinansiyal na tulong para sa ministeryo?

Ang mga matatanda sa iglesya na namumuno nang maayos ay dapat makatanggap ng dobleng pagpupuri. Ipinapakita sa talatang 18 na ang papuri ay sa pinansiyal na tulong.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Galacia 6:6 para sa grupo.

Ang taong nakikinabang sa ministeryo ay dapat tumulong sa pagsuporta sa ministeryo.

## Ang Karaniwang Simula ng Iglesya

Mula sa unang siglo ng iglesya, karamihan sa iglesya ay nagsimula sa maliit na grupo na nagtitipon sa mga tahanan. Wala pa ang mga simbahan sa unang dalawang daang taon, ngunit ang Kristiyanismo ay mabilis nang lumaganap. Sa malalaking lungsod, ilang libong tao ang dumadalo sa pagtitipon sa iglesya, ngunit nagtitipon sa maliliit na grupo sa mga tahanan.

Sa paglalakbay at pangangaral ni Pablo, ang kanyang pangunahing layunin ay makapagtayo ng iglesya sa lahat ng lugar. Kasama sa ganoong pamamaraan ang pagtatalaga ng mga pastor (Mga Gawa 14:23; Tito 1:5). Ang pastor sa bawat lugar ay isang tao na doon na namumuhay at kabilang na sa pagsasama-sama.

Karaniwang nagsisimula ng kanyang ministeryo ang pastor nang walang pinansiyal na tulong. Tinutulungan niya ang misyonero o nag-uumpisang magbahagi ng ebanghelyo ng walang misyonero dahil gusto niyang makatulong. Nagsisimula siyang ipakita ang kanyang kaloob na espirituwal at kakayahan para sa ministeryo. Ginagawa niya iyon hindi para sa bayad, ngunit dahil sa espirituwal na sigasig.

Sa pagkakabuo ng grupo ng mga mananampalataya, ang tungkulin ng pastor ay dumadami at umuubos ng mas maraming oras. Dapat tulungan ng grupo ang pastor upang maibigay niya ang kanyang oras sa ministeryo. Maaaring ang tulong ay hindi sapat sa simula, nguni't lalaki din ng unti-unti.

► Ano ang iyong sasabihin sa taong nagpahayag na nais niyang maging pastor ngunit naghihintay ng tulong pinansiyal?

## Mga Pasubali

Ipinaliwanag ni Pablo na ang plano ng Diyos ay ang mabigyan ng suporta ang mga pastor. Gayunman, kung minsan ang kanyang ministeryo mismo ay hindi kasama rito. Sa maraming lugar siya ay nagtatrabaho upang suportahan ang kanyang sarili. (1 Tesalonica 2:9; 2 Tesalonica 3:8).

Maaaring hindi kayang tulungan ng lubusan ng bagong iglesya ang kanilang pastor. Kapag pupunta ang isang misyonero sa isang bagong lugar upang magbahagi ng ebanghelyo, maaaring hindi sapat ang tulong sa kanya. Samakatuwid, ang tagapangaral ay dapat isang tao na magpapahayag dahil nais niyang sumunod sa tawag ng Diyos. Gagampanan niya ang ministeryo dahil iyon ang nasa puso niya, kahit hindi siya mabayaran.

Kung ang pastor ay hindi handang magtrabaho upang tulungan ang kanyang sarili at mangaral nang walang bayad kung kailangan, hindi niya taglay ang pagmamahal sa Diyos na dapat niyang taglay. Minsan ang tao ay gumagawa para sa pera ng hindi nila kayang gawin para sa Diyos. Dapat tayong magnais gawin ang lahat para sa Diyos. Kung nag-iisip ang pastor na higit siyang mahalaga para magtrabaho upang tulungan ang sarili, dapat niyang alalahanin ang halimbawa ni Pablo. Wala nang hihigit pang misyonero bukod kay Pablo, ngunit payag siyang gawin ang nararapat upang magampanan ang ministeryo.

Sinabi ni Pablo na ipinapangaral niya ang ebanghelyo dahil sa tawag ng Diyos. Nangangaral siya dahil kung hindi ay hindi malulugod ang Diyos. Ang tagapangaral ay mayroong natatanging tungkulin, at huhusgahan ng Diyos kung siya ay hindi susunod. (1 Corinto 9:16-17).

► Ano ang dapat motibasyon ng pastor para sa kanyang ministeryo?

Sinabi ni Apostol Pedro na ang matatanda ay ang pastol na nangangalaga sa kanyang kawan, na nagnanais na mapakain at mabantayan sila. Hindi dapat pera ang kanyang motibasyon. (1 Pedro 5:1-2).

Si Demas ay isang lalaki na tumulong kay Apostol Pablo, ngunit iniwan siya dahil sa pagmamahal sa makamundong bagay (2 Timoteo 4:10). Isipin ninyo ang pribilehiyo ni Demas na makasama sa gawain si Pablo sa unang henerasyon ng iglesya, ngunit iniwan niya ang ministeryo dahil sa materyal na bagay. May mga pastor na mas mahal ang mga bagay sa mundo higit sa pagmamahal sa Diyos. Ang ilan sa kanila ay iniiwan ang ministeryo, nguni’t ang iba ay ginagamit ang ministeryo upang makuha ang mga bagay sa mundo.

Ang isang karakter ng guro ng maling doktrina ay ang paggawa nila para sa pera. (Tito 1:11; 2 Pedro 2:3).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 2 Corinto 12:17-18 para sa grupo. Ano ang ating natutunan tungkol kina Pablo at Tito sa pahayag na ito?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Filipos 2:19-22 para sa grupo. Ano ang natutunan natin tungkol kay Timoteo sa pahayag na ito?

Ipinakita ni Pablo ang halimbawa ng paglilingkod dahil sa pagmamahal sa Diyos. Sumunod sina Timoteo at Tito sa kanyang halimbawa (Filipos 2:19-22; 2 Corinto 12:17-18).

## Pananagutan sa Pananalapi

Mahalaga na magkaroon ng pinansyal na pananagutan sa isang lokal na iglesya. Naging halimbawa si Apostol Pablo para sa atin. Noong siya ay tumatanggap ng pera mula sa isang iglesya na dadalhin sa ibang iglesya, mayroon siyang mga saksi at tinitiyak niya na wala siyang ginagawa ng walang nakakaalam (2 Corinto 8:20-21).

Hindi pinagkakatiwalaan ng mga tao ang taong namamahala sa pera. Iniisip nila na maraming tao ang nagnanakaw sa pera na kanilang pinamamahalaan. Naniniwala sila na maraming pastor ang naglilingkod lamang dahil sa pera. Mahalaga para sa isang lokal na iglesya na magkaroon ng sistema para sa pinansyal na pananagutan na magpapatunay na ang kanilang pastor ay mapagkakatiwalaan.

► Ano ang mga gawain na tumutulong sa iglesya na maipakita na ang mga kaloob ay nagagamit ng matapat?

Para sa pinansyal na pananagutan, ang mga kaloob ay dapat tipunin at bilangin ng maraming tao, hindi ng isa lamang. Bukod sa pastor dapat may ibang nag-iingat ng talaan kung paano nagagamit ang pera.

May ibang pastor na nagtuturo na ang lahat ng kaloob ay pag-aari nila. Hindi itinuturo ng Banal na Aklat na ang lahat ng kaloob ay mapupunta lamang sa pastor. Ang kaloob ay ginagamit sa maraming layunin (Deuteronomio 26:12).

Dapat tumulong ang pastor sa pamamahala kung paano magagamit ang kaloob at ikapu upang mapangalagaan ang ministeryo ng iglesya. Dapat maging bukas ang kongregasyon sa pagbibigay ng higit pa kung nakikita nila ang matapat na paggamit sa mga kaloob.

## Pitong nagbubuod ng mga pangungusap

(1) Ang ministeryo sa bagong lugar ay dapat magbigay-diin sa ebanghelyo upang makahikayat ng tamang tao.

(2) Ang ganap na iglesya ay hindi umaasa sa tulong mula sa labas o sa pamunuan.

(3) Ang mga samahan ay dapat tumulong sa iglesya sa paraan na hindi nito napapahina ang lokal na tulong.

(4) Ang mga samahan na nagbibigay tulong ay karaniwang nakakahadlang sa ministeryo ng iglesya at nagbubunga ng pagdepende sa tulong ng iba.

(5) Dapat suportahan ng iglesya ang kanilang pastor upang maibigay niya ang kanyang oras sa ministeryo.

(6) Dapat magkaroon ng sistema ang iglesya para sa pananagutan na magpapatunay ng kanilang katapatan.

(7) Ang pastor ay dapat may motibasyon ng pagmamahal niya sa Diyos at ng pagnanais na maglingkod.

## Aralin 8 Mga Takdang -aralin

(1) Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat magsulat ang mag-aaral ng talata tungkol sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (na may kabuuang pitong pangungusap). Dapat maipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ibibigay sa tagapanguna sa klase ang kanilang isinulat.

(2) Paalala: Dapat planuhin ng mag-aaral na magturo mula sa aralin sa mga taong hindi kasama sa klase, sa tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Pagsusulit: Dapat maghanda ang mag-aaral na magsulat mula sa kanilang ala-ala ng lima sa anim na dahilan ng pagsuporta ng lokal na iglesya at ang apat na polisiya sa pinansiyal ng pagmimisyon.

# Aralin 9
# Ang Ikapu

## Introduksiyon

Ang ikapu ay isang kontrobersiyal na paksa sa ilang mga lugar. May mga nag-iisip na ang ideya ng ikapu ay hindi tumutugma sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya. Iniisip nila na ito ay tila pagbabayad para sa kaligtasan. May ilang ayaw maging responsable sa pagsuporta sa iglesya. Ibinibigay lamang nila kung ano ang gusto nilang ibigay sa alinmang pagkakataon. Sa araling ito, titingnan natin ang biblikal na batayan at ang praktikal na layunin ng ikapu.

► Ano ang narinig ninyong sinasabi ng mga tao na dahilan laban sa pagbibigay ng mga ikapu?

## Ang Panginoon ng Lahat

Nauunawaan ng isang Kristiyano na ang Diyos ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay sa sanlibutan. Pag-aari tayo ng Diyos dahil siya ang Lumikha sa atin. Ginawa niya tayo, binigyan tayo ng mga kakayahan, at nilikha Niya ang lahat ng bagay-bagay na ginagamit natin. Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya, patuloy na umiiral sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, at umiiral para sa kanyang kaluwalhatian (Colosas 1:16-17)

Pag-aari rin tayo ng Diyos dahil sa pagtubos. Binayaran niya ang presyo para sa ating kaligtasan. Tinubos niya tayo mula sa paghatol na nararapat sa atin dahil sa kasalanan. Utang natin sa kanya ang ating mga buhay dahil namatay na si Hesus para sa atin (2 Corinto 5: 14-15).

Pag-aari rin tayo ng Diyos dahil sa pagpapalaya. Bilang mga makasalanan tayo ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas at ng kasalanan. Inaalis tayo ng kaligtasan mula sa kontrol ng kasamaan (Mga Gawa 26:18).

Dahil pag-aari tayo ng Diyos, ang lahat ng bagay na ating taglay ay pag-aari rin ng Diyos.

► Magbigay ng isang halimbawa kung paano mo pinamamahalaan ang iyong mga pag-aari para sa Diyos.

## Mga Tiyak na Direksiyon Mula sa Diyos

Kung minsan ipinapahayag ng Diyos ang kanyang pagmamay-ari sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tiyak na direksiyon para sa bahagi ng ating mga tinatangkilik. Kapag sinusunod natin ang direksiyon ng Diyos para sa bahaging iyon, ipinapakita natin na handa tayong sundin siya sa lahat ng bagay.

Halimbawa, nang ilagay ng Diyos sina Adan at Eba sa Garden ng Eden, ipinagbawal niya sa kanila ang pagkain mula sa isang tiyak na puno. Ang tiyak na kautusan ay nagbigay ng isang pagpapakita ng pagsunod.

Ang mga espesipikong hinihingi ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang ipakita ang pagsunod. Kung ang isang tao ay hindi sumusunod sa mga espesipikong direksiyon ng Diyos tungkol sa ilang bahagi ng kanyang buhay, nagpapakita ito na hindi siya sumusunod sa pangkalahatang direksiyon ng Diyos para sa iba pang bahagi.

May isang babae na nagreklamo sa isang pastor na hindi niya nauunawaan kung bakit hindi siya pinagpapala ng Diyos. Tinanong siya ng pastor kung sinusunod niya ang Diyos. Sinabi niya, "Oo, sinisikap kong gawin kung ano ang tama. Wala akong ibang alam na dapat kong gawin sa ibang paraan." Ipinaalala sa kanya ng pastor na hindi siya dumadalo sa iglesya. Sinabi ng pastor, "Maaaring hindi mo alam kung ano ang gusto ng Diyos na gawin mo sa ibang mga araw, subali't nalalaman mo kung ano ang gusto niyang gawin mo sa araw ng Linggo. Kung hindi mo ginagawa kung ano ang alam mong tama sa araw na iyon, marahil hindi mo rin sinusunod ang Diyos sa iba pang mga araw."

Mayroong ilang halimbawa sa Biblia ng mga pagkakataon na nagbigay ang Diyos ng mga espesipiko na direksiyon tungkol sa isang aspeto ng buhay ng isang tao. Nagbigay ang Diyos ng mga gantimpala para sa pagsunod at mga parusa para sa pagsuway. Ang mga gantimpala at parusa ay nakaapekto hindi lamang sa parte ng kanilang buhay na nasa ilalim ng pangangailangan. Ang kanilang pagpili ay nakaapekto sa bawat bahagi ng kanilang buhay.

## Mga Halimbawa ng mga Espesipiko na Direksiyon

### (1) Ang ipinagbabawal na puno sa Garden ng Eden

Sinabi ng Diyos kina Adan at Eba na huwag kumain mula sa isang espesipikong puno. Hanggang sa kanilang pagsuway, sila ay pinagpala at namuhay sa presensiya ng Diyos. Nang labagin nila ang pagbabawal sa nag-iisang puno, nawala ang kanilang kalayaang pumasok sa Eden, nasira ang kanilang relasyon sa Diyos, at naghatid ng sumpa sa buong sanlibutan. (Genesis 3:17-19).

### (2) Ang Ikapitong Araw

Nagbigay ang Diyos ng mga paghihigpit para sa araw ng Sabbath. Ang isang taong hindi sumusunod sa direksiyon ng Diyos para sa araw na iyon ay nagpapakita na hindi rin siya sumusunod sa ibang araw. Ang pagsuway ay nagdala ng sumpa mula sa Diyos na nakaapekto sa lahat ng bahagi ng buhay. (Isaias 58:13).

### (3) Ang Jericho

Ang Jericho ang unang lungsod na winasak ng Israel nang sila ay pumasok sa Lupang Pangako. Sinabi sa kanila ng Diyos na ang lahat ng bagay mula sa Jericho ay itatalaga sa

Diyos. Ang ibang mga lungsod ay walang ganitong kinakailangan, subali’t nagbigay ang Diyos ng espesyal na direksiyon para sa Jericho. Ang pasuway ay nagbunga ng pagkatalo sa labanan, ang kamatayan ng tatlumpu’t anim na lalaki, at ang kamatayan ng isang pamilya (Josue 7:5).

**(4) Si Saul at ang mga Amalecita**

Sinabi ng Diyos kay Haring Saul ng Israel na wasakin ang bansang Amalek at patayin ang lahat ng tao at mga hayop. Subali’t itinira ni Saul ang ibang buhay. Sinabi niya na sinunod niya ang Diyos, kahit na hindi niya tinupad ang espesipikong na kautusan. Itinakwil ng Diyos si Saul bilang hari. (1 Samuel 15:3, 9, 20-23).

**(5) Sabbath Para sa Lupain**

Ang lupain ay itinakdang mamahinga sa ikapitong taon. Sinuway ng mga tao ang Diyos at hindi sinunod ang Sabbath para sa lupain. Kung ang isang magsasaka ay hindi sumunod sa Diyos sa ikapitong taon, marahil hindi rin siya sumusunod sa Diyos sa ibang mga taon. Nang sumuway ang mga tao, pinahintulutan ng Diyos na lubusang mawala sa kanila ang kanilang lupain. Natupad ang Sabbath para sa lupain sa pitumpung taon ng pagkabihag. (2 Cronica 36:21).

**(6) Mga Unang Bunga**

Dapat ibigay ng mga Israelita sa Diyos ang mga unang bunga ng kanilang lupain. Kung sila ay susunod, pinagpapala ng Diyos ang produksiyon ng kanilang bukirin. (Kawikaan 3:9-10). Ang pagpapala ay hindi lamang sa bahaging kanilang ibinigay, ito ay para rin sa kabuuan ng kanilang ani. Kung hindi nila tinutupad ang hinihingi, hindi pinagpapala ang lupain.

Kung hindi ibinibigay ng isang tao ang bahaging hinihingi ng Diyos, hindi rin siya sumusunod sa Diyos sa iba pang bahagi.

**(7) Ang ikapu**

Iniutos ng Diyos na ibigay ang ikapu (10%). Kung hindi ito ibinibigay ng isang tao, ipinapakita niya na ang kanyang pananalapi ay hindi isinuko sa Diyos. Hindi rin niya ginagamit ang siyamnapung porsiyento (90%) para sa kaluwalhatian ng Diyos. Pagpapalain ng Diyos ang mga ari-arian ng sinumang nagbibigay ng ikapu (Malakias 3:10). Kung ang isang tao ay hindi nagbibigay ng suporta sa ministeryo, ang lahat ng kanyang tinatangkilik ay may sumpa (Haggai 1:6).

Isang may-ari ng tindahan ang umalis upang maglakbay. Bago siya umalis, sinabi niya sa kanyang tauhan, “Pag-ingatan mo ang tindahan, at tiyakin mong walisan ang sahig.” Nang siya ay bumalik, ang sahig ay hindi nawalisan. Sinabi ng tauhan, “Iningatan ko po ang tindahan para sa inyo.” Sinabi ng may-ari, “Dahil hindi mo ginawa ang isang tiyak na bagay na aking iniutos, alam ko na sa lahat ng iyong mga ginagawa, binigyang lugod mo ang iyong sarili sa halip na ako.”

► Paano ipinapakita ng isang tao na siya ay sumusunod sa Diyos?

## Ang Orihinal na mga Layunin ng Ikapu

► Saan ginagamit ang ikapu?

Ang pagiging saserdote sa Lumang Tipan ay suportado ng mga ikapu (Mga Bilang 18:20-21). Ang mga Levita, ang lipi ng mga saserdote, ay hindi binigyan ng kabahagi sa lupain (Deuteronomio 18:1-4). Sila ay suportado sa pananalapi para sa kanilang ministeryo sa templo. Ang plano ng Diyos para sa mga Levita ay maglaan ng kanilang panahon sa ministeryo at hindi makilahok sa negosyo.

Ang ikapu ay ginagamit upang suportahan ang pagsamba sa templo at sa mga nakatalaga para dito. Ginagamit din ang ikapu sa mga pagdiriwang para sa pagsamba ng komunidad, kung saan ang mga mahihirap ay inaanyayahan (Deuteronomio 12: 17-18, 14: 22-29). Ginamit ang ikapu upang tulungan ang mga mahihirap, ang mga balo, at ang mga banyagang nakikipanirahan (Deuteronomio 26:12).

► Ano ang mga pagkakaibang nakikita mo sa paggamit ng ikapu sa panahong ito?

Pagkatapos nilang malaman na matapat silang nagbigay ng kanilang ikapu, ang bayan ng Israel ay maaaring manalangin para sa mga pagpapala ng Diyos (Deuteronomio 26:12-15). Ang pagtatago ng ikapu ay pagnanakaw sa Diyos, subali't ang pagkakaloob ng ikapu sa "kaban ng Diyos" ay maghahatid ng pagpapalang halos walang paglagyan (Malakias 3:8-10).

► Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagsasabing labis siyang naghihirap upang makapagbigay ng ikapu?

## Modernong Kaugnayan ng Ikapu

May mga taong nagsasabi na ang pagbibigay ng ikapu ay isang sistema na para lamang sa Lumang Tipan.

► May mga dahilan ba upang paniwalaan na ang sistema ng pagbibigay ng ikapu ay hindi isang pansamantalang kahilingan lamang sa Lumang Tipan?

### (1) Abraham

Nagbigay ng ikapu si Abraham kay Melchizedek matagal na panahon bago pa ibigay ang batas ni Moses sa Israel. Ipinakikita nito na ito ay isang pangkalahatang prinsipyo na bago pa dumating si Moses. Hindi nagsimula ang pagbibigay ng ikapu sa batas ng Lumang Tipan, ito ay isang prinsipyo mula pa sa simula.(Genesis 14:20; Hebreo 7:4).

**(2) Jacob**

Nangako si Jacob na magbibigay ng ikapu sa Diyos. (Genesis 28: 20-22) kahit na hindi pa naibibigay ang batas ni Moses. Alam ni Jacob na isang prinsipyo na ang pagbibigay sa Diyos.

**(3) Hesus**

Pinatotohanan ni Hesus ang pagbibigay ng ikapu at hindi niya sinabi na iyon ay para lamang sa nakaraang panahon. (Mateo 23:23).

**(4) Pablo**

Sinabi ni Pablo sa mga miyembro ng iglesya na magbigay "sa unang araw ng linggo" ayon sa kanilang kinikita. (1 Corinto 16:2). Samakatuwid, sila ay dapat magbigay ng porsiyento ayon sa kanilang tinatanggap. Ang gabay na ika-sampung porsiyento sa Lumang Tipan ay nagpapakita sa atin kung ano ang itinuturing ng Diyos bilang karampatang porsiyento. Walang dahilan upang isipin na nagbago na ang pasya ng Diyos.

> "Ngayon kung minsan nakaririnig tayo ng nagsasabi nang may pagkagulat, 'Ang taong iyon ay nagbibigay ng ikapu!' Malaking kahihiyan ito, ang tanong ko, na noon para sa mga Hudyo ay kamangha-mangha o dapat ipagbunyi, sa ngayon ay naging isang nakakagulat na bagay para sa mga Kristiyano. Kung isang mapanganib na bagay ang kabiguang magbigay ng ikapu noon, tiyak na mas higit na mapanganib ito ngayon."
> - John Chrysostom
> sa sermon sa Efeso,
> (isinulat bago A.D. 400)

**(5) Ngayon**

Plano pa rin ng Diyos na sinumang nasa full-time ministry ay patuloy na suportahan sa pinansiyal ng kanilang ministeryo. "Ang mga nangangaral ng ebanghelyo ay dapat mamuhay mula sa ebanghelyo." Hindi plano ng Diyos na magtrabaho ang mga pastor at suportahan ang kanilang sarili at hindi magkaroon ng panahon upang iukol sa kanilang ministeryo. Sinasabi ng 1 Corinto 9:11-14 na ang taong nagbibigay ng espirituwal na benepisyo ay dapat tumanggap ng pinansiyal na benepisyo mula sa kanyang mga pinaglilingkuran. Ipinapakita ng 2 Corinto na ang mga iglesya ay karaniwang sumusuporta sa pinansiyal kay Pablo habang siya'y nagmiministeryo sa kanila.

## Mga Polisiya ng Iglesya

Dapat asahan ang pagbibigay ng ikapu mula sa mga matapat na miyembro ng iglesya. Hindi dapat magturo ang iglesya ng tungkol sa ikapu sa mga taong hindi pa ligtas.

Ang isang taong unang beses pa lang dumalo sa iglesya ay hindi dapat magkaroon ng pakiramdam na siya ay may obligasyon na magbigay ng pera sa iglesya.

Hindi dapat kumulekta ang isang iglesya ng ikapu mula sa mga taong bumibisita sa iglesya at hindi pa nagtatalaga ng sarili sa iglesya.

Dapat tiyakin ng iglesya na hindi iniisip ng mga tao na ang pagbibigay ng ikapu ay bahagi ng kaligtasan. Walang sinumang dapat mag-isip na makakatulong ang ikapu upang maligtas ang sinuman.

Ang iglesya ay dapat magministeryo sa kongregasyon at sa komunidad nang hindi nanghihingi ng kabayaran.

Dapat malaman ng lahat ng miyembro kung paano ginagamit ang pera ng iglesya. Dapat sumunod ang iglesya sa maingat na pamamaraan ng pamamahala sa pera upang malaman ng lahat na ito ay matapat na naisasagawa.

> "Ang ikapu ay dapat bayaran, anuman ang iyong hanapbuhay."
> - Augustine

Hindi sariling pag-aari ng pastor ang ikapu. Ang ikapu ay dapat isuporta sa mga ministeryo ng iglesya. Gayunman, ang pagsuporta sa pastor ay dapat maging pangunahing gawain para sa iglesya.

### Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang Diyos ang nagmamay-ari sa atin at sa lahat ng ating tinatangkilik.

(2) Ang pagbibigay ng ikapu ay pagtatalaga ng sarili kapwa sa iglesya at sa Diyos.

(3) Ang isang taong hindi nakahandang magbigay ng ikapu ay hindi rin sumusunod sa Diyos sa kanyang pananalapi sa pangkalahatan.

(4) Hindi pambayad sa kaligtasan ang ikapu.

(5) Ang ikapu ang plano ng Diyos upang suportahan ang ministeryo ng iglesya.

(6) Pinagpapala ng Diyos ang pagbibigay ng ikapu at mga sakripisyong pagkakaloob.

(7) Ang pagbibigay ng ikapu ang ating pagtatalaga ng sarili upang magtiwala sa probisyon ng Diyos.

**Aralin 9 Mga Takdang -aralin**

(1) Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat sumulat ang mag-aaral ng isang talata tungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (May kabuuang pitong mga Talata). Dapat ipaliwanag ng talata kung ano ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat isulat ito ng mag-aaral sa paraan kung paano niya ito ipapaliwanag sa isang hindi kabilang sa klase. Ang isinulat ay dapat ibigay sa tagapanguna sa klase.

(2) Paalala: Dapat magplano ang mag-aaral upang magturo ng alinmang paksa mula sa kurso sa mga taong hindi kabilang sa klase, sa tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Takdang-Araling Panayam: Tanungin ang ilang miyembro ng iglesya kung sila ay nagbibigay ng ikapu, at bakit nila ito ginagawa o hindi ginagawa. Sumulat ng isang pagbubuod.

# Aralin 10
# Bautismo

## Ang Pinagmulan ng Kaugalian ng Bautismo

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 3:1-12 para sa grupo.

Sa Bagong Tipan, tayo ay ipinakilala sa konsepto ng bautismo sa pamamagitan ng ministeryo ni Juan Bautista. Gayunman, hindi inimbento ni Juan ang kaugalian ng bautismo. Binautismuhan ng mga Pariseo ang mga Hentil na nahikayat na sa Judaismo. Hindi nagbautismo ng mga Hudyo ang mga Pariseo dahil inakala na nilang ang mga Hudyo ang tunay na bayan ng Diyos. Iba ang pamamaraan ni Juan sa kaugaliang ito dahil nagbautismo siya ng mga Hudyo.

► Sino ang tinanggihan ni Juan upang bautismuhan? Bakit? Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa pangangailangan para sa bautismo?

May ilang Pariseo ang dumating upang magpabautismo kay Juan, subali't tinanggihan niya sila dahil hindi pa sila nagsisisi.

Iniisip ng mga Pariseo na hindi nila kinakailangang magsisi at mapatawad dahil sila ay mga Hudyo. Nais ni Juan na maunawaan nila na ang tunay na bayan ng Diyos ay ang mga nagmamahal at naglilingkod sa kanya. Ang mga taong nag-aangkin na sila ay bayan ng Diyos dahil sila ay ipinanganak na mga Hudyo ay katulad ng mga punongkahoy na hindi namumunga. Tinatanggihan sila ng Diyos.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Juan 3:22-23 at 4:1-2 para sa grupo.

Malinaw na binigyang-diin ni Hesus ang bautismo sa kanyang ministeryo. Hindi si Hesus mismo ang nagbabautismo, kundi ibinigay niya ang tungkuling iyon sa kanyang mga disipulo. Mas marami pa ang nabautismuhan nila kaysa kay Juan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 28:18-20 para sa grupo.

Sa katapusan ng ministeryo ni Hesus sa lupa, sinabi niya sa mga disipulo na magtungo sa lahat ng dako sa mundo at gumawa ng mga disipulo. Sinabi niya sa kanila na magbautismo.

Alam natin na ang utos na ito ay hindi lamang para sa mga apostol, dahil tatagal ng daang taon bago matapos ang misyon. Ipinangako ni Hesus na sasamahan niya sila "hanggang sa dulo" na nagpapakita na ang utos at ang pangako ay para sa iglesya sa lahat ng henerasyon.

Makikita natin mula sa mga sulat sa Bagong Tipan na literal na sinunod ng iglesya sa unang siglo ang utos na ito. (Mga Gawa 2:38, 8:38).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 1:12-17 para sa grupo. Bakit masaya si Pablo na hindi siya personal na nagbautismo ng maraming tao sa Corinto?

Ang bautismo ay kumakatawan sa pagpasok sa isang iglesya. Ang iglesya sa Corinto ay nahati at ang mga miyembro nito ay sumusunod sa iba't-ibang tagapanguna. Ipinaalaala sa kanila ni Pablo na ang bautismo ay hindi nangangahulugan na sila ay naging tagasunod ng isang tiyak na tao; ito ay nangangahulugan na sila ay naging tagasunod ni Kristo. Ikinatuwa niya na hindi siya personal na nagbautismo sa marami sa kanila, upang walang mag-isip na nais niya silang maging kanyang personal na mga tagasunod. Ang prayoridad ni Pablo ay ang ipangaral ang ebanghelyo.

► Ano ang sinasabi ng passage na ito tungkol sa karaniwang pagsasagawa ng bautismo sa unang iglesya?

Sinasabi ng talatang ito na ang unang iglesya ay nagbautismo ng mga mananampalataya sa lahat ng lugar. Sinusunod nila ang utos ni Hesus. Ang bautismo ay hindi lamang para sa mga tao sa Israel. Ito ay hindi isang pansamantalang kaugalian. Ito ay isinasagawa sa lahat ng lugar kung saan nagtutungo ang ebanghelyo.

Mula pa sa simula, ang iglesya ay nagsagawa na ng bautismo bilang pampublikong patotoo na ang isang makasalanan ay nagsisi at pumasok na sa pagsasama-sama ng mga mananampalataya.

Para sa karamihan sa mga tao, ang bautismo ay hindi ang pagkakataon kung kailan sila nagiging Kristiyano. Ang isang makasalanang nagsisisi ay naliligtas sa sandaling inilalagak niya ang kanyang pananampalataya kay Kristo. Pagkatapos niyang maligtas, dapat niyang tuparin ang utos na magpabautismo bilang pagpapatunay ng kanyang bagong buhay ng pagsunod kay Hesus bilang kanyang Panginoon. May mga tao na nabubukod, dahil sa sandali ng bautismo sila naglalagak ng pananampalataya at nakararanas ng pagbabalik-loob. Subali't sa karaniwan, ang bautismo ay ang patotoo na nagkaroon na ng pagliligtas.

> "Ang bautismong Kristiyano ay isang taimtim na sakramento na nangangahulugan ng pagtanggap sa mga benepisyo ng pagtubos ni Hesu Kristo, at ito ay isang pangako na may lubos na layunin ng pagsunod sa kabanalan at katwiran"
> - Wiley & Culbertson, *Introduction to Christian Theology*

► Ano ang iyong sasabihin sa isang tao na nagsasabing siya ay naging Kristiyano nang siya ay mabautismuhan?

## Isang Pagkakamali na Dapat Iwasan: Pag-iisip na ang Bautismo ay Bahagi ng Pagbabalik-loob

May mga tao na nagbibigay kahulugan sa ilang talata sa Kasulatan na nagsasabing ang bautismo ay bahagi ng kaligtasan. Naniniwala sila na ang isang tao ay hindi tunay na ligtas hanggang sa siya ay mabautismuhan. Sinabi ni Ananias kay Saulo, "tumayo ka at

magpabautismo, upang mahugasan ang iyong mga kasalanan" (Mga Gawa 22:16). Gayunman, ang ating mga kasalanan ay hinuhugasan sa pamamagitan ng dugo ni Kristo (1 Juan 1:7). Ang paghuhugas ng tubig ay kumakatawan lamang sa isang katotohanang espiritual. Sinasabi ni Ananias kay Saul na dapat niyang gawin ang pisikal na pagpapahayag ng hakbang ng pananampalataya. Ang bautismo ang patotoo na ang kanyang mga kasalanan ay nahugasan na.

Sa Hebreo 10:22, sinabi na ang mga mananampalataya ay dapat lumapit sa Diyos "sapagkat nilinis na ang ating mga puso at hinugasan na ng dalisay na tubig ang ating mg katawan." Marahil ang tubig ay tumutukoy sa bautismo. Hindi ito lubusang tiyak. Gayunman, kahit na ito nga ay tumutukoy sa bautismo, hindi sinasabi ng talata na inililigtas tayo ng bautismo. Simple lang na sinasabi nito na dapat nating sundin ang utos ng Diyos na magpabautismo tayo.

Sinabi ni Hesus kay Nicodemo na ang isang tao ay dapat "ipanganak sa tubig at sa Espiritu" sa Juan 3:5. Ang pangungusap na ito ay kasunod ng kanyang pahayag na ang isang tao ay dapat ipanganak na muli, na nakalilito kay Nicodemo. Iniisip ni Nicodemo ang pisikal na kapanganakan. Sinasabi ni Hesus na ang isang tao ay dapat ipanganak hindi lamang sa pisikal, kundi sa espirituwal, upang makapasok sa kaharian ng langit. Ang "ipanganak sa tubig" ay ang pisikal na kapanganakan.

### Binyag sa pagsunod kay Cristo

Ang bautismo ay hindi isang gawaing gagawin ng isang tao upang maging karapat-dapat siya sa kaligtasan o mabayaran niya ang kaligtasan. May mga tao na nagtuturo na dahil ang bautismo ay hindi isang gawaing nagbubunga ng kaligtasan, hindi natin iyon dapat isagawa. Sila ay nag-aalala na baka ilagay ng mga tao ang kanilang pananampalataya sa bautismo sa halip na sa biyayang ipinagkaloob sa pagbabayad-sala. Gayunman, anumang utos ni Kristo ay dapat sundin, at hindi natin dapat isipin na ang ating pagsunod sa utos ng Diyos ay nakakabayad para sa ating kaligtasan.

### Ang binyag bilang isang ibig sabihin ng biyaya

Maaari nating tawagin ang bautismo bilang isang paraan ng pagtanggap ng biyaya. Hindi ito nangangahulugan na ito ay nagliligtas sa atin, o ang kilos na ito ay awtomatikong nagbibigay ng biyaya. Kung ang isang tao ay binautismuhan nang walang pananampalataya, wala itong halaga. Ang bautismo ay isang paraan ng biyaya dahil ito ay isang pagkilos na idinisenyo ng Diyos para sa atin. Kapag ginagawa natin ito bilang pagsunod at pananampalataya, kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ating mga puso upang itatag tayo sa buhay Kristiyano.

► Bakit kailangan tayong mabautismuhan?

## Mga Simbolong Teolohikal

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 6:3-11 para sa grupo. Ano ang sinisimbolo ng bautismo ayon sa talatang ito sa Kasulatan?

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang bautismo ay sumisimbolo sa kamatayan, pagkalibing at muling pagkabuhay ni Kristo. Kapag ang isang mananampalataya ay nabautismuhan, nagpapatotoo siya na siya ay nakikiugnay sa pagtubos na ipinagkaloob ni Kristo. Ginamit rin ng apostol ang pangungusap na tayo ay "binautismuhan kay Kristo Hesus."

Sa kaligtasan, tinatanggap natin ng mga benepisyo ng kamatayan ni Kristo; subali't, sa espesyal na kahulugan, nakikihati rin tayo sa kanyang kamatayan. Namatay si Hesus dahil sa kasalanan, hindi sa kanyang sariling kasalanan, kundi sa kasalanan ng mundo. Gayundin naman, sa kaligtasan namamatay tayo sa kasalanan, dahil pinagsisisihan natin ang mga iyon at iniiwan iyon.

> "Ang biyayang kailangan natin ay wala sa tubig, kundi sa gawain ng Banal na Espiritu na kinakatawan ng paggamit sa bautismo; hindi sa tinapay at alak, kundi sa pagbabayad-utang na kumakatawan sa paggamit ng mga ito bilang mga sakramento"
> - John Miley,
> *Systematic Theology*

Ang paksa ng Roma 6 ay tagumpay laban sa kasalanan. Hindi ito tumutukoy sa kapatawaran lamang. Malinaw na ang mananampalataya ay nararapat lamang na maging malaya mula sa kontrol ng kasalanan (12-14) at hindi na magpatuloy sa kasalanan (1).

Sa kaligtasan nakikibahagi tayo sa muling pagkabuhay ni Hesus. Kung paanong siya'y muling bumangon mula sa mga patay, nagsisimula tayo ng bagong buhay kapag tayo'y namatay sa kasalanan. Nagsisimula tayo ng buhay na matagumpay at malaya sa kasalanan.

## Ang Usapin sa Pamamaraan ng Bautismo

Ang tanong tungkol sa paraan ay ito: ang isang mananampalataya ba ay dapat bautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog, pagbubuhos o pagwiwisik?

Ang karamihan sa mga Kristiyano sa buong mundo na nagsasagawa ng pagbabautismo ng mga mananampalataya ay nagsasagawa nito sa pamamagitan ng paglulubog.

Mayroong ilang dahilan kung bakit maraming Kristiyano ang naniniwala na ang paglulubog ang siyang tamang paraan ng pagbabautismo.

(1) Ang salitang *baptizo* ay galing sa salitang Griyego na nangangahulugan ng ilubog o ilublob.

(2) Ang bautismo ay sumisimbolo sa kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay ni Kristo, na pinakamabuting inilalarawan ng paglulubog. (Roma 6:3-5).

(3) Sa Biblia, ang mga tao ay lumusong sa tubig upang magpabautismo. (Marcos 1:10, Mga Gawa 8:38).

(4) Ang unang iglesya ay nagsagawa ng paglulubog maliban na lang kung hindi maaari dahil sa masamang kalusugan o kaya'y kakulangan sa tubig. Ang *Didache*, isang buod ng mga katuruan ng mga apostol na isinulat mga taong A.D.70 ang nagsasabi na ang isang mananampalataya ay maaaring bautismuhan gamit ang ibinubuhos na tubig kung walang maraming tubig.

Dahil sa mga dahilang ito, maraming Kristiyano ang naniniwala na ang paglulubog ang naaayon sa Biblia at pangkasaysayang paraan ng pagbabautismo.

May ilang Kristiyano ang naniniwala na may ibang paraan ng bautismo pa ang ayon sa kasulatan. Inilalarawan ng Lumang Tipan ang mga seremonya ng pagwiwisik na kumakatawan sa pagtubos. Tinutukoy rin ng Bagong Tipan ang pagwiwisik ng dugo. Dahil ang pagwiwisik ng dugo ay maaaring maging simbolo ng pagtubos, maaaring posible rin ang bautismo sa pamamagitan ng pagwiwisik. (Para sa reperensiya sa Biblia tungkol sa pagwiwisik tingnan ang Exodo 24:8; Hebreo 9:19-20,10:22, 12:22-24; Mga Bilang 8:6-7; Isaias 52:15; Ezekiel 36:25; at 1 Pedro 1:2.)

Dahil ang Biblia ay hindi kailanman nagbibigay ng tiyak na pahayag kung aling paraan ng bautismo ang kailangan, dapat tayong maging maunawain sa mga Kristiyanong may ibang palagay tungkol sa usaping ito.

## Ang Usapin ng Pagbabautismo ng mga Sanggol

Ang iglesya ay isang komunidad ng mga mananampalataya na nabubuhay sa isang pangako sa Diyos. Kapag ang isang makasalanan ay nagsisisi at pumapasok sa komunidad ng pananampalataya, ang bautismo ang pampublikong testimonya ng kanyang pagbabalik-loob.

Subali't paano naman ang isang sanggol na isinilang sa mga Kristiyanong magulang na nasa iglesya na? Ang sanggol ay bahagi ng komunidad ng pananampalataya. Ang bata ay tinatanggap ng Diyos hanggang siya ay may sapat nang gulang upang gumawa ng pagpili tungkol sa pagbabalik-loob.

May mga iglesya na naniniwala na ang isang sanggol ay dapat bautismuhan bilang tanda na siya ay nasa komunidad ng pananampalataya. Kung tinatanggap ng isang bata ang mga doktrina ng iglesya kapag mayroon na siyang sapat na gulang, ang mga iglesyang ito ay may seremonya na tinatawag na "kumpil". May mga iglesya na hindi iniisip na kinakailangan ang pagbabalik-loob, dahil ang bata ay isinilang sa iglesya at tinanggap kung ano ang itinuro sa kanya. (Halimbawa nito ang Simbahang Romano Katoliko, ang Iglesyang Lutheran, at ang Iglesya ng Ingglatera). Ang ibang iglesya na nagsasagawa ng pagbabautismo ng mga sanggol ang naniniwala nas mahalaga ang pagbabalik-loob. (Halimbawa, ang mga unang Methodista na pinangunahan ni John Wesley ay naniniwala na ang pagbabalik-loob ay kinakailangan kahit pa ang taong iyon ay binautismuhan na noong sanggol pa siya.)

May mga naniniwala na ang pagtutuli ay nagsilbi ng parehong layunin sa Lumang Tipan. Ang isang bata ay tinutuli bilang simbolo na siya ay kabilang na sa pangako. Hindi niya kailangang maghintay hanggang sa siya ay may sapat nang gulang upang maunawaan kung ano ang kahulugan ng tipan.

Ang unang iglesya ay tila nagsagawa rin ng pagbabautismo ng mga sanggol. Sumulat si Hipolito tungkol sa tradisyon ng mga apostol noong A.D. 212 at sinabi na ang mga bata ay dapat bautismuhan; at kung napakabata pa nila upang magsalita, ang kanilang mga magulang ang siyang magsasalita para sa kanila. Isinulat ni Origen noong A.D. 248 na ang mga apostol ay nagsagawa ng bautismo ng mga sanggol. Isinulat ni Agustin, noong taong A.D. 400 na ang pagbabautismo ng mga sanggol ay isinagawa ng buong iglesya simula pa sa panahon ng mga apostol at hindi pa siya nakaririnig ng sinumang tao na tumangging magbautismo ng mga sanggol.

Sa aklat ng Mga Gawa, kung minsan ang mga apostol ay nagbabautismo ng buong pamilya (11:14; 16:15, 33). Maaari nating ipalagay na binautismuhan din nila ang mga bata.

**Mga Pagtutol sa Pagbabautismo sa mga Sanggol**

(1) Sa Bagong Tipan, ang mga mananampalataya ay binautismuhan pagkatapos ng pagpapatotoo ng pananampalataya. Sila ang mga taong nagsisi at sumampalataya sa ebanghelyo. Walang mga direksiyon tungkol sa pagbabautismo ng mga sanggol.

(2) Ang pagbabautismo ng mga sanggol ay hindi makatutupad sa orihinal na layunin ng pagpapatotoo na ang mananampalataya ay namatay na sa kasalanan at nabubuhay na para sa Diyos.

(3) Ang pangkasaysayang resulta ng pagbabautismo ng mga sanggol sa maraming lugar ay ang pagbuo ng mga kongregasyon ng mga hindi pa nagbalik-loob na mga tao na nag-iisip na sila ay mga Kristiyano.

Sa halip na bautismuhan ang mga sanggol, may mga iglesya na may seremonya para sa mga sanggol na tinatawag nilang "Paghahandog." Sa seremonyang iyon, itinatalaga ng mga magulang ang kanilang anak sa Diyos at ipinapangako na palalakihin ito na may pagtuturong Kristiyano. Sa mga iglesyang iyon, hindi isinasagawa ang bautismo hanggang ang bata ay magkaroon ng sapat na gulang upang maunawaan ang pagsisisi at pananampalataya.

Sa pangangaral sa mga taong binautismuhan habang sanggol pa, hindi kinakailangang pawalang-halaga ang kanilang bautismo. Sa halip, ipangaral sa kanya na ang isang tao ay hindi maliligtas kung walang pagsisisi at nakapagliligtas na pananampalataya. Kung ang isang tao ay nabubuhay sa kasalanan, ang kanyang bautismo ay hindi dahilan upang isipin na siya ay isang Kristiyano.

## Ang Usapin ng Panahon

► Gaano katagal ang dapat hintayin ng iglesya bago bautismuhan ang isang nagbalik-loob?

Sa Bagong Tipan, ang mga nagbalik-loob ay agad na binautismuhan. Ang bautismo ay hindi kumakatawan sa lebel ng pagiging matatag o kaalaman.

May mga iglesya na ang mga nagbalik-loob ay kinakailangan munang dumaan sa isang panahon ng pagtuturo at paglagong Kristiyano bago sila bautismuhan. Nais muna nilang makatiyak na ang nagbalik-loob ay mabubuting halimbawa ng pagiging Kristiyano. Nais muna nilang makita na namumuhay sila ng buhay Kristiyano nang ilang panahon upang mas kaunti lamang sa kanila ang muling nawawala pagkatapos ng bautismo.

Ang bautismo ay isang patotoo na ang isang tao ay nagbalik-loob na. Hindi ito isang paghahayag ng espirituwal na pagiging matatag o kaalaman. Samakatuwid, ang bautismo ay dapat agad pagkatapos ng pagbabalik-loob. Ang pagpapaliban ay tila pagsasabi na hindi natin alam kung ang taong ito ay tunay na nagbalik-loob na. Nagpapakita ito ng pagdududa sa kanyang patotoo, na maaaring magpahina sa kanya sa kanyang sariling pananampalataya.

Ang bautismo ay isang paraan din ng biyaya, dahil habang sumusunod ang isang tao nang may pananampalataya at gumagawa ng pampublikong pagpapahayag, binibigyan siya ng Diyos ng biyayang nagpapatatag. Kung pinaghihintay natin ang isang nagbalik-loob bago siya bautismuhan, ipinagkakait natin sa kanya ang tulong na ito sa panahong kailangang-kailangan niya.

Kung tila hindi nauunawaan ng isang tao ang ebanghelyo at hindi nagpapakita ng pagbabago bunga ng biyaya, hindi siya dapat bautismuhan. Kung taglay niya ang mga kuwalipikasyong iyon, dapat siyang bautismuhan sa lalong madaling panahon bilang paraan ng pagpapalakas sa kanyang pananampalataya.

## Ang Usapin ng Ipinagpaliban na Bautismo

Kung minsan may mga tao na nagpapahayag na sila ay Kristiyano subali't nagnanais na ipagpaliban ang kanilang bautismo. Sinasabi nila na sumampalataya na sila sa ebanghelyo at nagsisi, subalit hindi pa nila nais na magpabautismo. Kung minsan nagpapaliban sila ng maraming taon. Kung minsan may mga taong naghihintay pa hanggang sa malapit na silang mamatay.

Kung ang isang tao ay hindi payag na mabautismuhan, madalas na may pagtatalaga ng sarili na nakaugnay sa bautismo na hindi siya payag na gawin. Marahil ayaw niyang magtalaga ng sarili sa iglesya. Marahil mayroong kasalanan na hindi pa niya tunay na itinitigil. Marahil ayaw niyang ipahayag sa publiko na siya ay isang Kristiyano.

Kung siya ay tunay na nagbalik-loob, ang isang tao ay Kristiyano na bago pa man siya bautismuhan. Hindi niya kailangan ang bautismo upang maging isang Kristiyano.

Gayunman, kung hindi siya pumapayag na lubusang magsisi sa kasalanan at magpatotoo kay Kristo, hindi pa siya isang Kristiyano.

► Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagsasabing siya ay Kristiyano subali't ayaw namang magpabautismo?

## Ang Usapin ng Pangalan

► Ano ang dapat sabihin ng pastor habang binabautismuhan niya ang isang nagbalik-loob?

Nang ibigay ni Hesus sa mga alagad ang Dakilang Pagsusugo, sinabi Niya sa kanila na magbautismo "sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu" (Mateo 28:19).

Ang pagbabautismo "sa pangalan" ng Trinidad ay nangangahulugan ng bautismo sa ilalim ng kanilang awtoridad. Ginamit ni Hesus ang salitang *pangalan* katulad nang sabihin niya na hindi siya dumating sa kanyang sariling pangalan (Juan 5:43).

May ilang iglesya ang naniniwala na ang isang pastor na nagbabautismo ay dapat magsabi na, "Binabautismuhan kita sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu." Ang ibang iglesya naman ay naniniwala na ang wastong paraan ng pagbabautismo sa ilalim ng awtoridad ng lahat ng tatlong Persona ng Trinidad ay ang pagsasabi ng, "Binabautismuhan kita sa pangalan ni Hesus."

Sa Bagong Tipan, makakikita tayo ng ilang halimbawa ng mga direksiyon sa pagbabautismo, at ang mga salita ay naiiba sa mga salitang ginamit ni Hesus nang ibigay niya ang Dakilang Pagsusugo. Sa araw ng Pentekostes, sinabi ni Pedro sa mga nagbalik-loob na "Magpabautismo kayo sa pangalan ni Kristo Hesus (Mga Gawa 2:38).

Binautismuhan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso sa pangalan ni Hesus (Mga Gawa 19:5). Sinabi ni Pedro sa mga mananampalataya sa bahay ni Cornelio na "magpabautismo kayo sa pangalan ng Panginoo" (Mga Gawa 10:48). Ipinahiwatig ni Pablo na ang mga mananampalataya sa Corinto ay binautismuhan sa pangalan ni Hesus (1 Corinto 1:12-13).

Sa aklat ng Mga Gawa, ang pagbabautismo sa pangalan ni Hesus ay nagbukod dito mula sa bautismo ni Juan (na binanggit din ng pitong beses sa aklat ng Mga Gawa) at ang mga bautismo ng ibang mga relihiyon.

Tila ang paraan ng iglesya sa pagtupad sa utos ni Hesus ay ang pagbibigay-diin sa pangalan ni Hesus sa bautismo. Malamang na ang isang pastor na nagbabautismo sa unang siglo ng iglesya ay nagsabi na "Binabautismuhan kita sa ngalan ni Hesus." Sa mga unang taon ng iglesya, ang pananampalataya kay Hesus ang pangunahing usapin. Kung ang isang tao ay sumasampalataya kay Hesus, siya ay isang Kristiyano.

Gayunman, ayon sa mga unang kasaysayan ng iglesya, binigyang-diin ng iglesya ang Trinidad sa bautismo. Sa loob ng unang henerasyon ng iglesya, may mga taong nagsabi na pinaniniwalaan nila si Hesus, subali't hindi naman tunay na pinaniwalaan ang mga tamang

bagay tungkol sa Diyos. Ang Didache ay nagsasabi na ang mga nagbalik-loob ay dapat ilubog ng tatlong beses, na nagpapahayag ng pananampalataya sa bawat isang miyembro ng Trinidad. Ang ibang manunulat, na may petsang A.D. 248 o mas maaga, ay sumulat na ang normal na gawain ng iglesya ay ang pagbanggit sa Ama, sa Anak at sa Banal na Espiritu sa bautismo. (si Hipolito, si Origen, si Tertullian at iba pa.

Ang suliranin sa ngayon ay may ilang grupong panrelihiyon na itinatanggi ang Trinidad. Sinasabi nila na naniniwala sila kay Hesus, subali't hindi sila naniniwala na si Hesus ay isang personang nakabukod sa Ama at sa Banal na Espiritu. Nagbabautismo sila sa pangalan ni Hesus dahil naniniwala sila na Hesus ang pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Naniniwala sila na ang lahat ng tatlong ito ay iisang persona lamang. Isang halimbawa ng grupong gumagawa nito ay ang United Pentecostal Church.

Sa kasalukuyan karamihan sa mga iglesya na naniniwala sa Trinidad ay nagbabautismo gamit ang mga salitang, "Binabautismuhan kita sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu." Pinatutunayan nila ang pananampalataya kay Hesus at paniniwala sa Trinidad.

### Isang Anyo ng Bautismo

**Pagtitipon:** Ang mga nagbalik-loob na babautismuhan ay dapat sama-samang tumayo upang maiharap sa mga taong naroon bilang saksi. Habang nagsasama-sama ang mga tao, maaaring manguna ang isa sa kanila sa pag-aawitan sa loob ng ilang minuto.

**Banal na Kasulatan:** Maaaring basahin ng isa ang talatang Mateo 28:18-20.

**Deklarasyon:** Maaaring magsalita ang pastor sa mga tao at sabihing, "Ang mga ito na sa araw na ito ay babautismuhan ay nagpatotoo na sa pagsisisi at pananampalataya kay Kristo. Kung paanong ang bautismo ay sumisimbolo sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus, ang mga mananampalatayang ito sa pamamagitang ng bautismo ay nagpapatotoo na sila ay namatay na sa kasalanan at sa ngayon ay nabubuhay para sa Diyos. Nagsimula na sila ng bagong buhay na may pagsunod sa Diyos."

**Panalangin:** Pagkatapos, dapat pangunahan ng pastor ang iglesya sa panalangin para sa mga nagbalik-loob. Ang kanyang panalangin ay dapat magsaad ng mga pangungusap na katulad ng: "Panginoon, nagpapasalamat po kami sa inyong biyaya na nagdala sa kanila sa kaligtasan at espirituwal na buhay. Pinasasalamatan po namin kayo na iniligtas ninyo sila mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Idinadalangin po namin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang pumuspos sa kanila at magbigay sa kanila ng tagumpay sa araw-araw. Gawin mo po silang mga saksi sa kanilang komunidad at pagpapala sa iglesya."

**Binyag:** Ang mga nagbalik-loob ay dapat isa-isang lumusong sa tubig patungo sa pastor. Bago bautismuhan ang bawat isa, dapat niyang sabihin, "Binabautismuhan kita sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu."

**Hymn:** Pagkatapos ng bautismo, ang kongregasyon ay maaaring sama-samang umawit ng isang himno. Maaaring may isang mangunguna sa isang maikling panalangin.

## Pitong Pgbubuod na mga Pangungusap

(1) Nagbautismo ang mga disipulo ni Hesus sa panahon ng kanyang ministeryo.

(2) Ang unang iglesya ay nagbautismo ng mga tao saanmang lugar na naabot ng ebanghelyo.

(3) Ang bautismo ay sumisimbolo ng kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Hesus.

(4) Ang bautismo ay isang patotoo ng kaligtasan at bagong buhay kay Kristo.

(5) Ang isang nagbalik-loob ay dapat bautismuhan agad sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pagbabalik-loob.

(6) Ang isang tao ay hindi dapat magpalagay na siya ay isang Kristiyano dahil siya ay nabautismuhan na.

(7) Dapat panindigan ng iglesya ang doktrina ng Trinidad sa bautismo.

## Aralin 10 Mga Takdang -aralin

(1) Bago mag-umpisa ang susunod na klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng talata patungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod ng mga Pangusngusap" (na may kabuuang pitong mga talata). Dapat maipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ipapasa ito sa tagapanguna sa klase. Dapat ibigay ng mga mag-aaral sa tagapanguna sa klase ang mga talata na kanilang isinulat para sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" mula sa naunang aralin. Dapat hilingan ng tagapanguna sa klase ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi sa klase kung ano ang kanilang isinulat sa isa sa "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap."

(2) Paalaala: dapat magplano ang mag-aaral na magturo ng isang paksa mula sa kurso sa mga taong hindi kabilang sa klase, sa tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Takdang-Araling Panayam: Dapat makipag-usap ang mag-aaral sa tatlong magkakaibang mananampalataya na nabautismuhan na at tanungin sila kung ano ang kahulugan ng bautismo para sa kanila. Dapat siyang sumulat ng isang maikling buod.

# Aralin 11
# Komunyon

## Pasimula

*Dapat maikling ikuwento ng tagapanguna sa klase o ng mga piniling mag-aaral ang kwento ng pagpapalaya sa Israel mula sa Egipto. Hayaan ang ibang mag-aaral na magsabi ng ibang detalye. Isinasalaysay ng Exodo 11-12 ang tungkol sa unang Paskuwa.*

## Ang Pinagmulan ng Pagsasagawa ng Komunyon

Ang Paskuwa ay isang kapistahan ng mga Hudyo na nagdiriwang at umaalala sa gabi nang ang bansang Israel ay umalis sa Egipto. Ang pagdiriwang ay hindi lamang tungkol sa paglaya mula sa Egipto; ito rin ay pagdiriwang ng habag ng Diyos sa kanila nang patayin ng Diyos ang mga Egipcio subali't lumampas sa mga tahanan ng mga Israelita (Exodo 12:27). Samakatuwid, ang pagdiriwang ay simbolo ng habag ng Diyos sa kanyang bayan.

Pagkatapos ng pagpapalaya mula sa Egipto, nagsasagawa ang mga Israelita ng Pista ng Paskuwa taon-taon. Binigyan sila ng Diyos ng mga seremonya para sa araw na iyon na may kasamang espesyal na pagkain at ang pangseremonyang paggamit ng dugo.

Ang pagdiriwang ay isang klase ng kaligtasan. Hindi ito nangangahulugan na ang mga lahat ng taong iniligtas nang araw na iyon ay pinatawad ng sa kanilang mga kasalanan at nasa tamang relasyon sa Diyos. Gayunman, sila ay pinalaya mula sa pagkaalipin, tumanggap sila ng habag mula sa Diyos, at ang dugo ay bahagi ng hinihingi ng Diyos. Ang mga detalyeng iyon ang gumawa sa pagdiriwang na ito na isang ilustrasyon ng pagliligtas na ibinigay ni Kristo. Karamihan sa mga Israelita ay nagdiriwang ng Paskuwa nang hindi nauunawaan ang lubos na kahulugan nito.

Sa huling Paskuwa na pinagsaluhan nina Hesus at kanyang mga disipulo, ipinaliwanag niya ang kahulugan nito. Sinimulan niya ang isang seremonya na dapat isagawa ng iglesya nang sabihin niya na "Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin" (Lucas 22:15-20). Ang seremonyang ito ay tinatawag sa mga iglesya na "Ang Hapunan ng Panginoon," o "Komunyon", o ang "Eucaristia", o ang "Misa".

Isinulat ni Pablo na ang kaugaliang ito ay dapat regular na isagawa ng iglesya hanggang sa bumalik si Hesus (1 Corinto 11: 24-26). Ang iglesya ay mayroon pang ibang espesyal na panahon ng kapistahan at pagsasama-sama subalit hindi ito dapat ipagkamali sa komunyon. Halimbawa, kapag sinasabi ng Biblia na ang mga naunang mananampalataya ay "naghahati-hati ng tinapay sa iba't-ibang tahanan" dapat nating tandaan na ang salitang "*paghahati-hati ng tinapay"* ay tumutukoy lamang sa pagkain (Mga Gawa 2:46). Sila ay nagsasama-sama sa pamamagitan ng sama-samang pagkain sa iba't-ibang tahanan. Ang

iglesya ay mayroon ding “pista ng pagmamahalan” na hindi katulad ng komunyon (Judas 12).

## Ang Kahulugan ng Komunyon

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Juan 6:47-58 para sa grupo.

Ginulat ni Hesus ang napakaraming tao nang sabihin niyang siya ang tinapay na nagmula sa langit at kailangan nilang kainin ang kanyang katawan at inumin ang kanyang dugo.

► Ano ang ibig sabihin ni Hesus sa kanyang mga pangungusap?

Sinabi ni Hesus na ibinibigay niya ang kanyang sarili para sa buhay ng mundo (Juan 6:51). Nagsasalita siya tungkol sa pagsasakripisyo ng kanyang sarili upang ipagkaloob ang pagtubos. Inihambing niya ang kanyang sakripisyo sa pagkain at inumin. Kung paanong kailangan ng isang tao ang pagkain para sa pisikal na buhay, dapat din niyang tanggapin ang sakripisyo ni Kristo para sa buhay na walang hanggan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Lucas 22:15-20 para sa grupo.

Sa huling pagkain ng Paskuwa na pinagsaluhan ni Hesus at kanyang mga disipulo, sinabi niya na ang tinapay ay ang kanyang katawan at ang alak ang kanyang dugo. Ibibigay niya ang kanyang buhay para sa kanilang kaligtasan.

## Ang Tinapay at ang Alak

► Bakit ginamit ni Hesus ang tinapay at alak para sa komunyon?



Mayroong ilang dahilan kung bakit ginamit ni Hesus ang tinapay at alak para sa komunyon.[14] Ang tinapay ang pinakakailangan o pinakasimpleng pagkain. Nanatili ito sa maraming bahagi ng mundo. Hindi lamang kumakatawan sa pagkain ang tinapay sa pangkalahatan. Ito rin ay sumisimbolo sa buhay dahil ang pagkain ay kinakailangan upang mabuhay. Ang alak ang pinakakaraniwang inumin sa kanilang panahon, bukod lang sa tubig. Sumisimbolo rin sa pagdiriwang ang alak.

Ang ilang makabagong iglesya ay gumagamit ng alak para sa komunyon kahit hindi sila umiinom ng alak sa alinmang ibang pagkakataon. Ang ibang iglesya ay gumagamit ng katas ng ubas dahil ayaw nilang hikayatin ang pag-inom ng anumang alcohol. Ang katas ng ubas ay tinatawag ring alak sa Bagong Tipan maging ito man ay sariwa o nasa alin mang yugto ng pagbuburo nito.

---

[14] Image: "The Lord's Supper" taken by Allison Estabrook on Oct. 14, 2022, retrieved from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52476662295/, licensed under CC BY 4.0.

May mga iglesya ay nagbago na sa lubusang naiibang mga bagay upang kainin o inumin para sa komunyon. Dapat tayong maging maingat sa paggamit ng naiibang mga bagay para sa komunyon. Ang mga Mormon ay gumagamit ng tinapay at tubig, subali't hindi sila naniniwala sa doktrinang Kristiyano ng pagbabayad-sala o pagtubos.

Sa mga bahagi ng mundo na hindi karaniwan ang tinapay at alak; ibang bagay ang maaaring pangunahing pagkain at inumin. Sa gayung pagkakataon, maaaring pag-isipan nang may pananalangin ng iglesya ang iba pang pagpipilian.

### Hindi Ang Literal na Katawan at Dugo

Ang Iglesyang Romano Katoliko at ang Eastern Orthodox Church ay naniniwala na ang tinapay at alak ay nagiging literal na katawan at dugo ni Hesus. May ibang mga iglesya na naniniwala na ang kanyang katawan at dugo ay tunay na naroroon sa tinapay at alak. Karamihan sa mga iglesyang Protestante ay naniniwala naang tinapay at alak ay sumisimbolo sa katawan at dugo ni Kristo nang wala ang pisikal na presensiya ng mga ito.

Nang isagawa ni Hesus ang Paskuwa kasama ng kanyang mga disipulo, sinabi niya, "Ito ang aking katawan…ito ang aking dugo." Nakatayo pa roon si Hesus, pisikal na naroong kasama nila. Ang kanyang katawan at dugo ay hindi pa naisasakripisyo. Tila malinaw na ang ibig niyang sabihin na ang tinapay at alak ay sumisimbolo sa kanyang katawan at dugo, at hindi literal na ang kanyang katawan at dugo. Dapat gayun din ang pananaw natin sa tinapay at alak na ginagamit sa komunyon.

Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng minsan lamang na sakripisyo ni Hesus. Ang kanyang kamatayan ay hindi paulit-ulit na nangyayari. Dahil ang komunyon ay isang gawain ng pagsamba at pananampalataya sa nag-iisang pangyayari ng kamatayan ni Hesus, hindi kinakailangang ang tinapay at alak ay maging literal na kanyang katawan at dugo.

Dahil ang mga Katolikong Romano ay naniniwala na ang iglesya ay may kontrol sa pagbibigay ng literal na katawan at dugo ni Kristo, marami sa kanila ang naniniwala na nakokontrol ng iglesya kung sino ang maliligtas. Iniisip nila na hindi maliligtas ang isang tao kung tumatanggi ang pari na bigyan siya ng komunyon. Milyon ang bilang ng mga tao na nag-iisip na ang isang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng pagtanggap ng komunyon.

Ang tamang pananaw sa komunyon: Ito ay isang gawain ng pagsamba na sumisimbolo sa kamatayan ni Kristo para sa atin, kung saan ibinibigay ng Diyos ang biyaya bilang tugon sa pananampalataya ng nakikilahok dito. Ito ay para sa mga taong ligtas na, at ang kanilang kaligtasan ay hindi depende kung mayroon o walang komunyon.

► Bakit hindi natin dapat isipin na tinutukoy ni Hesus ang tinapay at alak ay ang kanyang literal na katawan at dugo?

► Bakit hindi kinakailangan para sa kaligtasan na ang komunyon ay ang literal na katawan at dugo ni Kristo?

## Isang Paraan ng Biyaya

> "Ang mga pamamaraan ng biyaya ay ang mga daluyang itinakda ng Diyos kung saan ang mga impluwensiya ng Banal na Espiritu ay ipinapahayag sa kaluluwa ng mga tao" (Wiley & Culbertson, *Introduction to Christian Theology).*

Ang komunyon ay madalas na tinatawag na paraan ng biyaya. Idinesenyo ito ng Diyos upang maging daan ng biyaya kapag ito'y tinatanggap nang may pananampalataya sa pagtubos ni Kristo. Dapat sundin ng Kristiyano ang Diyos sa pagsunod sa mga kautusan sa Kasulatan. Hindi dapat kaligtaan ng Kristiyano ang paraang ito ng biyaya.

Kung tinatanggap ng isang tao ang komunyon nang walang pananampalataya kay Kristo, hindi ito awtomatikong nagdadala ng biyaya sa kanya.

Kung ang isang tao ay nakikibahagi dito nang walang paggalang sa kahulugan nito, nagdadala siya ng paghatol sa kanyang sarili (1 Corinto 11:27-29).

Ang pagsisisi at pananampalataya ay kinakailangan para sa kaligtasan. Ang komunyon ay hindi kinakailangan para maligtas. Ang komunyon ay isang gawain ng pagsunod at pagpapahayag ng pananampalataya. Hindi mawawala ang pagiging Kristiyano ng isang Kristiyano kung wala siyang pagkakataon na makibahagi sa komunyon.

► Kinakailangan ba sa isang Kristiyano na tumanggap ng komunyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## Ang Wastong Pamamaraan ng Komunyon

Itinuwid ni Apostol Pablo ang maling pamamaraan ng mga taga-Corinto sa pagbabahagi ng komunyon. Mahalaga ang kanyang mga direksiyon para sa atin.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 11:20-34 para sa grupo. Ano ang maling ginagawa ng mga taga-Corinto?

Nagdadala sila ng pagkain at ginagawa isang meal ang Hapag ng Panginoon. Ang bawat isa ay kumakain ng sariling pagkain sa halip na magbahagi sa iba. Hindi sila naghihintay sa iba at nagsisimula nang sabay-sabay. Ang ilan ay kumakain ng sobra, ang iba naman ay nagugutom pa. Ang ilan ay umiinom ng labis, at nalalasing.

► Ano ang espesipikong mga direksiyon ang ibinigay ni Pablo sa kanila?

Sinabi niya sa kanila na huwag itong gawing isang meal. Ang mga iglesya ay mayroong mga kapistahan at pagkaing sama-sama, subali't ang mga iyon ay hindi komunyon. Sinabi niya sa kanila na maghintayan sa isa't-isa at sama-samang magsimula.

Muling pinag-aralan ni Pablo ang paraan kung paano sinimulan ni Hesus ang kaugaliang ito para sa iglesya. Ibinigay ni Hesus ang tinapay, pagkatapos ay ang alak, na ipinapaliwanag ang kanilang kahulugan. Mahalaga sa isang nakikibahagi na maging magalang sa pagtanggap ng mga ito, habang inaalala ang kahulugan ng komunyon.

Sinabi ni Pablo na dapat suriin ng sinuman ang kanyang sarili upang matiyak na hindi niya tinatanggap ang komunyon nang "hindi karapat-dapat." May mga tao na nagpapakahulugan dito na ang sinuman ay hindi dapat tumanggap ng komunyon malibang natitiyakniya na ang kanyang buhay ay kalugod-lugod sa Diyos sa lahat ng detalye nito. Hindi iyon ang itinuturong talata. Nagsasalita ang apostol tungkol sa paraan ng pagtanggap sa komunyon. Ang tao ay hinahatulan kung tinatanggap niya ito sa walang galang, walang ingat na pamamaraan.

Mabuti para sa kongregasyon na sama-samang manalangin sa panahon ng komunyon. Ang iba't-ibang tao ay maaaring itakda upang manguna sa panalangin sa iba't-ibang bahagi ng gawain. Maaari ring umawit nang sama-sama ang grupo sa alinmang bahagi. Ang serbisyo ay dapat isagawa sa matahimik at maayos na paraan. Hindi ito panahon para sa maingay, kusang-loob na pagdiriwang. Ito ay panahon para pagbulayan ang sakripisyo ni Hesus na ibinigay para sa ating kaligtasan.

## Ang Wastong Tatanggap ng Komunyon

► Sino ang dapat pahintulutang tumanggap ng komunyon?

Itinuro ni Hesus ang gawaing ito sa kanyang mga disipulo at sinabi sa kanilang isagawa ito nang sama-sama, kaya't alam natin na ito'y para sa mga Kristiyano. Ang komunyon ay hindi dapat ibigay sa isang taong sumusunod sa ibang relihiyon. Ang isang taong sumasamba sa ibang mga Diyos ay sumasamba sa mga demonyo. Hindi siya maaaring sumamba rin kay Kristo (1 Corinto 10:20-21).

Kapag ang isang tao ay nabubuhay sa lantarang kasalanan at hindi pa nagsisisi, hindi siya dapat bigyan ng komunyon. Ang pagtanggap ng komunyon ay pagpapatotoo na tayo'y nakikiisa sa kamatayan ni Kristo. Ang isang taong kusang-loob na nagkakasala ay hindi nagtataglay ng gayung patotoo. Ang isang taong nabubuhay sa maliwanag na kasalanan tulad ng pakikiapid, pagsamba sa Diyos-Diyosan, o paglalasing ay hindi isang Kristiyano (1 Corinto 6:9-10). Sinasabi sa atin ng Biblia na hindi tayo maaaring makisama sa isang taong nagsasagawa ng mga kasalanang ito at patuloy na ipahayag na tayo'y isang Kristiyano (1 Corinto 5:11). Samakatuwid, hindi maaaring maging wasto na ibigay sa kanya ang komunyon.

Kapag ang isang miyembro ay nagkasala at tumanggi sa pagtutuwid ng iglesya, siya ay ituturing na hindi ligtas. (Mateo 18:17), samakatuwid, hindi dapat makiisa sa komunyon.

Ang komunyon ay nagpapahayag ng espesyal na pagkakaisa na taglay ng mga Kristiyano. Ang salitang *komunyon* ay nagpapahiwatig sa kahulugang ito. Sinabi ng apostol na sa komunyon tayo ay nagpapakita na tayo ay iisang katawan (1 Corinto 10:16-17). Samakatuwid, kung ang isang tao ay kilala sa pagiging walang ingat, walang malasakit na makasalanan, hindi siya maaaring makibahagi sa pagkakaisang iyon.

Tungkulin ng pastor na magsilbi ng komunyon sa mga Kristiyano, subali't hindi niya tungkulin na siyasatin ang bawat detalye ng kanilang mga buhay. Kung ang isang tao ay nagpapahayag na siya ay Kristiyano at hindi nabubuhay sa lantarang kasalanan, maaaring tanggapin ng pastor ang kanyang patotoo.

Ang bawat taong tunay na naligtas ay tumanggap na ng katubusan na kinakatawan ng komunyon, maging siya man ay miyembro na o hindi ng isang partikular na iglesyang lokal. Samakatuwid, ang pagiging miyembro sa isang iglesyang lokal ay hindi dapat maging pangangailangan para sa komunyon.

Ang isang tunay na nagbalik-loob ay kuwalipikado kapwa para sa komunyon at bautismo. Hindi niya kinakailangang maghintay na pagkatapos ng bautismo bago tumanggap ng komunyon, kung siya ay pumapayag na mabautismuhan.

Kung ang kongregasyon ay binubuo ng magkahalong mga Kristiyano at mga taong hindi pa ligtas, kabilang ang mga taong nabubuhay sa lantarang kasalanan, ang komunyon ay hindi dapat ihanda para sa kongregasyon sa pangkalahatan. Ang komunyon ay dapat itakda sa ibang pagkakataon para lamang sa mga dapat tumanggap nito.

► Ano ang ilang kadahilanan na ang isang malinaw na makasalanan ay hindi dapat makibahagi sa komunyon?

## Gaano kadalas ang Komunyon

► Gaano kadalas dapat isilbi ang komunyon? Bakit?

May mga iglesya na nagsisilbi ng komunyon linggo-linggo. Ang ibang iglesya ay nagsisilbi nito minsan sa isang buwan. Ang iba ay nagsasagawa nito minsan sa isang taon. Ang iba ay bihirang magsagawa nito, nang walang itinakdang araw.

Hindi sinabi sa ating ng Biblia kung gaano kadalas dapat magsilbi ng komunyon.

May mga tao na bago sila naligtas ay nagtiwala sa mga ritwal para sa kanilang kaligtasan. Nang sila ay maligtas at umalis sa klaseng iyon ng relihiyon, maaaring hindi sila maging komportable sa anumang ritwal na pangrelihiyon. Maaaring isipin nila na ang komunyon ay hindi dapat isagawa nang madalas.

May mga taong nagkakamali na inilalagay ang kanilang pagtitiwala sa ritwal. Nais nila ng madalas na komunyon dahil nakatutulong ito upang maramdaman nila na sila ay ligtas.

Mahalaga para sa isang pastor na ipaliwanag ang kahulugan ng komunyon. Dapat niyang tulungan ang kanyang mga miyembro na maunawaan kung paano ito gagamitin bilang isang pagpapala sa kanilang relasyon sa Diyos nang hindi nagtitiwala rito sa maling paraan.

## Wastong Awtoridad Para sa Pagsasagawa ng Komunyon

► Sino ang may karapatang magsagawa ng komunyon?

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang bawat mananampalataya ay isang saserdote (Pahayag 1:6, 1 Pedro 2:5, 9). Ang ibig sabihin, maaari tayong direktang sumamba sa Diyos at tulungan ang iba na sambahin siya. Walang tagapamagitan na kinakailangan upang ilapit tayo sa Diyos, dahil si Hesus ang ating Punong Pari, at binigyan niya tayo ng paraan ng paglapit (1 Timoteo 2:5, Hebreo 4:14 -16). Sa pamamagitan niya, maaari tayong magpatuloy sa paggawa ng  mga sakripisyo ng papuri (Hebreo 13:15).

Ang bawat isang mananampalataya ay isang pari, maaari nating ikatwiran na ang sinumang mananampalataya ay maaaring magsilbi ng komunyon sa ibang mananampalataya, lalo na kung wala ang pastor. Gayunman mayroong mga dahilan kung bakit pangkaraniwang ang komunyon ay isinisilbi sa ilalimng pangangasiwa ng pastor.

Hindi nagbibigay ang Biblia ng direktang pahayag na ang komunyon ay dapat isilbi ng pastor lamang. Gayunman, nagbigay si Pablo ng mga espesyal na direksiyon sa pagsisilbi ng komunyon sa isang maayos at magalang na pamamaraan. Ang mga direksiyon ay para sa buong grupo, at ang tagapanguna ang may tungkuling gabayan ang grupo. Ang mga tao sa iglesya ay natural na dedepende sa pastor upang tiyakin na ang komunyon ay naisasagawa nang maayos, at dapat tanggapin ng pastor ang tungkuling iyon.

► Tingnan uli ang mga babalang ibinigay sa 1 Corinto 11:27-34.

Sinabi ni Pablo na ang mga direksiyon ay mahalaga dahil sa paggalang para sa katawan at dugo ni Kristo. Kung hindi maingat ang tao, siya ay ituturing na nagkakasala.  Ang paghatol sa karamdaman at kamatayan ay dumating na sa marami sa kanila. Sinabi ni Pablo na kung sila ay maingat sa pagsasaliksik sa kanilang sarili, sila ay makaliligtas sa paghatol ng Diyos. Sinabi ni Pablo na magbibigay pa siya ng dagdag na mga direksiyon para sa kanila sa darating pang panahon.

Mahalaga na pagsaluhan nang maayos ang komunyon, hindi lamang upang iwasan ang masamang pangyayari na ibinubunga ng maling pagsasagawa nito, kundi upang kamtin din ang pakinabang na idinesenyo ng Diyos para sa atin.

Makatwiran lamang na isipin na inaasahan ng apostol na titiyakin ng mga tagapanguna sa iglesya na ang mga direksiyong ito ay nasusunod. Nanaisin ng mga miyembro ng iglesya na tutulungan sila ng kanilang pastor sa maayos na pagsasalo sa komunyon dahil sa kahalagahan nito.

Mayroon ding espesyal na tungkulin ang pastor dahil ang komunyon ay hindi dapat isilbi sa isang tao na nakaugnay sa ibang relihiyon o may malinaw na kasalanan.

Samakatuwid, ang komunyon ay dapat karaniwang isinisilbi ng isang pastor o ng isang tao sa ilalim ng gabay ng isang pastor. Maaaring hilingan ng pastor ang ibang tao upang tulungan sila sa isang gawaing may komunyon. Maaari rin magpahintulot ang pastor sa isang tao upang magsilbi ng komunyon sa mga tao kung saan wala roon ang pastor.

## Isang Anyo Para sa Komunyon

**Pagtitipon:** Dapat mayroong nakaugaliang pamamaraan sa pagtitipon ng mga tao na makikibahagi sa komunyon. Kung ito ay isasagawa sa isang pampublikong gawain ng pagsamba, dapat malaman ng mga tagapanguna kung paano sila magsisilbi sa mga tamang tao.

**Kasulatan:** Bago isilbi ang komunyon, dapat basahin ang Kasulatan. Maaaring magsabi ng ilang pangungusap tungkol sa Kasulatan, subali't dapat maikli lamang. Kabilang sa mga halimbawa ng talata sa Biblia na maaaring gamitin ang Mateo 26:26-30; Marcos 15:22-28; Lucas 22:14-20; Juan 10:11-18,; Juan 19:1-6,; Juan 19:16-19,; Juan 20:26-29, 1 Corinto 11:23-26, Hebreo 10:11-17, Hebreo 9:24-28, Hebreo 4:12-16, Pahayag 1:12-18, Isaias 53:1-5, o Isaias 53:6-12.

**Panalangin:** Dapat may isang manguna sa panalangin. Dapat kasama sa panalangin ang mga pangungusap na tulad ng: "Panginoon, nagpapasalamat po kami sa inyo para sa kaligtasang ipinagkaloob ng sakripisyo ni Hesus. Nagpapasalamat po kami sa biyayang walang kabayaran mong ibinigay sa amin. Sa aming pagsasama-sama sa pakikibahagi sa komunyon, nagpapatotoo kami na dumedepende kami sa iyo para sa espirituwal na buhay. Inihahayag namin ang pagkakaisang taglay namin bilang sama-samang mananampalataya. Idinadalangin namin ang iyong biyaya upang mamuhay nang kalugod-lugod sa iyo sa araw-araw."

**Pagbabaha-bahagi ng Tinapay:** Ang tinapay ay maaaring ipamahagi ng pastor o ng mga taong kanyang itatalaga. Maaari niyang sabihin, "Ito ang tinapay na kumakatawan na katawan ni Kristo, na ibinigay para sa ating kaligtasan." Ang bawa isa ay dapat maging matahimik at may paggalang sa kabuuan ng panahon ng komunyon. Sa ilang mga iglesya, sasabihin ng pastor sa mga tao na hawakan muna ang tinapay hanggang sa makatanggap na nito ang lahat, pagkatapos sabay-sabay silang kakain. Sa ibang mga iglesya, ang nakaugalian ay kinakain ng bawat isa ang tinapay sa oras na matanggap niya ito.

**Panalangin:** Ang pastor o sinumang kanyang pinipili ay maaaring manguna sa isang maikling panalangin na nagpapasalamat sa Diyos para sa kanyang biyaya.

**Pagbabaha-bahagi ng Alak:** Maaaring sabihin ng pastor na, "Ang alak na ito ay sumasagisag sa dugo ni Hesus, na ibinigay para sa ating kaligtasan." May mga iglesya na ipinamamahagi ang tig-iisang kopita. Ang iba ay gumagamit ng iisang kopa. Sa ibang mga iglesya, ang bawat isang tao ay nagsasawsaw ng kapirasong tinapay sa alak. Ang mahalagang bagay dito ay ang pagsasagawa nito sa isang maayos at magalang na pamamaraan.

**Panalangin:** Ang pastor o isang kanyang pinili ay maaaring manguna sa isang panalangin ng pagsamba.

**Himno:** Maaaring sama-samang umawit ang grupo ng isang himno.

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang komunyon ay nagmula sa pagdiriwang ng Paskuwa ng mga Hudyo.

(2) Inilarawan ng Paskuwa ang pagtubos na ipinagkaloob ni Kristo.

(3) Ang tinapay at alak ay mga simbolo ng katawan at dugo ni Hesus.

(4) Ang komunyon ay hindi awtomatikong nagbibigay ng kaligtasan sa tumatanggap nito.

(5) Ang komunyon ay nakapagbibigay ng biyaya kung tinatanggap ito ng tao nang may pananampalataya sa pagbabayad-sala ni Kristo.

(6) Ang komunyon ay hindi dapat isilbi sa mga malinaw na makasalanan o mga sumusunod sa ibang relihiyon.

(7) Tungkulin ng pastor na tiyakin na ang komunyon ay maayos na naisasagawa.

## Aralin 11 Mga Takdang -aralin

(1) Bago mag-umpisa ang susunod na klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng talata patungkol sa bawat "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (na may kabuuang pitong mga talata). Dapat maipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ipapasa ito sa tagapanguna sa klase.

(2) Paalala: dapat magplano ang mag-aaral na magturo ng isang paksa mula sa kurso sa mga taong hindi kasama sa klase, sa tatlong iba't-ibang pagkakataon.

(3) Dapat makipanayam ang mag-aaral ng tatlong mananampalataya tungkol sa kahulugan ng komunyon para sa kanila at sumulat ng isang maikling buod.

# Aralin 12
# Pagdidisiplina sa Iglesya

## Panimula

Bago pag-aralan ang pagdidisiplina sa iglesya, magbalik-aral sa kahulugan ng lokal na iglesya mula sa aralin 3:

> Ang lokal na iglesya ay isang grupo ng mga mananampalataya na kumikilos bilang isang espirituwal na pamilya at komunidad ng pananampalataya; nag-aalok ng ebanghelyo at ng pakikisama ng iglesya sa lahat ng nagsisisi; nagsasagawa ng bautismo at komunyon; nagtutulungan sa pagsamba, pagsasama-sama, pag-eebanghelyo, at pagdidisipulo; tinutupad ang gawain ng katawan ni Kristo sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu; nagpapasakop sa Salita ng Diyos; may pagkakaisa batay sa doktrina ng Biblia, sa karanasan ng biyaya, at sa buhay sa Espiritu.

Ngayon tingnan natin ang kahulugan ng pagdidisiplina sa iglesya.

**Isang Kahulugan ng Pagdidisiplina sa Iglesya**

Ang pagdidisiplina sa iglesya ay ang nagkakaisa, may layuning tugon ng iglesya sa kasalanan ng isang miyembro na may apat na layunin ng pagpoprotekta sa pagkakaisa ng iglesya, paninindigan para sa katotohanan, pagpoprotekta sa kongregasyon mula sa maling impluwensiya, at pagpapanauli sa nagkakasalang miyembro sa kaligtasan at pakikisama.

► Tingnan natin ang kahulugan ng iglesya at ang kahulugan ng pagdidisiplina sa iglesya. Kung pag-iisipan natin kung ano ang iglesya, ipaliwanag kung bakit mahalaga ang pagdidisiplina sa iglesya.

## Ang Pangangailangan ng Pagdidisiplina sa Iglesya

Ano ang nangyayari kapag ang isang miyembro ng iglesya ay muling nagkakasala, subali't nakikilahok pa rin sa iglesya? Paano kung ang isang miyembro ay hindi tunay na naniniwala sa mga pundasyong doktrina ng iglesya at nagtuturo ng mga maling doktrina? Paano kung ang isang miyembro ay nakagawa ng kamalian laban sa iba at ayaw niyang aminin ito?

May mga iglesya na pinagwikaan si Hesus dahil nabigo silang isagawa ang pagdidisiplina sa iglesya. Sa iglesya sa Pergamo ay may mga nagtuturo ng maling doktrina na dapat ay inalis nila (Pahayag 2:14-16). Sa iglesya ng Tiatira ay may isang babae na tinawag ni Hesus na Jezebel, na nag-aakay sa mga tao upang makiapid at sumamba sa mga Diyos-Diyosan; samakatuwid, sinaway ng Panginoon ang iglesya. (Pahayag 2:20)

Sinasabi sa atin ng Biblia na hindi maaaring magkaroon ng pagsasama sa pagitan ng liwanag at ng dilim, sa pagitan ng mga naglilingkod kay Kristo at sa mga naglilingkod sa ibang mga Diyos (2 Corinto 6:16-17).

Dito, titingnan natin ang mga dahilan kung bakit kinakailangan ang pagdidisiplina sa iglesya. Sa ibang bahagi ng aralin, titingnan natin ang mga suporta ng Kasulatan sa mga dahilang ito, subali't ibubuod natin ang mga iyon dito upang maging mas madali itong matutuhan.

**(1) Ang pagdidisiplina sa iglesya ay kinakailangan dahil ang iglesya ay dapat magkaroon ng pagkakaisa.** Ang pagkakaisa ng iglesya ay batay sa doktrina sa Biblia at sa buhay sa Espiritu. Ang kahulugan ng iglesya ay nagpapakita kung gaano kahalaga para sa mga miyembro ng iglesya ang espirituwal na fellowship. Ang pagsasamang iyon ay batay sa kanilang relasyon sa Diyos at karanasan ng biyaya. Kapag ang isang tao ay nawalan na ng espirituwal na buhay hindi siya maaaring magkaroon ng pakikisamang Kristiyano. Kapag ang isang miyembro ay tumatangging tanggapin ang katotohanan, magsisi sa kasalanan, o aminin ang kamalian, hindi na siya nakikiisa sa iglesya.

**(2) Kinakailangan ang pagdidisiplina sa iglesya dahil dapat suportahan ng iglesya ang katotohanan.** Kapag pinahintulutan ang isang miyembro na magpatuloy sa kasalanan ay ang pagkabigo na suportahan ang katotohanan. Hindi mapaninindigan ng iglesya ang katotohanan sa harap ng mundo kung ang mga miyembro nito ay namumuhay na nilalabag ang katotohanan.

**(3) Kinakailangan ang pagdidisiplina sa iglesya upang protektahan ang mga tao sa iglesya mula sa masamang impluwensiya**. Kung ang isang miyembro ng iglesya ay malinaw na nagkakasala gayunman ay patuloy na iginagalang bilang isang Kristiyano, ang ibang miyembro ay matutukso ring gawin ang gayun.

**(4) Kinakailangan ang pagdidisiplina sa iglesya upang mapanumbalik ang isang miyembro na nagkasala**. Kung ang isang miyembro ay namumuhay sa kasalanan at hindi kinokompronta, hindi siya maaasahang magsisi. Kung siya ay haharapin maaari siyang magalit, subalit paglipas ng ilang panahon, mas maaasahan siya na magsisi.

> "Ang pamahalaan ng iglesya ni Kristo ay malawakang naiiba sa pamahalaang sekular. Ito ay nakatatag sa kababaang-loob at pagmamahal sa kapatiran: ito ay nagmula kay Kristo, ang dakilang ulo ng iglesya, at palagiang sumusunod sa kanyang mga maxims at Espiritu"
> - Adam Clarke,
> - *Christian Theology*

Ang pagpaparusa ay hindi dahilan para sa pagdidisiplina ng iglesya. Hindi tungkulin ng iglesya ang pagpaparusa. Tanging ang Diyos ang magpaparusa sa kasalanan. Ang gawain ng iglesya ay dapat para sa layunin ng pagtutuwid, hindi pagpaparusa.

► Ano ang mangyayari kung ang iglesya ay mabigong magdisiplina ng isang miyembro na hayagang nagkakasala?

## Mga Direksiyon Mula kay Hesus Tungkol sa Pagdidisiplina sa Iglesya

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 18:15-20 para sa grupo.

Nagbigay si Hesus ng mga direksiyon sa pagharap sa mga di-pagkakasundo sa pagitan ng mga mananampalataya. Kung iniisip ng isang mananampalataya na may nagawang mali sa kanya ang isang tao, dapat niyang kausapin nang mag-isa ang taong iyon. Karamihan sa mga suliranin ay nalulutas sa puntong iyon. Karamihan sa mga pagkakataon, nagkaroon lamang ng hindi pagkakaunawaan. Kung ang dalawang mananampalataya ay matapat at may kababaang-loob, maaari nilang lutasin ang suliranin sa pagitan nila.

Mahalaga ang relasyon sa pagsasamahan ng mga mananampalataya. Kung ang isang tao ay naniniwala na may isang nakagawa ng mali sa kanya, nasisira ang relasyon. Dapat siyang pumunta sa nakagawa ng mali nang may kababaang-loob at kabutihang-loob at ipakita na ang relasyon ay mahalaga sa kanya. Maaari niyang sabihin ang katulad nito: "Kapatid, pinahahalagahan ko na pagpapala na ikaw ay nasa iglesya. Ikaw ay isang mahalagang kaibigan. Subali't ako'y nag-aalala dahil may pakiramdam ako na may nagawa kang mali sa akin. Kinakausap kita tungkol doon dahil lamang gusto kong maging maayos ang ating relasyon." Ipaliwanag kung ano ang pagkakamali, subali't maging maingat na hindi makasakit ng damdamin, o nanunumbat. Maging handang makinig at umunawa. Maging handang magpatawad.

Ayon sa direksiyon ni Hesus, kung tunay na nakagawa ng pagkakamali ang isang tao at ayaw niya itong aminin, dapat siyang muling kausapin ng pinagkasalahan niya nang may kasamang isa o dalawang iginagalang na mananampalataya. Muli, bigyang diin sa nagkasala na siya'y minamahal at mahalaga ang relasyon.

Kung ang nagkamali ay patuloy na tumatangging aminin ang pagkakamali, dapat na siyang iulat sa mga tagapanguna sa iglesya. Dapat nila siyang kausapin. Kung patuloy pa rin siyang tumatangging makinig, dapat sama-samang magkasundo ang iglesya upang ituring siyang isang hindi mananampalataya.

Ang pagtuturing sa isang tao bilang isang hindi mananampalataya ay hindi nangangahulugan na pakisamahan siya nang may kagaspangan ng ugali. Nangangahulugan ito na hindi na siya miyembrong makikibahagi sa iglesya o nangunguna sa alinmang ministeryo ng iglesya. Hindi siya maaaring tumanggap ng komunyon dahil ituturing siyang isang pagano (talatang 17). Ipaaalam ng iglesya sa kanya na hindi nila siya itinuturing na mananampalataya at ipinapanalangin nila siya upang magsisi.

Pagkatapos ng mga direksiyong ito, nagbigay si Hesus ng isang aralin sa pagpapatawad (Mateo 18:21-35). Kung inaamin ng isang tao ang kanyang pagkakamali at nagsisisi, dapat tayong maging handa na magpatawad.

► Paano mo kakausapin ang isang taong nakagawa sa iyo ng kamalian kapag sinusubok mong ibalik ang relasyon?

## Mga Direksiyon Mula kay Pablo Tungkol sa Pagdidisiplina sa Iglesya

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 5 para sa grupo. Anong sitwasyon ang tinukoy ni Pablo sa kabanatang ito?

Nagbigay si Apostol Pablo ng mga direksiyon para sa pagdidisiplina ng iglesya sa isang tiyak na kaso sa iglesya ng Corinto. Ang isang miyembro ng iglesya ay nasa isang imoral na relasyon.

Sinabi ni Pablo sa kanila na ang pagdidisiplina ng iglesya ay hindi para sa mga taong nasa labas ng iglesya, kundi ito'y para sa mga miyembro (11-12). Ang iglesya ay dapat nagkakaisa sa paggawa ng aksiyon ("kapag kayo'y sama-samang nagkakatipon"). Aalisin nila ang taong ito mula sa kanilang pagsasama-sama.

Kung ang taong ito na "tinatawag na kapatid" ay nagsasagawa ng kasalanan na tulad ng nakalista sa talatang 11, dapat tumangging makisama sa kanya ang mga Kristiyano. Ang layunin nito ay upang tiyakin na mapagtanto ng taong ito na siya ay hindi isang Kristiyano at upang malaman ng mundo na ang taong ito ay hindi bahagi ng iglesya. Kabilang dito ang pag-aalis o pagtanggal sa kanya sa anumang posisyon niya sa iglesya. Hindi siya maaaring makibahagi sa komunyon dahil ito ay magpapahiwatig ng mas malapit na pakikisamang Kristiyano kaysa sa pakikisalo man sa sama-samang pagkain.

Nagpahiwatig si Pablo ng dalawang layunin sa pagkilos na ito. Ang isang layunin ay ang pagpapanatiling dalisay ng iglesya (6-7). Imposible para sa iglesya na magkaroon ng pagkakaisa kapag ang mga miyembro ay nagkakasala.

Ang ikalawang layunin ay ibalik sa kaligtasan ang nagkakasala ("upang ang espiritu ay mailigtas"). Kung patuloy siyang tinatanggap ng iglesya bilang miyembro nito habang siya'y patuloy na nagkakasala, iisipin niya na nasa maayos siyang kalagayan at hindi siya maaasahang magsisi. Mas maaasahan ang kanyang pagsisisi kung isasagawa ang pagdidisiplina ng iglesya.

Ang gawaing ito ay tinatawag na "pagbibigay sa kanya kay Satanas." Mayroon pang isang pangyayari kung saan ibinigay ni Pablo kay Satanas ang mga tagapagturo ng maling doktrina (1 Timoteo 1:20). Kailangang maunawaan ng nagkakasala na wala siya sa ilalim ng biyaya at proteksiyon ng Diyos. Bilang isang makasalanan siya ay nasa labas ng iglesya at isang alipin ni Satanas. Ang buhay na makasalanan ay wawasak sa kanya kung hindi siya magsisisi.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Tito 3:10-11 para sa grupo.

Kapag ang isang tao ay nagtuturo ng mga hidwang doktrina, dapat subukin iglesya nang dalawang beses upang siya ay ituwid. Pagkatapos noon, siya ay dapat tanggihan. Sinasabi sa atin ng Biblia na nilabag na ng taong ito ang kanyang sariling konsiyensya.

Ang mga hidwang doktrina ay hindi maliliit na pagkakaiba sa doktrina. Ang isang heresiya ay isang maling doktrina na sumasalungat sa pundasyong mga doktrina ng ebanghelyo.

Hindi tayo dapat maging mabilis sa pagpaparatang ng heresiya sa isang tao. Maaaring mali ang isang tao sa ilan sa kanyang mga doktrina gayunman ay isang matapat na tagasunod ni Kristo.

► Tngnan ang 2 Tesalonica 3:6, 14-15. Ipaliwanag ang mga direksiyong ibinigay sa mga talatang ito.

### Ang Pagdidisiplina sa Isang Pastor

Madalas na pinupuna ang mga pastor. Madalas silang nalalagay sa mga sitwasyong maaari silang maparatangan nang mali. Mahalaga sa pastor na makuha ang pagtitiwala ng kanyang mga tao sa pamamagitan ng laging pagiging mabuting halimbawa.

Ang isang paratang laban sa pastor ay hindi dapat pansinin malibang may dalawa o tatlong saksi (1 Timoteo 5:19). Ang mga tagapanguna ng isang asosasyon ng mga iglesya o denominasyon ay may tungkulin na panatilihing may pananagutan ang mga pastor at dapat silang makilahok kapag ang isang pastor ay kailangan suriin o alisin. Makatutulong sila upang panatilihing sama-sama ang iglesya sa panahong ang ministeryo ng iglesya ay natatanong.

► Bakit seryoso ang kasalanan ng isang pastor?

### Isang Proseso ng Pagpapanumbalik

Dapat nating tandaan na ang isang layunin ng pagdidisiplina sa iglesya ay ang pagpapanumbalik ng miyembro sa kaligtasan at pakikisama. Hindi kailangang tiyakin ng iglesya na ang miyembrong nagkakasala ay sapat na naparusahan. Kapag inaamin ng miyembro ang pagkakasala at pinagsisisihan niya ito, dapat magkaroon ang iglesya ng proseso sa pagpapanumbalik.

Sa kaso ng ilang kasalanan, kung ang miyembro ay agad na umaamin sa kanyang pagkakamali at itinutuwid ang kanyang ugali, maaari siyang magpatuloy sa pakikiisa sa iglesya. Ang mga mas seryosong kasalanan ay nakalista sa 1 Corinto 6:9-10, kabilang ang imoralidad na seksuwal, pagnanakaw at paglalasing. Ang miyembrong nagsasagawa ng isa sa mga kasalanang ito ay dapat alisin sa pagiging miyembro at alinmang posisyong pangliderato.

Ang proseso ng pagpapanumbalik ay nagsisimula kapag ang miyembro ay nagsisisi sa kanyang kasalanan. Sa kaso ng mas seryosong kasalanan, hindi siya agad-agad maaaring ibalik sa pakikibahagi sa pangunguna pagiging miyembro. Kinakailangan ang ilang panahon para sa lubusan pagpapanumbalik.

**(1) Ang unang hakbang sa pagpapanumbalik ay ang pag-amin sa kasalanan.**

Dapat aminin ng miyembro ang kanyang kasalanan sa mga taong kanyang pinagkasalahan, sa mga taong nakibahagi sa kanya sa kamalian, at sa mga espirituwal na awtoridad na nakakasakop sa kanya.

**(2) Ang ikalawang hakbang ay ang paghihiwalay.**

Dapat tapusin ang mga maling relasyon. Ang mga relasyong may maling impluwensiya ay dapat ding itigil. Ang anumang bagay na ginagamit sa pagkakasala ay dapat ding alisin. Ang mga posibleng bagay na nagagamit nang mali para magkasala ay kailangan ding alisin. Dapat ipakita ng miyembro na ayaw na niyang bumalik pa sa kasalanan.

**(3) Ang ikatlong hakbang ay ang pananagutan.**

Ito ang nangangailangan ng mas mahabang panahon. Ang miyembro ay dapat magreport nang regular sa kanyang espirituwal na awtoridad, na maaaring isang pastor o isang lupon ng mga diyakono. Dapat niyang maiulat ang tagumpay laban sa tukso. Dapat niyang maipakita na siya ay nagiging maingat sa pagprotekta sa sarili upang hindi mahulog sa tukso.

Ang pananagutan ay dapat mapanatili sa pamamagitan ng mas madalas na pakikipag-ugnayan sa isang espirituwal na tagapayo na pinagtibay ng espirituwal na awtoridad. Ang tagapayo ay dapat pareho ng kasarian sa taong pinagpapayuhan.

Ang panahon ng pananagutan ay dapat tumagal nang ilang buwan. Sa kaso ng kasalanang moral na may ibang kasangkot, at lalo na kung nagpatuloy nang ilang panahon ang kasalanan, ang panahon ng pananagutan ay dapat higit na mas mahaba. Sa panahong ito, ang miyembro ay hindi dapat pahintulutang manguna o magturo sa anumang pamamaraan. Maaari siyang pahintulutang makiisa sa komunyon kung nakikita na ang kanyang pagsisisi ay tunay.

Ang dahilan sa mas mahabang panahon ay hindi upang ipahiwatig na ang miyembro ay hindi isang Kristiyano. Kung siya ay nagsisi, siya ay pinatawad at naligtas. Ang haba ng panahon ay upang makalaya siya mula sa mga epekto ng kanyang kasalanan, magtatag ng mas matibay na disiplinang espirituwal, at magpakita ng hindi nagbabagong buhay Kristiyano.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang sinuman ay hindi dapat maging isang tagapanguna nalibang mayroon silang mabuting reputasyon sa mga taong nasa labas ng iglesya (1 Timoteo 3:7, 10). Kapag ang isang tao ay bago pa lamang nagbalik-loob mula sa isang buhay ng lantarang pagkakasala, dapat munang makita ng mundo na siya’y namumuhay bilang isang Kristiyano nang ilang panahon bago siya maging isang tagapanguna. Kung hindi gayun, ang iglesya ay tila nagtatalaga ng mga makasalanan sa kanilang pamunuan. Ganito rin ang prinsipyo sa isang taong nanunumbalik pagkatapos niyang magkasala.

**(4) Ang ikaapat na hakbang ay ang pagpapatunay.**

Ito ang lubusang pagpapanumbalik. Taglay na ng miyembro ngayon ang tiwala ng iglesya at maaari na siyang makilahok nang lubusan bilang isang miyembro sa anumang tungkulin na ibibigay sa kanya ng iglesya. Mas mahabang panahon ang kinakailangan sa mas mataas na posisyon ng pangunguna, lalu na sa tungkulin ng pastor.

► Ilarawan ang panahon ng pananagutan. Paano ito gumagana, at ano ang layunin nito?

## Mga Kinakailangan Upang Maging Miyembro ng Iglesya

Karamihan sa mga iglesya ay mayroong pahayag ng doktrina na higit pa sa pundasyong doktrina ng Kristiyanismo. Ang mga detalyeng ito ng doktrina ang nagbubukod sa isang iglesya mula sa iba pang iglesya. Ang mga iglesya na may tiyak na sariling doktrina ay iniuugnay sa mga pangalang tulad ng Methodist, Presbyterian, Lutheran, Baptist, at iba pa. Ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga iglesya ay karaniwang hindi heresiya, at ang isang tao ay hindi dapat tawaging makasalanan dahil sa mga pagkakaiba-ibang iyon.

Ang pagkakasundo sa mga detalye ng doktrina ay kinakailangan para sa mga miyembro ng isang iglesya upang sila'y sama-samang sumamba at magtulungan sa ministeryo. Samakatuwid, maaaring hingin ng iglesya sa mga miyembro nito na suportahan ang pahayag ng doktrina nito. Hindi nila dapat sabihin na ang sinuman ay dapat maniwala sa kanilang mga doktrina upang maging isang Kristiyano, kundi upang magkaroon ng pakikiisa sa naturang partikular na iglesya lokal.

Kung hindi pinaniniwalaan ng isang tao ang mga doktrina ng isang iglesya, magiging tama para sa iglesyang iyon na tanggihan siya na maging miyembro nito. Kapag ang isang miyembro ay nagtuturo o nakikipagtalo para sa mga doktrinang salungat sa doktrina ng iglesya, maaari siyang tanggalin sa pagiging miyembro.

Kapag ang isang miyembro ay inalis dahil sa pagkakaiba sa doktrina na hindi naman kinakailangan sa pagiging Kristiyano, hindi ito katulad ng pagdidisiplina sa iglesya dahil sa heresiya o lantarang pagkakasala. Hindi dapat sabihin ng iglesya na ang isang tao ay hindi Kristiyano dahil lamang sa hindi niya pagtupad sa mga kinakailangan para maging isang miyembro ng iglesya.

> "Ang Banal na Kasulatan ay naglalaman ng lahat ng bagay na kinakailangan upang maligtas, kaya't anumang hindi nababasa roon, o mapatutunayan sa pamamagitan niyon, ay hindi kailangang hingin sa sinumang tao na dapat niya itong paniwalaan bilang isang artikulo ng Pananampalataya o ibilang na kailangan para sa kaligtasan "
> *- Mga Artikulo ng Relihiyon ng Iglesya ng England*

Kapag ang isang iglesya ay may kahilingan upang maging miyembro, at kabilang dito ang mga tuntunin sa pananamit, paglilibang, o iba pang kaugalian, ang isang miyembro ay maaaring alisin kapag siya'y tumangging gawin ang mga kahilingang iyon. Hindi ito pareho sa pagdidisiplina sa iglesya dahil sa lantarang kasalanan. Hindi dapat sabihin ng iglesya na ang isang tao ay hindi Kristiyano dahil lamang sa hindi niya pagnanais na italaga ang sarili sa mga kahilingan upang maging miyembro ng iglesya.

► Ano ang ilan sa mga halimbawa ng mga kahilingan upang maging miyembro na pinanghahawakan ng ilang iglesya at hindi ng iba?

## Pangunguna sa Pagsamba at Pakikibahagi Dito

The worship services of the congregation should usually be open to anyone. People should be invited to visit. Ang mga gawaing pagsamba ng kongregasyon ay dapat pangkaraniwang bukas para sa sinuman. Dapat imbitahan ang mga tao upang dumalaw.

Maaaring hindi papasukin ng iglesya ang isang taong may ugaling nakagugulo, halimbawa ay kung ang isang tao ay lasing. Maaari ring hindi papasukin ang isang malinaw na hindi kagalang-galang at bastos na pamamaraan ang pananamit. Gayunman, mahalaga na hindi tanggihang makapasok ang isang tao dahil hindi maganda ang pananamit o dahil hindi sila pamilyar sa wastong pag-uugali sa loob ng iglesya. Nakakalungkot kapag ang mga tao ay magkakaroon ng pakiramdam na hindi sila makapupunta sa iglesya dahil wala silang maayos na pananamit.

Kung ang isang tao ay may ugaling nakagagambala sa pagsamba, dapat siyang kausapin ng pastor o ng isang taong itinalaga ng pastor. Kung tumatanggi siyang makipagtulungan, hindi siya dapat payagang dumalo sa mga gawain.

Kung minsan pinapayagan ng iglesya ang isang tao na tumugtog o manguna sa pag-aawitan kahit na hindi mabuting halimbawa ang kanyang buhay. Ang sinumang nangunguna sa pag-aawitan o kaya'y tumutugtog sa harap ng iglesya ay kumakatawan sa karakter ng iglesya. Kung siya ay nabubuhay sa pagkakasala, iisipin ng mga tao na tinatanggap siya ng iglesya bilang isang Kristiyano, kahit na siya ay patuloy na nagkakasala.

► Ano ang dapat mga hinihingi ng iglesya mula sa mga nangunguna sa pagsamba?

## Mga Pagkakamali na Dapat Iwasan

May tatlong pagkakamali na dapat iwasan ng mga tao sa iglesya sa pagharap sa mga suliranin sa iglesya.

### (1) Pagiging Hindi Pantay-pantay

May mga kasalanan na tila mas seryoso kaysa sa iba. Kung minsan ang pagkakaiba ay dahil sa mga pagpapalagay na pangkultura. Maaaring makagawian ng isang iglesya na istriktong harapin ang ilang kasalanan at pinahihintulutan naman ang iba. Tinatawag ng Diyos ang iglesya upang manindigan sa katotohanan ayon sa kasulatan at hindi lamang para sa mga pinahahalagahan ayon sa kultura.

Mayroon ding hindi pagkakapantay-pantay sa paraan ng pagharap ng iglesya sa iba't-ibang tao sa kongregasyon. Kapag ang isang tao ay nagmula sa isang maimpluwensiyang pamilya, ang mga tagapanguna ay maaaring mas higit na maingat sa paraan ng pakikitungo sa kanya; subali't binibigyan tayo ng Biblia ng babala na huwag bigyang pabor ang sinumang tao dahil sa kanilang estado (Santiago 2: 1-9).

**(2) Kawalan ng Tiyaga**

Kung minsan iniisip ng mga tao sa iglesya na ang isang suliranin ay hindi agad na nalulutas. Nagsisimula silang ikuwento sa ibang tao ang tungkol sa suliranin, maging sa mga tao sa labas ng iglesya. Inirereklamo nila na hindi inaayos ng mga tagapamuno ang suliranin. Ito ay lumilikha ng bagong suliranin para sa iglesya at nakasasama sa impluwensiya ng iglesya.

**(3) Kawalan ng Pagmamahal**

May mga tao na nasisiyahan sa paghanap ng kamalian sa ibang tao. Mabils silang naniniwala sa mga ulat ng maling gawain. Mahigpit sila kung humatol sa iba, nang hindi man lang nagsisikap na unawain ang iba. Hindi nila ikinalulungkot ang mga kasalanan ng mga miyembro ng iglesya. Masaya sila kapag may masasabi silang masamang balita. Hindi nila ikinalulungkot ang masamang epekto nito na nagagawa sa patotoo ng iglesya.

Ang bawat pastor at tagapagturo ay dapat magsalita laban sa kasalanan ng tsismis. Dapat niyang turuan ang kanyang mga tao upang kamuhian ang tsismis at tumangging pakinggan ito.

Kung minamahal ng isang tao ang Diyos, ang iglesya, at anyang mga kapatid kay Kristo, dapat niyang tingnan ang kasalanan bilang isang trahedya. Dapat siyang umasa na ang isang ulat ng kasalanan ay hindi totoo. Kung ito ay totoo, dapat niyang naisin na makitang manumbalik ang nagkasala. Dapat siyang tumulong na mapigilan ang epektong masama sa iglesya. Hindi niya ikakalat ang balita nang higit pa sa kinakailangan.

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang pagdidisiplina sa iglesya ay may apat na layunin na pagprotekta sa pagkakaisa ng iglesya, paninindigan para sa katotohanan, pagprotekta sa kongregasyon mula sa maling impluwensiya, at pagdadala sa miyembrong nagkasala pabalik sa kaligtasan at pakikisama.

(2) Ang isang miyembro na nagkakasala at hindi nagsisisi ay hindi dapat ituring na mananampalataya ng iglesya.

(3) Ang layunin ng pagdidisiplina sa iglesya ay hindi pagpaparusa, kundi pagtutuwid at pagpapanumbalik.

(4) Hindi dapat ituring ng iglesya na ang bawat taong hindi sumasang-ayon sa mga tiyak na doktrina nito at pangangailangan sa pagiging miyembro ay isang makasalanan.

(5) Ang mga hakbang sa pagpapanumbalik ay paghahayag ng kasalanan, pagbubukod, pananagutan, at pagpapatibay.

(6) Mahaba-habang panahon ang kailangan para sa pagpapanumbalik dahil ang miyembro ay dapat makalaya mula sa mga epekto ng kanyang kasalanan, magtatag ng matibay na disiplinang espirituwal, at magpakita ng di-nagbabagong buhay Kristiyano.

(7) Dapat magbantay ang iglesya laban sa di-pagkakapantay-pantay na pagtingin, kawalan ng tiyaga, at kawalan ng pagmamahal.

## Aralin 12 Mga Takdang -aralin

Bago mag-umpisa ang susunod na klase, ang mag-aaral ay dapat sumulat ng talata patungkol sa bawat isa sa "Pitong Pagbubuod ng Pahayag" (na may kabuuang pitong mga talata). Dapat maipaliwanag ng talata ang kahulugan ng punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwanag sa taong hindi kasama sa klase. Ipapasa ito sa tagapanguna sa klase.Ang mga reperensiya sa Kasulatan na nakasulat sa ibaba ay dapat hati-hatiin sa mga mag-aaral. Ang bawa't mag-aaral ay dapat sumulat ng isang talata na nagpapaliwanag kung ano ang sinasabi ng kanyang talata na dapat nating gawin.

- 1 Timoteo 5:13
- Tito 2:3
- Galacia 5:15, 26
- Galacia 6:1
- Colosas 3:8-9
- Colosas 3:12-15
- Filipos 4:8
- Efeso 4:29-32

Paalala: dapat planuhin ng mag-aaral na makapagturo ang kahit ano mula sa kurso sa mga taong hindi kasama sa klase, sa tatlong hiwa-hiwalay na pagkakataon.

# Aralin 13
# Ang Katangian ng Tagapangunang Kristiyano

## Ang Pagsubok ng Tagapangunang Kristiyano

Ang pahayag na ating pinag-aaralan sa araling ito ay patungkol sa mga tagapangunang Kristiyano at diyakono, ngunit maaari rin sa iba pang tagapanguna sa iglesya. Sino mang tao na nagtuturo sa klase, nangunguna sa pananambahan sa tahanan, o nangunguna sa pagsamba ay isa ring tagapanguna. Ang mga taong ito ay halimbawa ng uri ng tao na aprobado ng iglesya. Sa gayon, mahalaga na sila ay mabuting halimbawa ng katangian ng isang Kristiyano.

Ang personal na kaugalian ng tagapanguna ay mas mahalaga kaysa sa kanyang mga kakayahan. Binigyan ng Diyos ang Kristiyanong tagapanguna ng mga kakayahang kailangan para sa kanyang ministeryo.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 1 Timoteo 3:1-7 para sa grupo.

Hindi masamang magnais ang isang tao na maging isang tagapangunang Kristiyano kung tama ang kanyang hangarin. Kung nais niya ang pagkilala, pamamahala o pagkakataon na kumita, wala siyang puso ng isang tagapangunang Kristiyano. Dapat niyang hangarin ang pagkakataon na makapaglingkod.

Mayroon tayong dalawang pahayag sa Banal na Kasulatan patungkol sa kwalipikasyon ng isang tagapangunang Kristiyano at mga diyakono. Ang mga ito ay isinulat ni Apostol Pablo kay Timoteo at kay Tito. Si Timoteo ay namamahala sa mga iglesya sa Efeso; si Tito ay namamahala sa mga iglesya sa Creta. Tungkulin nila na magtalaga ng mga tagapangunang Kristiyano para sa bawat lokal na kongregasyon.

Isipin ninyo ang kalagayan ng isang tao na naging tagapangunang Kristiyano sa unang henerasyon ng iglesya! Wala siyang pormal na pagsasanay. Walang mga aklat patungkol sa ministeryo na maaari niyang pag-aralan. Wala siyang pagkakataon na magmasid sa ibang tagapangunang Kristiyano. Wala siyang pagkakataon na pagmasdan ang buhay ng iglesya ng mahabang oras sapagkat ang iglesya ay bago lamang. Kahit ang karamihan sa Bagong Tipan ay hindi pa naisusulat.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo kung paano makukuha ang respeto ng mga tao niya. Sinabi niya na maging halimbawa sa salita, pag-uugali, pagmamahal, espiritu, pananampalataya at pagiging dalisay (1 Timoteo 4:12). Hindi nakakakuha ng respeto ang isang tagapangunang Kristiyano sa pamamagitan ng paghingi nito.

► Paano nakakakuha ng respeto ang tagapangunang Kristiyano?

Sinabi ng apostol kay Timoteo at kay Tito ang mga kwalipikasyon ng tagapangunang Kristiyano. Karamihan sa kwalipikasyong ito ay tumutukoy sa Kristiyanong katangian at paglago sa halip na tanging kakayahan. Sa gayon, ang bawat Kristiyano ay dapat magkaroon ng ganitong katangian.

## Mga Kwalipikasyon para sa mga Pastor

### (1) Walang kapintasan

Ang tagapangunang Kristiyano ay hindi dapat mapatunayang gumagawa ng masama. Hindi makakapanguna sa ibang tao ang tagapangunang Kristiyano upang gumawa ng tama kung hindi rin siya gumagawa ng tama. Ang tagapangunang Kristiyano ay dapat maging isang tao na patuloy na naipapakita ang buhay Kristiyano sa mahabang panahon. Ito ay mahalaga upang ang iglesya ay magkaroon ng tiwala sa kanya at magkaroon ng magandang patotoo sa komunidad.

### (2) Isa Lamang ang Asawa

Sa maraming parte ng mundo, ang pag-aasawa ng marami ay isang normal na kaugalian. Ang disenyo ng Diyos ay magkaroon ang lalaki ng isang asawang babae. Dapat maging halimbawa ang tagapangunang Kristiyano.

### (3) Mapagbantay

Ang tagapangunang Kristiyano ang tagapangalaga ng kanyang kongregasyon. Dapat siyang magbantay laban sa mga maling aral at masamang impluwensya. Dapat niyang turuan ang kanyang mga miyembro upang maging ligtas sa kanilang doktrina. Dapat siyang maging handa na magpaalala sa mga tao patungkol sa espirituwal na kapahamakan.

► Ano ang mangyayari kung hindi alam ng tagapangunang Kristiyano ang espirituwal na panganib na kinakaharap ng kanyang mga *tao?*

> "Ang pangangaral ng Ebanghelyo, kasama ang pag-aalaga ng tagapangunang Kristiyano na kabilang sa mga tungkulin ng ministeryo, ay naitatag sa kabanalan bilang daan upang maligtas ang mga makasalanan at ang espirituwal na pagpapatibay sa mga mananampalataya. Samakatuwid, tunay ngang makatwiran na ang Diyos ang dapat pumili ng sariling manggagawa, at espesyal na tawagin sila upang maglingkod sa kanya"
> - John Miley, *Christian Theology*

### (4) Seryoso

Ang tagapangunang Kristiyano ay dapat seryoso sa kanyang ministeryo. Hindi siya dapat maging isang taong pabigla-bigla na gumagawa agad ng desisyon. Dapat siyang nakakapag-isip ng mahinahon patungkol sa mahahalagang usapin. Hindi niya dapat hayaan na maabala ng personal na bagay, paglilibang, o ng tukso ang kanyang isipan.

### (5) May Mabuting Asal

Ang tagapangunang Kristiyano ay dapat nagtataglay ng maayos na ugali. Hindi siya dapat kumilos ng hindi nararapat. Dapat niyang matutunan

na magpakita ng respeto at paggalang sa mga kaugalian sa lugar kung saan siya naglilingkod.

**(6) Magiliw sa Pakikitungo**

Ang isang tagapangunang Kristiyano ay dapat tumutugon sa pangangailangan ng iba. Dapat bukas palad siyang magbahagi. Dapat siyang maging palakaibigan at matulungin kahit sa mga taong noon pa lamang niya nakilala.

**(7) May Kakayahang Magturo**

Dapat maipaliwanag nang maayos ng tagapangunang Kristiyano ang katotohanan upang ito ay maintindihan ng mga tao. Responsibilidad niya na magbasa at matuto.

**(8) Hindi Naglalasing**

Hindi dapat hayaan ng tagapangunang Kristiyano na maimpluwensyahan siya ng alak. Hindi siya dapat kumilos katulad ng taong nasa impluwensya ng alak. Ang tuntuning ito ay maaaring gamitin sa kahit anong bagay na pareho ang epekto.

**(9) Hindi Marahas**

Hindi maaaring gamitin ng tagapangunang Kristiyano ang kanyang lakas upang magawa ang kanyang kailangang gawin. Hindi siya dapat handang saktan ang sino mang sumasalungat sa kanya. Tingnan din ang 2 Timoteo 2:24-25.

► Ano ang tamang paraan para sa tagapangunang Kristiyano na maipakita ang tamang uri ng galit?

**(10) Hindi Sakim**

Binabago ng mga tao sa mundo ang kanilang sinasabi para sa kanilang mapapakinabang rito. Ang mga tao sa ilang larangan katulad ng abugado, tagapagbili, o pulitiko ay natutuksong baguhin ang katotohanan upang mabigyang kasiyahan ang mga tao. Ang tagapangunang Kristiyano din ay natutukso, dahil ang katotohanan ng Salita ng Diyos ay hindi kasiya-siya sa lahat ng tao. Dapat maging tapat sa katotohanan ang pastor, ito man ay makakabuti sa kaniyang pananalapi o hindi.

Dapat hangarin ng tagapangunang Kristiyano na makita ang ministeryo ng iglesya na may pinansiyal na suporta. Dapat niyang pamunuan ang iglesya na kumilos katulad ng isang pamilya na nagmamalasakit sa kasapi nito, sa halip na laging isipin kung ano ang maibibigay nila sa kanya.

> "Makapangyarihang Diyos, aming Ama sa langit, na nagbibigay sa iyo ng mabuting bagay upang magawa ang mga bagay na ito, nagbigay sa iyo ng kalakasan at kapangyarihan na magawa rin ito; na, tinutupad niya sa iyo ang mabuting gawa na kanyang sinimulan, makikita kang perpekto at hindi mapag-aalinlangan sa darating na araw, sa pamamagitan ni Hesu-Kristo ating Panginoon. Amen."
> - "The Consecrating of Bishops,"
> *Book of Common Prayer*

**(11) Maayos na Napamumunuan ang Kaniyang Tahanan**

Ang kakayahan sa pamumuno ng tagapangunang Kristiyano ay dapat makikita sa tahanan. Dapat siyang magkaroon ng kontrol sa kanyang mga anak. Kung hindi niya kayang pamunuan ang sarili niyang tahanan, hindi niya makakayang pamunuan ang iglesya. Hindi kasama rito ang mga anak na may edad na at malayo sa kanyang pamumuno sapagkat wala siyang pananagutan sa kanila.

**(12) Hindi Bagong Naligtas**

Kung ang isang tao ay naitalaga agad sa posisyon ng pamumuno, maaari siyang maakit sa pagmamataas. Ang pagmamatas ay kasalanan na nagdulot ng kabiguan kay Satanas. Ang pagtataas sa katungkulan ay dapat dahan-dahan kasabay ng karanasan.

► Ano ang mangyayari kung ang isang tao ay naitalaga sa posisyon agad at hindi nakakilos ng nararapat?

**(13) Nagtataglay ng Mabuting Reputasyon**

Bago maitalaga ang isang lalaki bilang tagapangunang Kristiyano, marapat na siya ay may mabuting reputasyon sa mga tao sa labas ng iglesya. Dapat kilala nila siya bilang isang totoo at matapat sa lahat ng kanyang ginagawa. Kung siya ay mayroong hindi mabuting reputasyon bago maligtas, dapat siyang makalikha ng mas mabuting reputasyon bago siya maging tagapangunang Kristiyano.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Tito 1:5-11 para sa grupo.

Karamihan sa mga katangian ng pagiging tagapangunang Kristiyano na nakasulat sa Tito ay nakasulat rin sa pahayag sa 1 Timoteo.

► Ano ang karagdagang katangian ng tagapangunang Kristiyano ang nakasulat sa pahayag sa Tito?

Nakatuon ang pahayag sa kakayahan ng tagapangunang Kristiyano na tumugon sa maling doktina. Ang tagapangunang Kristiyano ay dapat na may kasanayan sa totoong doktrina at may kakayahan na maipaliwanag ito ng nakakahikayat. Ang layunin ay ang maitama ang mga naniniwala sa maling doktrina, ngunit mas mahalaga, na mapangalagaan ang kongregasyon na hindi maakay sa kamalian.

## Ang Katangian ng mga Diyakono

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mga Gawa 6:1-6 para sa grupo. Ano ang suliranin na inilalarawan sa pahayag na ito?

Ang mga unang diyakono ay naitalaga matapos ang Pentekostes. Ang mga apostol ay kailangang magbigay tuon sa pananalangin at pagbabahagi ng mabuting balita. Pitong lalaki ang naitalaga upang tumulong sa pamamahala sa iglesya. Ang isang diyakono ay

tumutulong sa tagapangunang Kristiyano sa mga detalye ng ministeryo. Ang diakono ay maaaring isang mangangaral, ngunit ito ay hindi kinakailangan.

► Ano ang mga katangian ng mga naunang diyakono?

Ang mga katangian ng mga unang diyakono ay dapat nagtataglay sila ng mabuting reputasyon sa pagiging matapat at puspos ng Banal na Espiritu at kaalaman. Sila ay mamamahala sa salapi ng iglesya, kaya ang reputasyon sa pagiging tapat ay kinakailangan. Ang kanilang gawain ay mayroong espirituwal na epekto sa iglesya, kaya sila ay marapat na mapuspos ng Banal na Espiritu bilang gabay niya, may basbas, at kadalisayan. Sila ay haharap sa maraming mahirap na kalagayan, kaya ang kaalaman ay mahalaga.

Isinulat ni Apostol Pablo ang mga katangian ng isang diyakono.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 1 Timoteo 3:8-13 para sa grupo.

**(1) Kagalang-galang**

Ang isang diyakono ay isang taong iginagalang sa kaugnayan sa pamilya, mga kaibigan at komunidad.

**(2) Matapat**

Ang diakono ay isang taong mapagkakatiwalaan sa lahat ng kanyang sinasabi. Makakarinig siya ng pag-uusig sa mga tao sa iglesya at makakarinig ng maraming opinyon patungkol sa mga suliranin ng iglesya. Dapat siyang maging isang taong matapat.

**(3) Hindi Naglalasing**

Ang isang diyakono ay isang taong hindi naaapektuhan ng alak. Ang kanyang pagkilos ay dapat kagalang-galang at hindi nagbabago.

**(4) Hindi Sakim**

Ang diyakono ang responsable sa pamamahala sa salapi ng iglesya at mangangalaga sa pangangailangan ng mga tao sa iglesya. Hindi siya dapat maging isang taong nagnanais na makinabang para sa kanyang sarili mula sa ministeryo.

**(5) Humahawak sa Mabuting Doktrina na may Mabuting Konsiyensya**

Kung ang isang tao ay mahulog sa pagkakasala, madalas na nagsisimula siyang maniwala sa maling doktrina. Kung ang isang tao ay namumuhay sa espirituwal na tagumpay, siya ay malamang na humahawak sa totoong doktrina.

**(6) May Kasanayan**

Bago italaga ang isang tao bilang diyakono dapat siyang nagtataglay ng pagkakataong maipakita na siya ay matalino at mapagkakatiwalaan sa ministeryo. Ang mga matalinong

tagapanguna ay magbibigay sa mga tao ng pagkakataon na makapaglingkod bago sila italaga sa posisyon ng tagapamahala.

► Ano ang halimbawa ng paraan upang ang isang tao ay makatulong sa ministeryo ng iglesya nang hindi itinatalaga sa isang posisyon ng tagapamahala?

### (7) Mayroong Matapat na Asawang Babae

Ang ministeryo ng isang diyakono ay nadudungisan kung ang kanyang asawa ay nagkakalat ng maling balita at hindi magandang halimbawa ng isang Kristiyano.

### (8) Maayos na Napamumunuan ang Kanyang Sambahayan

Katulad ng tagapangunang Kristiyano, dapat din mapangunahan ng maayos ng diyakono ang kanyang tahanan.

## Ang Dapat Unahin ng Nakatalagang Grupo

Ang iglesya ay grupo ng mga mananampalataya na nagtalaga ng sarili sa Diyos at sa isa't-isa, nagsasama-sama para sa pagtupad ng misyon ng lokal na iglesya. Ang pagkilos at mga kayamanan upang magampanan ang ministeryo ay nagmumula sa grupo. Kung wala ang grupo, wala ang iglesya.

Ang isang taong pumapasok sa lugar ng negosyo ay mahalaga sapagkat maaari siyang maging isang parokyano. Gayundin, ang bisita sa isang iglesya ay mahalaga sapagkat maaari siyang maging miyembro ng nakatalagang grupo. Ang pinakamahalagang tao sa isang negosyo ay ang regular na parokyano. Ang pinakamahalagang tao sa iglesya ay ang nagtatalaga ng sarili sa iglesya.

Sa gayon, ang posisyon ng manggagawa sa iglesya ay dapat magsilbi sa mga nakatalagang grupo. Ang bawat tagapangunang Kristiyano at guro ay dapat may layunin na makapaglingkod sa mga miyembro ng grupo at makahikayat ng maraming tao na sumali sa grupo. Ang grupo ay lumalaki sa bilang kung ang mga tao ay maliligtas at itatalaga ang sarili sa iglesya, o kung maisip ng mga naligtas na kailangan nilang mag-commit sa grupo. Dapat mapag-aralan ng mga manggagawa ng iglesya ang mga pangangailangan ng grupo at makapag-disipulo, espirituwal na direksyon, pagsasanay sa ministeryo, at mga anyo ng pagsasama. Dapat nilang magabayan ang grupo na sama-samang gumawa upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga nasa grupo.

**Bilang isang pamilya sa pananampalataya, ang iglesya ay nagtatalaga ng human resources at nakakikita ng divine resources upang tugunan ang anumang mga pangangailangan ng mga kasama sa samahan, ipinapakita sa mundo ang karunungan ng Diyos sa lahat ng aspeto ng buhay at hinihikayat ang hindi pa mananampalataya upang sila ay maligtas at makabilang sa pamilya.**

► Ano ang mangyayari kung uunahin ng mga tagapamuno ng iglesya ang pagbuo ng grupo ng mga mananampalataya na itinatalaga ang sarili sa isa't isa?

## Ang Espirituwal na Prayoridad ng Iglesya

Kahit ang pinansiyal na pangangailangan ng iglesya ay mahalaga (upang masuportahan ang tagapangunang Kristiyano, pangangalaga sa kongregasyon, at iba pang lokal na ministeryo), ang iglesya ay dapat na tumuon sa pangunahing espirituwal na prayoridad ng pag-eebanghelyo at pagdidisipulo. Ang pastor ang siyang magiging pangunahing espirituwal na tagapanguna. Ibig sabihin nito na ang tagapangunang Kristiyano ay hindi dapat mahirapan sa pagpapatakbo ng negosyo. Nararapat na magkaroon ang mga kasapi ng iglesya ng trabaho o negosyo na mapagkukunan ng kanilang ipagkakaloob. Para sa negosyo na pinangangasiwaan ng iglesya, ang mga pinagkakatiwalaang diyakono ang gagawa ng halos lahat ng responsibilidad. Ang mga naunang diyakono ay naitalaga upang ang mga apostol ay makatuon sa pananalangin at ministeryo ng Salita ng Diyos. (Mga Gawa 6:2-4).

## Ang mga Katangian ng Tagapangunang Kristiyano na Namumuno nang Matiwasay

► Dapat pag-usapan ng klase ang kahalagahan ng bawat punto, magsimula sa tanong na, "Bakit mahalaga ang katangian?"

(1) Ang kanyang pagiging tapat ay hindi nahahati sa mga organisasyon.

(2) Maluwag sa puso niya na magtayo ng grupong magmiministeryo at gamitin ang kakayahan ng ibang tao.

(3) Pinangungunahan niya ang kongregasyon na nagbabahagi ng buhay bilang espirituwal na pamilya, iniisip ang lahat ng pangangailangan.

(4) Siya ay naglilingkod sa iglesya dahil sa kanyang pagmamahal sa Diyos at sa tao, sa halip na para sa personal na kapakinabangan niya dito.

(5) Ang espirituwal na prayoridad katulad ng pagsamba, pag-eebanghelyo, at espirituwal na paglago ang pinagtutuunan ng kanyang ministeryo.

(6) Mayroon siyang pananalig at matibay na paniniwala ng kanyang mga miyembro.

(7) Nakahanda siyang itatag ang iglesya bilang permanenteng institusyon na hindi niya pag-aari.

(8) Pinamumunuan niya ang iglesya sa paglago nito, itinuturo ang pagkakaloob ng ikapu at pagsasama-sama upang matugunan ang pangangailangan.

(9) Siya ay matapat sa lahat ng bagay, kasama na ang paggamit ng salapi.

(10) Naipapakita niya ang kakayahan sa maayos na pamamahala sa salapi at ng mga manggagawa.

## Katangian ng Pinuno ng Proyektong Pang-Ministeryo

Ang taong pinili upang pamunuan ang isang proyekto na pinamamahalaan ng iglesya ay dapat nagtataglay ng mga katangiang ito. Ang tagapanguna ng iglesya ay dapat kumilos upang mabuo ang mga katangiang ito sa mga kasapi na maaaring makatulong sa mga responsibilidad ng iglesya at maisama sa samahan ng mga tagapamuno.

► Dapat pag-usapan ng klase ang kahalagahan ng bawat punto, mag-umpisa sa tanong na, "Bakit mahalaga ang katangiang ito?"

(1) Siya ay matapat sa isang lokal na iglesya, sa pagdalo, sa pagkakaloob, at pakikiisa at mayroon siyang mapagkakatiwalaang patotoo bilang Kristiyano.

(2) Siya ay nakapaglaan na ng kanyang pagkilos at pag-ibig sa lokal na iglesya.

(3) Siya ay lubos na matapat at mayroong mataas na antas ng wastong pag-uugali.

(4) Siya ay nagpapakita ng pagkukusa at dahilan upang gawin ang lubos ng kanyang kakayahan.

(5) Siya ay mayroong disiplina sa sarili, mayroong sariling pagkukusa, may sariling pagganyak, at patuloy na umuunlad.

(6) Ipinakikita niya ang kakayahan sa pag-oorganisa at pamumuno sa iba, hindi lamang ang kakayahang kumilos ayon sa pamumuno ng iba.

(7) Taglay niya ang kahusayan na kailangan upang magampanan ang kanyang tungkulin sa proyekto.

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang personal na katangian ng isang tagapanguna ay mas mahalaga kaysa sa kanyang mga kakayahan.

(2) Ang isang tao ay dapat magpakita ng katangian ng isang Kristiyano sa ilang panahon bago siya maging isang tagapanguna.

(3) Ang taong may tungkulin sa iglesya ay dapat maging halimbawa ng katangian ng iglesya.

(4) Ang pangangasiwa sa pananalapi ay mahalaga sa isang iglesya upang matugunan ang pangangailangan ng tagapanguna ng iglesya, pangangalaga sa kongregasyon, at iba pang lokal na ministeryo.

(5) Ang iglesya ay dapat nakatuon sa pangunahing gawaing espirituwal ng pag-eebanghelyo at pagdidisipulo.

(6) Ang mga tagapanguna ng iglesya ay dapat nakatuon sa pagpapaunlad ng mga grupo ng mga tao na nakatalaga ang sarili sa iglesya.

(7) Ang iglesya ay dapat maitatag bilang permanenteng institusyon na pag-aari ng kongregasyon.

## Aralin 13 Mga Takdang -aralin

(1) Bago magsimula ang sumunod na klase, ang mag-aaral ay dapat magsulat ng talata patungkol sa bawat isang "Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap" (na may kabuuang pitong talata). Dapat maipaliwanag sa talata ang punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwanag sa sino mang hindi kasama sa klase. Ang isinulat ay dapat ibigay sa tagapanguna ng klase.

(2) Tandaan: ang mag-aaral ay dapat magplano upang makapagturo mula sa aralin sa mga taong hindi kasama sa klase, sa tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Dapat pag-aralan ng bawat mag-aaral ang Ezekiel 34:1-10 at magsulat ng ilang talata na pagbubuod sa mensahe ng pahayag. Ang isinulat ay dapat ibigay sa tagapanguna ng klase.

# Aralin 14
# Espirituwal na mga Kaloob

**Ang Kahulugan ng Espirituwal na Kaloob**

Ang espirituwal na kaloob ay isang kakayahang ibinibigay ng Banal na Espiritu sa isang mananampalataya upang magamit sa ministeryo ng iglesya. Ito ay pagkilos ng Espiritu sa mananampalataya, ngunit ang mananampalataya ay gumagawa ng sariling pagpapasya kung paano gagamitin ang kaniyang kaloob at maaaring magamit sa hindi tama. Ang espirituwal na kaloob ay hindi katulad ng natural na kakayahan, ngunit ito ay maaaring makatulong sa natural na kakayahan at hindi madaling makita ito.

## Listahan ng mga Espirituwal na Kaloob

Ang mga Espirituwal na kaloob at ang gampanin sa ministeryo ay nakasulat sa ilang bahagi ng Bagong Tipan. Ang mga listahan ay magkakatulad subali't hindi magkamukhang-magkamukha. Hindi ibinigay ng Bibliya ang talaan ng lahat ng espirituwal na kaloob.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 4:7-12 para sa grupo.

Sinasabi sa atin sa talatang 7-8 na ang biyaya ng Diyos ay ibinibigay sa bawat tao sa anyo ng mga espirituwal na kaloob. Malinaw na hindi tumutukoy ang apostol sa grasya ng pagkaligtas, dahil sa talatang 11 isinulat niya ang maraming gampanin sa ministeryo na ibinigay ng Diyos.

Tinatawag ng Diyos ang mga tao sa mahalagang ministeryo at binibigyan ng espirituwal na kaloob na kanilang kailangan. Itinala ni Pablo ang ilang ministeryo, sa halip na itala ang espirituwal na kaloob katulad ng ginawa niya sa 1 Corinto. Ang nakalistang gampanin sa ministeryo ay ang apostol, propeta, ebanghelista, tagapangunang Kristiyano, at guro. Makikita naman, na hindi ito itinakda na kumpetong talaan ng mga gampanin sa ministeryo.

**Apostol.**

Espesyal na pinili ang mga apostol upang mapalaganap ang iglesya matapos ang ministeryo ni Hesus sa lupa. Nakilala sila sa pagmimilagro sa kanilang ministeryo (2 Corinto 12:12). Personal nilang nakilala si Hesus habang siya ay nasa ministeryo (1 Corinto 9:1, Mga Gawa 1:21-22).

Nabasa natin sa aklat ng Pahayag na ang labindalawang pundasyon ng siyudad ay kumakatawan sa labindalawang apostol, na nagpapakita na sila ay katangi-tangi sa kasaysayan ng iglesya (Pahayag 21:14). Ang ibang bersikulo na nagsasabi na mayroon lamang labindalawang apostol ay ang Mateo 10:2 at Mga Gawa 1:26. Sinasabi sa Judas 17 na ang mga apostol ay nasa nakalipas na. Wala nang nabubuhay na apostol sa ngayon.

**Propeta**

Ipinapalagay ng ilang tao na ang hula ay isang prediksyon ng mga mangyayari sa hinaharap, ngunit sa Bagong Tipan, ang pangangaral ay tnutukoy ding propesiya. Sa Lumang Tipan, madalas na kasama ng hula ang prediksyon, sapagkat ito ay isang paraan upang mapatunayan ng propeta na ang kanyang mensahe ay mula sa Diyos. Sa panahon ng Lumang Tipan, maraming bahagi pa ng Bibliya ang hindi pa naisusulat.

Ang isang propeta ay isang taong nakatatanggap ng mensahe mula sa Diyos, na maari, o maaaring hindi, na may kasamang hula. Ang awtoridad ng mensahe niya ay karaniwang ang Bibliya.

**Ebanghelista**

Ang salitang ebanghelista ay nagmula sa salitang ebanghelyo. Ang ebanghelista ay isang taong nagbabahagi ng ebanghelyo, maaaring sa isang tao o sa mga kongregasyon. Ang bawat Kristiyano ay dapat magbahagi ng ebanghelyo, ngunit ang iba ay natatanging pinagkalooban para sa gawaing ito. Ang pastor ay dapat mag-ebanghelyo bilang parte ng kanyang ministeryo. (2 Timoteo 4:5).

**Pastor**

Ang tagapangunang Kristiyano ay hindi lamang isang tagapangaral, sa halip isang taong nagbibigay ng espirituwal na pangangalaga sa isang tiyak na grupo ng mga tao.

**Guro**

Sa iglesya, ang guro ang siyang nagpapaliwanag ng biblical at espirituwal na katotohanan sa iba. Ang lahat ng tagapangunang Kristiyano ay dapat maging guro (1 Timoteo 3:2, Tito 1:9), ngunit ang ibang hindi pastor ay pinagkalooban din na maging isang guro.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 12:6-8 para sa grupo.

Dito sinasabi ng apostol na ang isang tao ay dapat magtuon ng kanyang kakayahan sa kaloob sa kanya ng Diyos, sa halip na gamitin ang kakayahan at oras sa maraming uri ng ministeryo.

May ilang espesyal na pangaral ang binibigay sa piling uri ng ministeryo. Halimbawa, ang isang tagapanguna ay dapat maging masipag, hindi nangunguna kung kailan lamang niya gustuhin, na tinitiyak na ang mga responsibilidad ay laging nagagampanan. Ang nagbibigay ay hindi dapat gawin iyon upang makakuha ng atensyon para sa kanyang sarili, sa halip magbigay sa simpleng paraan. Ang taong "nagpapakita ng awa," tumutulong sa mga taong nangangailangan, ay dapat gawin ito ng masaya ang kalooban at hindi napipilitan lamang.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 12:28 para sa grupo.

Malinaw na hindi nilayon ni Pablo na ibigay ang kumpletong talaan ng mga kaloob o gampanin sa ministeryo sa bersikulong ito. Halimbawa, hindi niya nabanggit ang tagapangunang Kristiyano sa talaang ito, ngunit nabanggit sila sa talaan sa Efeso.

Ang apostol, propeta, at mga guro ay napag-aralan na sa mga nakaraang aralin.

Ang ibang tao ay tinawag sa ministeryo ng pagmimilagro at panggagamot. Ang bawat mananampalataya ay may pribilehiyo na manalangin para magkaroon ng milagro, at ang Diyos ay tumutugon sa kanilang pananampalataya. Subalit, mayroong mga mananampalataya na may kaloob na makita ang kaibahan ng naisin ng Diyos at ng pagkakaroon ng pananampalataya para lamang magkaroon ng milagro.

Ang ibang tao ay may kaloob na makatulong. Mas mabilis nilang makita ang pangangailangan kumpara sa ibang tao. Nakikita nila ang pagkakataon na makapagbigay ng tulong o sa gawain sa iglesya. Mayroon silang iba't ibang praktikal na kakayahan.

Ang iba ay nabigyan ng espesyal na kakayahang mamuno at mamahala. Iniisip ng maraming tao na ang mga tagapamuno ang pinakamahalagang tao, ngunit ang pamumuno ay walang halaga kung wala ang iba pang kaloob sa iglesya.

Huli sa talaan ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang lenguwahe. Maaaring nais itama ng apostol ang kaisipan na ito ang pinakamahalagang kaloob.

### Ang mga Pinsipyo mula kay Pedro

Ipinahayag ni Apostol Pedro sa madaling salita ang pinakamahalagang pinsipyo patungkol sa espirituwal na kaloob.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Pedro 4:10-11 para sa grupo.

Makikita natin ang anim na mahalagang punto patungkol sa espirituwal na kaloob sa mga bersikulong ito.

(1) Pinagkatiwalaan ang mga mananampalataya ng espirituwal na kaloob mula sa Diyos. Sa gayon, dapat nila iyong gamitin para sa Diyos at hindi bilang personal na nagmamay-ari nito. May pananagutan tayo sa Diyos sa paggamit ng ating espirituwal na kaloob.

(2) Ang kaloob ay dapat magamit sa iba. Hindi ito para sa personal na pagkilala o kapakinabangan.

(3) Iba't iba ang grasya ng Diyos (sari-sari). Napakaraming uri ng kaloob.

(4) Ang pagsasalita ng isang tao ay dapat laging naaayon sa sinasabi ng Bibliya.

(5) Dapat umasa ang isang tao sa kapangyarihan ng Diyos habang siya ay naglilingkod.

(6) Ang lahat ng ministeryo ay dapat may layunin na mapapurihan ang Diyos.

## Ang mga Prinsipyo mula kay Pablo

Nabiyayaan ng maraming espirituwal na kaloob ang iglesya sa Corinto. Nagkaroon sila ng mga hindi pagkakaunawaan, kaya binigyan sila ni Apostol Pablo ng paliwanag patungkol sa mga espirituwal na kaloob sa 1 Corinto 12-14.

Ang mga kapitulo ng Kasulatan ay nagtuturo sa atin ng maraming prinsipyo patungkol sa espirituwal na kaloob. Ang ilan sa mga prinsipyo ay nakasulat para sa atin upang pag-aralan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 12:1-3 para sa grupo.

**(1) *Ang Prinsipyo sa Pagsisiyasat sa Doktrina*: Ang Espirituwal na mga karanasan ay dapat masuri sa pamamagitan ng mga alam nating katotohanan.**

Ang mga mananampalataya sa Corinto ay dating sumasamba sa mga diyos-diyosan. Hindi nagsasalita ang mga diyos-diyosan, pero ang mga espiritu ay nakakapagsalita. Ang mga tagasunod ng mga hidwang relihiyong ito ay nagbubukas ng sarili sa mga gawa ng mga espiritu. Tila iniisip nila na ano mang espirituwal na karanasan ay mabuti. Naghahanap sila ng pagkawala sa sarili o emosyonal na pagkabalisa. Masaya silang mapasailalim sa kontrol ng espiritu, kahit na ito ay nagtutulak sa kanila na magsalita at kumilos sa paraan na katulad ng mga nawala sa sarili o malaswa.

Binigyan ng babala ng apostol na walang taong nagsasalita sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang magsasabi ng masama patungkol kay Hesus. Kung ang masamang espiritu ang magkakaroon ng kontrol sa pagsamba, mag-uutos ito sa mga tao na ilagay sa kahihiyan ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga kilos at salita. Ang Banal na Espiritu ay hindi nangunguna sa paraan na bibigyang kahihiyan ang Diyos.

> "Ngunit hindi lahat na nagsasalita sa Espiritu ay isang propeta, ngunit kung mayroon siyang mga paraan ng Panginoon. Mula sa kanyang mga paraan samakatuwid ay ang maling Propeta at ang Propeta ay kilalanin. "
> - *Didache,* (written in the first century of the church)

Hindi natin dapat isipin na ang pagkilos ng espiritu ay isang mabuting bagay dahil lamang ito ay kakaibang pangyayari. Ang pagsusuri rito ay maihahalintulad sa 1 Juan 4:1-3. Kung ang sinasabi ng espiritu ay kasalungat ng Salita ng Diyos, hindi ito katanggap-tanggap.

► Anong mga relihiyon ang nagpapahintulot na makontrol ng masamang espiritu ang mga sumasamba?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Mga Taga-Corinto 12: 4-11para sa grupo.

**(2) *Ang Prinsipyo ng Pagkakaiba-iba ng Kaloob*: Ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa bawat mananampalataya, ngunit sa iba't ibang paraan.**

Binibigyang diin ng mga bersikulong ito na mayroong isang Banal na Espiritu na kumikilos sa iba't ibang paraan. Pinipili niya kung paano maipapamahagi ang mga espirituwal na

kaloob. Ang bawat mananampalataya ay nagtataglay ng kahit isang espirituwal na kaloob. Walang sino man ang nagtataglay ng lahat ng kaloob.

Dapat gamitin ng isang miyembro ang kanyang kaloob sa kapakinabangan ng katawan. Hindi ibinigay ng Diyos ang kaloob sa kanya para sa pansariling kapakinabangan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 12:12-26 para sa grupo.

**(3) *Ang Prinsipyo ng Katawan*: Ang bawat miyembro ay mahalaga, at kailangan ng bawat miyembro ang bawat isa.**

Inihambing ng apostol ang mga miyembro ng iglesya sa mga bahagi ng pisikal na katawan. Mayroon silang magkakaibang kakayahan at layunin. Hindi dapat isipin ng miyembro na dapat siyang maging katulad ng ibang miyembro upang makasama sa katawan. Halimbawa, hindi dapat isipin ng tainga na dapat itong maging mata upang makasama sa katawan. Walang tiyak na kaloob na dapat taglayin ng isang tao upang makasama sa katawan.

Walang miyembro ang dapat mag-isip na dahil sa kanyang taglay na kaloob hindi na niya kailangan ang ibang miyembro. Hindi makakakilos ng maayos ang katawan kung kulang ang bahagi nito.

May mga kaloob na higit na nakakakuha ng atensyon kumpara sa iba. Iniisip ng mga tao na may tiyak na kaloob na nagpapahiwatig ng espirituwal na katayuan. Ang Diyos ang nagpapasya kung paano ibibigay ang kaloob, at walang likas na katayuan dahil sa kaloob.

► Ano ang iyong sasabihin sa isang tao na nag-iisip na ang taong nangangaral ay laging higit na espirituwal kumpara sa taong naglilinis sa bahay panambahan?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 12:27-31 para sa grupo.

**(4) *Ang Prinsipyo ng Gampanin sa Ministeryo*: Binigyan ng Diyos ang bawat miyembro ng kanyang kailangan upang magampanan ang kanyang partikular na ministeryo.**

Ang bahaging ito ng Kasulatan ay nagbubuod sa Kabanata 12.  Tinatawag ng Diyos ang mga tao upang magampanan ang iba't ibang ministeryo. Ang ministeryo ay hindi para magamit ng isang tao sa pansariling pagpapakilala, kundi sa paglilingkod sa iglesya.

*Sabihin sa klase na iyong babasahin ang tanong sa 12:29-30, at habang binabasa mo ang bawat tanong, dapat nila itong sagutin. Halimbawa, kung babasahin mo ang tanong na "Lahat ba ay apostol?" dapat sumagot ang klase ng "hindi."*

Dahil iba't iba ang ministeryo, ang kaloob ay magkakaiba rin. Nagtanong si Pablo ng iba't ibang tanong, lahat ay sinasagot ng "hindi." Sinasabi lamang niya na walang kaloob ang laging maaasahan sa bawat mananampalataya.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Mga Taga -Corinto 13 para sa grupo.

**(5)** ***Ang Prinsipyo ng Pagmamahal*****: Ang pagmamahal ay ang walang hanggang dapat unahin, at ang mga espirituwal na kaloob ay hindi permanente.**

Ang unang tatlong bersikulo ay nagpapakita na hindi natin kayang magbigay kung walang pagmamahal kasama ng natural na kakayahan, espirituwal na kaloob, o personal na sakripisyo.

Sa personal na pagsusuri, subukang ilagay ang iyong pangalan kapalit ng salitang pagmamahal sa bersikulo 4-7 at isaalang-alang kung paanong ito ay tugma.

Ang bersikulo 11 ay hindi tumatawag sa kaganapan sa gulang. Inihalintulad ng apostol ang buhay natin sa lupa sa kabataan at inihalintulad ang buhay sa langit sa pagtanda. Darating ang araw na hindi na natin kailangan ang mga bagay na kailangan natin ngayon. Ang hula at ang kaloob na karunungan ay kailangan ngayon sapagkat kulang ang ating kaalaman. Sa walang-hanggan, ang mga espirituwal na kaloob ay hindi kailangan at isasa-isantabi katulad ng mga "bagay na pangbata." Kahit ang pananampalataya at pag-asa ay hindi na kinakailangan sa darating na panahon sapagkat ang lahat ay maisasakatuparan na, subalit ang pagmamahal ay mananatiling lubos na mahalaga.

**Bininigyang diin ang isang prinsipyo sa Kapitulo 14 ng 1 Corinto: ang prinsipyo ng komunikasyon.** Itinuturo rin ang ilang katotohanan sa kabanatang ito, ngunit ang mga pinsipyo ay maraming beses nang naipaliwanag at naisalarawan ng apostol.

**(6)** ***Ang Pinsipyo ng Komunikasyon*****: Nakasalalay ang ministeryo sa komunikasyon ng katotohanan sa paraang madaling maunawaan.**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 14:1-5 para sa grupo.

**Ang pangangaral ay mas mahalaga kaysa pagsasalita ng ibang wika.**

Ang panghuhula ay hindi lamang upang malaman ang magaganap sa hinaharap. Ang panghuhula ay pangangaral. Sa Lumang Tipan, karaniwang kasama ng panghuhula ang pagsasabi ng mangyayari sa hinaharap sapagkat ito ay isang paraan upang mapatunayan ng propeta na ang mensahe nya ay nagmula sa Diyos. Sa panahon ng Lumang Tipan, marami sa Bibliya ang hindi pa naisulat.

Sa ngayon ang mangangaral ay kayang mangaral mula sa Bibliya at ipakita na ang kanyang mensahe ay mula sa Diyos. Mayroon pa ring supernatural na aspeto dahil binigyan ng Diyos ang mangangaral ng espesyal na pagkaunawa at maiugnay ang katotohanan sa kalagayan.

Ang pagsasalita ay hindi makatutulong kung hindi nauunawaan ng mga tao ang wikang binabanggit. Kung ang tao ay nagsasalita ng ibang wika na hindi alam ng iba, ang Diyos lamang ang nakakaunawa sa kanya.

Sinasabi ng ibang tao ang salitang "walang taong nakakaunawa sa kanya" na nangangahulugan na ang nagsasalita ay hindi naunawaan ang kanyang sarili, ngunit hindi iyon ang natural na kahulugan ng talatang iyon. Kung ang isang Aleman ay magpatotoo sa

ating iglesya at matapos ay sabihin natin na, “Walang nakaunawa sa kanya,” hindi nangangahulugan na sinabi natin na hindi niya naunawaan ang kanyang sarili.

Maliban na lamang kung maipapaliwanag ang mga salita, ang iglesya ay hindi napatitibay.

► Ano ang dapat gawin ng tagapangunang Kristiyano sa isang taong laging nagsasalita ng ibang wika sa iglesya na walang nakakaunawa at walang nagsasabi kung ano ang kahulugan nito.

Sa talata 5, Sinabi ni Pablo na magiging mabuti kung lahat sila ay may kaloob na makapagsalita sa iba’t ibang wika; tingnan din ang I Corinto 4:8 at 7:7. Sinabi niya sa 4:8 na makabubuti kung sila ay maging makapangyarihan katulad ng isang hari, ngunit hindi niya talaga inaasahan ito sa kanila sapagkat kahit ang mga apostol ay nahihirapan. Sinabi niya sa 7:7 na makabubuti kung silang lahat ay ayaw mag-asawa katulad niya; ngunit sinabi niya na hindi lahat ay tinawag na gayun, at alam natin na ang pag-aasawa ay disenyo ng Diyos para sa karamihan ng mga tao. Sa 14:5, sinabi niya na makabubuti kung ang lahat ay may kaloob na makapagsalita ng ibang wika; hindi niya sinabi na magagawa ito ng lahat. Sa 12:29-30, malinaw niyang ipinaliwanag na walang tanging kaloob ang dapat taglay ng lahat.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 14:6-19 para sa grupo.

**Ang pagsasalita ay walang kabuluhan kung ito ay hindi nauunawaan.**

Sa bersikulo 6, itinanong ng apostol ang, “Anong kabutihan ang maidudulot nito?” Maliban na lamang kung mayroong maunawaan, wala itong maidudulot na mabuti. Kahit ang mga gamit sa paglikha ng musika ay dapat mapatugtog batay sa ilang parisan o tono o wala silang kahulugan, ingay lamang. Ang tambuli ay ginagamit bilang hudyat ng hukbo. Kung ang tambuli ay lumilikha ng ingay na hindi nakaayos bilang hudyat, walang makakaalam kung dapat bang salakayin ang mga kalaban o itago ang mga tolda. Ang komunikasyon ang binibigyang diin sa buong kapitulong ito.

Ang salitang hindi nauunawaan ay sumasama “sa hangin” (9). Sinasabi nito na ang gayong salita ay walang kabuluhan.

Sinabi ni Pablo na kung hindi magkaunawaan ang mga tao, katulad sila ng mga taong hindi sibilisado sa isa’t isa (11). Kung nais ng isang tao na magpatuloy sa pagsasalita nang hindi nauunawaan, hindi niya sinusubukang magtayo ng iglesya sa halip ay nagnanais na tuparin ang sariling hangarin. (12).

► Ano ang mga dahilan ng isang tao upang magsalita ng mga bagay na walang sino man ang nakakaunawa?

Sinabi ni Pablo na kung ang isang tao ay nagsasalita ng wika na hindi nauunawaan ng ibang tao, ang sarili niyang pagkaunawa ay hindi magbubunga (14). Hindi sinasabi ni Pablo na ang taong iyon ay hindi mauunawaan ang kanyang sarili, ngunit ang kanyang sariling pagkaunawa ay hindi magdudulot ng mabuti sa iba.

Sinabi niya na ang pinakamabuting paraan ay gawin ang ministeryo sa pamamagitan ng Espiritu na may kasamang pagkaunawa (15). Hindi nangangahulugan na kung nasa Espiritu ay hindi mauunawaan ang isang tao.

Sinabi niya na ang taong hindi nakapag-aral ang malamang na hindi makakaunawa sa mga sinasabi (16). Kinukumpirma nito na ang kanyang tinutukoy ay mga tunay na wika. Sinabi niya na hindi tayo dapat nagsasabi ng "amen" sa mga bagay na hindi natin nauunawaan.

Sinabi ni Pablo na siya ay nagagalak na siya ay nakakapagsalita sa maraming wika. Subalit, ang limang salitang nauunawaan ay mas mabuti kaysa sa sampung libo na hindi nauunawaan (18-19).

> "Ito ay isang bagay na malinaw na kasuklam-suklam sa Salita ng Diyos at sa kaugalian ng sinaunang iglesya na magkaroon ng pampublikong pananalangin sa iglesya o isagawa ang mga sakramento sa isang wikang hindi nauunawaan ng mga tao."
> *- Mga Artikulo ng Relihiyon ng Iglesyang Methodista*

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 14:20-25 para sa grupo.

**Ang mga salitang-kinasihan ng Espiritu na nauunawaan ay nakapagbibigay luwalhati sa Diyos.**

Ang layunin ng kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika ay ang pagbabahagi ng ebanghelyo (tingnan ang Marcos 16:15-17).

Pinaniniwalaan ng ilan na ang kaloob na makapagsalita ng iba't ibang wika ay isang tanda na ang tagapagsalita ay mayroong Banal na Espiritu, ngunit sinabi sa talata 22 na ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika ay hindi tanda na magpapatunay ng ano man sa mga mananampalataya. Nangangahulugan ito na ang kaloob ay hindi nagpapatunay ng ano man sa taong nagtataglay nito o sa mananampalataya na nakakita nito. Tanda lamang ito sa mga hindi mananampalataya kung ito ay magagamit upang ipalaganap ang ebanghelyo sa paraang mauunawaan.

Posible na ang espirituwal na kaloob ay maaari pa ding magamit ng isang tao kung siya ay mahulog sa kasalanan at maputol ang kanyang kaugnayan sa Diyos. Sa gayon, ang espirituwal na kaloob ay hindi nagpapatunay na ang isang tao ay gumagawa ng mabuti o kung siya ay naligtas na.

Kung ang bisita sa iglesya ay narinig silang lahat na nagsasalita at hindi nauunawaan, iisipin niya na sila ay nawawala sa sarili. Ngunit kung ang hindi mananampalataya ang makakarinig ng katotohanan na mag-convict sa kanyang puso, maiisip niyang naroon ang Diyos.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 14:27-35 para sa grupo.

**(7) *Ang Prinsipyo ng Kaayusan*: Dapat panatilihin ng iglesya ang kaayusan sa pagsamba.**

Tinanong ng apostol, "Bakit iniisip ng lahat na kailangang mayroon silang gawin sa pagsamba"? Iniisip ng mga mananampalataya sa Corinto na ang isang tao ay mahalaga kung siya ay nagsasalita o nangunguna sa pagsamba, kaya ang lahat ay nagnanais na gawin iyon.

Sinabi niya na kung ang isang tao ay nagsasalita sa wika na hindi nauunawaan ng iba, dapat itong isalin sa wikang nauunawaan. Hindi sila dapat maglaan ng maraming oras sa mga bagay na kailangan pang isalin sa ibang wika sa oras ng pagsamba. (27).

Ang taong nagsasalita ng wikang hindi nauunawaan ng iba ay hindi dapat magsalita kung walang sino man ang maaaring magsalin nito (28).

Hindi kailan man maaaring magsalita ang higit sa isa ng magkakasabay (31). Tila dahil lahat ay nais magsalita, maraming tao ang nagsasalita ng magkakasabay. Nagkakaroon ng kaguluhan sa pagsamba.

Ang ilan ay maaaring nagsabi na hindi sila maaaring mapasailalim ng batas sapagkat hindi nila kayang kontrolin ang kanilang sarili kung ang Espiritu ay kumikilos sa kanila. Sinabi ni Pablo na kayang kontrolin ng propeta ang kanyang sarili (32). Sinabi niya na ang Diyos ay hindi magdudulot ng kaguluhan sa iglesya (33). Ang Banal na Espiritu ay hindi kikilos sa tao upang gumawa ng bagay na hindi ayon sa katuruan ng Bibliya.

► Ano ang ilan sa mabuting pamamaraan upang mapanatili ang kaayusan sa pagsamba?

Tila, ang mga kababaihan sa iglesya sa Corinto ang nagdudulot ng kaguluhan. Maaaring sila ay nagtatanong at nagtatalo, sapagkat sinabi ni Pablo na dapat silang pasakop sa pamumuno at dapat maghintay na makapagtanong sa kanilang tahanan. Sa ilalim ng mabuting kalagayan, ang mga kababaihan ay maaaring pahintulutan na magkaroon ng ministeryo at lumahok sa pagsamba, subalit dapat itong may kaayusan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Mga Taga-Corinto 14: 36-40 para sa grupo. Ano ang nais ipahiwatig ni Pablo patungkol sa kanilang kaugnayan sa ibang iglesya?

**(8) *Ang Prinsipyo sa Pagsunod sa Apostol*: Ang bawat iglesya ay dapat sumailalim sa orihinal na doktrina ng mga apostol.**

Ang mga mananampalataya sa Corinto ay nabiyayaan ng mga espirituwal na kaloob. Maaaring iniisip nila na hindi na nila kailangan pang magpasailalim sa pamumuno ng iba. Pinaalalahanan sila ni Pablo na ang ebanghelyo ay sumakanila mula sa iba. Kailangan nilang sumailalim sa doktrina ng buong iglesya ng Diyos. Kung ang isang tao ay magsasabi na siya ay mas mabuti kaysa sa pamumuno ng apostol, siya ay mangmang at hindi dapat ituring na marunong o espirituwal.

Sinabi ni Pablo sa kanila na huwag ipagbawal ang paggamit ng iba't ibang wika. Ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika ay mahalaga, lalo na sa mga lugar kung saan gumagamit ng iba't ibang wika; ngunit, ang kaloob ay dapat magamit ayon paraan ng Bibliya.

## Ang Pakikipagkumpitensya ng Iglesya sa Espirituwal na Kapangyarihan

Mayroong mga iglesya na nagpapakita ng espirituwal na kapangyarihan upang makakuha ng atensyon. Naniniwala sila na ang milagro at espirituwal na kaloob ang nagpapakilala sa pinakamahusay na iglesya. Inaangkin nila ang maraming mahimalang paggaling. Sinasabi ng ilang miyembro na madalas silang makatanggap ng mga salita ng pahayag mula sa Diyos. Ang kanilang pananambahan ay higit na nakatuon sa pagpapakita ng espirituwal na kaloob kaysa sa Bibliya. Naniniwala sila na ang bawat Kristiyano ay dapat nagtataglay ng kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika, at nais nilang makita ang mga kaloob na ito sa kanilang pananambahan. Hinihikayat nila ang mga tao na manguna sa kanilang pananambahan kung kaya ang pagsamba nila ay nagkakaroon ng kaguluhan. Nagnanais na maging tanyag ang mga namumuno sa kanila, ipinagmamalaki ang kanilang espirituwal na kapangyarihan at pinupulaan ang ibang iglesya.

Maraming suliranin ang makikita sa mga iglesya na sumasalungat sa espirituwal na pagpapatotoo. Marami sa kanilang miyembro, gayun din ang mga tagapanguna, ay nabubuhay sa kasalanan. Hindi nila nauunawaan ang pag-gulang sa espirituwal, na ipinapakita ng pananampalataya na tumutugon sa suliranin ng buhay. Marami sa kanilang mga tagapanguna ay mga kabataan na hindi namumuhay ng matagumpay laban sa kasalanan at walang paggalang sa nakatatanda, matuwid na mananampalataya. May mga ginagawa sila sa kaloob na makapagsalita ng ibang wika na hindi naaayon sa banal na Kasulatan. Marami sa kanilang mga tao ay hindi pa nakararanas ng himala, ngunit umaasa na makasaksi nito.

Ang isang iglesya na tunay na may basbas ng Banal na Espiritu ay dapat nagpapakita ng pananampalataya at espirituwal na kaloob sa espirituwal na pagkilos. Dapat pamunuan ng isang iglesya ang kanyang mga miyembro na mapalalim ang kanilang pananampalataya upang malabanan ang mahirap na sandali at magwagi laban sa kasalanan. Sa halip na ipakita ang espirituwal na kaloob na katulad ng isang palabas, dapat gamitin ng iglesya ang espirituwal na kaloob upang makapaglingkod sa pangangailangan ng pamilya sa pananampalataya.

► Ano ang mga tanda na ang isang iglesya ay sinusubukang makipagkumpitensya sa ibang iglesya sa pamamagitan ng pagpapakita ng espirituwal na kapangyarihan?

## Pitong Pagbubuod na mga Pangungusap

(1) Ang espirituwal na kaloob ay kakayahang ibinigay ng Banal na Espiritu sa isang mananampalataya upang magamit sa ministeryo ng iglesya.

(2) Ang bawat mananampalataya ay nakatanggap ng espirituwal na kaloob, ngunit hindi maaasahan na ang bawat tao ay nagtataglay ng natatanging kaloob.

(3) Ang iba't-ibang miyembro ng iglesya ay dapat kumilos nang sama-sama bilang isang katawan na mayroong kinakailangang kaloob at kahalagahan.

(4) Kasama ang espirituwal na kaloob sa pagkatawag sa ministeryo.

(5) Ang mga salitang sinasambit ay walang halaga kung ito ay hindi nauunawaan.

(6) Dapat gamitin nang mabuti ng mananampalataya ang kanyang kaloob sa ikaluluwalhati ng Diyos at patatagin ang iglesya.

(7) Ang pagmamahal sa Diyos at sa tao ay pinakamahalaga ngayon at kailan pa man.

## Aralin 14 Mga Takdang -aralin

(1) Bago magsimula ang sumunod na klase, ang mag-aaral ay dapat magsulat ng talata patungkol sa bawat isa sa "Pitong Nagbubuod na mga Pangungusap" (na may kabuuang pitong talata). Dapat maipaliwanag sa talata ang punto at kung bakit ito mahalaga. Dapat itong isulat ng mag-aaral kung paano niya ito ipapaliwang sa sino mang hindi kasama sa klase. Ang isinulat ay dapat ibigay sa tagapanguna ng klase.

(2) Tandaan: ang mag-aaral ay dapat magplano upang makapagturo mula sa aralin sa mga taong hindi kasama sa klase, ng tatlong magkakaibang pagkakataon.

(3) Pagsusulit: dapat maghanda ang mag-aaral upang magsulat mula sa kanyang memorya ng hindi bababa sa pito ng walong pinsipyo mula kay Pablo patungkol sa espirituwal na kaloob.

# Aralin 15
# Mga Tanong para sa Katatagan ng Iglesya

## Pasimula

Ang araling ito ay nagbibigay ng mga katangian ng isang iglesya na matatag na sa pananampalataya sa pamamagitan ng mga tanong. Dapat isaalang-alang ng iglesya ang mga tanong na ito upang maunawaan kung paano sila dapat lumago.

*Ang grupo ng mag-aaral sa klaseng ito ay maaaaring hindi nagmula sa iisang iglesya at hindi sila ang maaaring makapagpasya patungkol sa pagbabago sa iglesya. Maaari nilang gamitin ang mga tanong upang suriin ang antas ng pagiging mature ng iglesya at maglagay ng layunin para sa kanilang sariling ministeryo.*

*Para sa bawat katanungan sa ibaba, pag-usapan ang kahulugan ng tanong, gamit ang nakalaan na paliwanag. Pagkatapos, isaalang-alang kung ano ang magagawa ng iglesya upang mapaunlad ang katangiang kinakailangan nito.*

## Mga katanungan para sa kapanahunan ng simbahan

### (1) Nasaan ang maliliit na grupo na nagbibigay ng buhay espirituwal sa iglesya?

Ang isang malusog na iglesya ay karaniwang may maliliit na grupo kung saan ang buhay espirituwal ay natutugunan. Maaaring ang mga grupong ito ay iglesya sa tahanan, klase tuwing Linggo, o iba pang uri ng grupo. Maaaring organisado sila o maaaring hindi pormal na grupo. Ang espirituwal na pagpapanibagong-buhay ay kadalasang nagsisimula sa maliliit na grupo. Ang buhay espirituwal ng isang iglesya ay hindi natutugunan o nabubuhay lamang sa sa pananambahan. Ang espirituwal na pananagutan at pagbabago sa buhay ay karaniwang nagaganap sa maliliit na grupo. Ang mga namumuno sa iglesya ay dapat siguraduhin na mayroon maliliit na grupo na patuloy na ginagampanan ang mga layuning ito. Kung ang kasalukuyang istraktura ay hindi pinapagana ang buhay espirituwal, kailangan ng pagbabago.

### (2) Sino ang nagmamay-ari sa iglesya?

Ang isang iglesya ay hindi matatag maliban na lamang kung mayroon nang grupo ng mga miyembro na itinalaga ang sarili upang gampanan ang ministeryo at ang pinansyal na suporta.

Kung ang ministeryo ay pinakikilos na katulad ng isang personal na negosyo ng tagapangunang Kristiyano, hindi kailanman magiging matatag ang iglesya. Kung ang gusali ng iglesya ay inuupahan, hindi matatag ang isang iglesya kung may isang tao o ang isang samahan sa labas ang nagbabayad ng upa.

Ang pinakamabuti, ang gusali at ministeryo ay dapat pag-aari ng grupo ng miyembro ng iglesya. Kung ang gusali ay inuupahan, dapat magtulong-tulong ang kongregasyon sa responsibilidad na pagbabayad ng upa.

Dapat maging matatag ang ministeryo ng lokal na iglesya upang makapagpatuloy bilang institusyon hanggang sa pagbabalik ni Kristo.

**(3) Paano sinusuportahan sa pinansyal ang lokal na ministeryo?**

Ang pinakamainam na pinansiyal na kalagayan ng iglesya ay ang masuportahan ng mga miyembro na nagkakaloob. Kung ang iglesya ay sinusuportahan ng organisasyon sa labas, ito ay hindi matatag at madaling masasaktan.  Kung ito ay suportado ng tagapangunang kristiyano o ng ilang nagbibigay at hindi ng kabuuan ng kongregasyon, ang kongregasyon ay hindi pa nagiging isang matatag na pamilya sa pananampalataya.

Ang pagkakaloob ay paraan ng Diyos upang suportahan ang lokal na iglesya. Dapat ituro ng mga tagapanguna ng iglesya ang pagkakaloob at unti-unting maitatag ang lokal na suporta sa ministeryo ng iglesya. Hindi dapat umasa ang iglesya sa suporta na nanggagaling sa labas para sa pagkilos nito. Ang suporta na nagmumula sa labas ay dapat magamit sa mga proyekto na nagpapatatag sa kakayahan ng iglesya.

**(4) Sinusuportahan ba ng iglesya ang full-time pastor?**

Ang plano batay sa Biblia ay ang paglalaan ng tagapangunang Kristiyano ng lahat ng kanyang oras sa kanyang ministeryo. Kung minsan, hindi ito posible sa isang baguhang iglesya, ngunit dapat magkaroon ang iglesya ng layunin na makabuo ng suporta na makatutulong sa pastor upang mapagtuunan ang ministeryo nang hindi naaabala ng pinansiyal na pangangailangan.

**(5) Ano ang sistema para sa pinansiyal na pananagutan?**

Ang mga kaloob ay dapat tipunin at bilangin ng hindi lamang iisang tao. Ang ilang pinagkakatiwalaang tao ang dapat makibahagi upang maiayos ang pinansiyal na prayoridad at alituntunin ng iglesya. Dapat malaman ng mga miyembro ng kongregasyon kung paano isinasagawa ang pinansyal na sistema ng iglesya.

**(6) Ano ang mga paraang maaaring gamitin upang maipaabot ang ebanghelyo sa mga tao sa labas ng iglesya?**

> "Kabilang sa lahat ng maka-Diyos na itinatag na mga pamamaraan para sa katuparan ng misyon ng Kristiyanismo, ang pangunahing lugar ay itinalaga sa pangangaral ng Ebanghelyo."
> - John Miley, *Christian Theology*

Ang unang responsibilidad ng iglesya ay ang pag-ingatan ang mga miyembrong itinalaga ang sarili sa iglesya. Nguni't, dapat din laging abutin ng iglesya ang mga tao sa pamayanan. Dapat magkaroon ang iglesya ng mga gawain na makikita ng taga-labas ang gawain sa iglesya at makapakinig ng ebanghelyo. Ang ilang gawain ay maaaring tuloy-tuloy o sunod-sunod. Dapat maiayos din

ng tagapanguna ang iba pa. Ang mga miyembrong may kakayahan ay dapat anyayahan at sanayin para sa ganitong gawain.

**(7) Paano tumutugon ang iglesya sa mga pangangailangan sa pamayanan?**

Dapat humanap ang iglesya ng mga paraan upang tumugon sa mga pangangailangan sa pamayanan. Ang prayoridad ay dapat laging ang maipakita ang pag-ibig ng Diyos at maipahayag ang mga prinsipyong Biblikal.

**(8) Mayroon bang mga etniko o kategoryang pangkabuhayan ng mga tao na hindi naibibilang sa pag-abot ng iglesya?**

Nagiging pakiramdam ba ng mahihirap na tao na sila ay katanggap-tanggap sa pagdalo sa iglesya kahit ano pa ang kanilang suot? Tinatanggap bang dumalo ang mga bata sa komunidad kahit hindi dumadalo ang kanilang mga magulang? Mayroon bang grupong etniko ng mga tao na nag-aakala na ang iglesya ay hindi para sa kanila?

**(9) Paano binabati ang mga panauhin?**

Dapat magsanay ang iglesya ng mga tao upang siyang bumati sa mga taong dumadalaw sa iglesya. Ang pinakamahalagang layunin ng pagbati sa mga bisita ay upang magkaroon sila ng pakiramdam na sila ay tinatanggap at komportable sa iglesya. Ilang tao ang dapat magsikap na makipagkilala sa panauhin. Hindi lamang siya dapat anyayahan sa susunod na gawain ng pagsamba; kundi pati na rin sa pagtitipon ng isang maliit na grupo o pagtitipon sa bahay kung saan siya'y matututo at makapagtatanong rin.

**(10) Ano ang pamamaraan ng iglesya upang agad na idisipulo ang bagong nagbalik-loob?**

Kapag naligtas ang isang tao, maging sa iglesya o sa ibang lugar man, hindi lamang siya dapat anyayahan sa gawaing pagsamba, kundi sa isang sistema ng agad na pagdidisipulo. Maaari itong magsimula sa mga personal na pagbisita ng pastor. Maaari siyang anyayahan sa isang maliit na grupo na nagkikita-kita linggo-linggo. Dapat maging handa ang iglesya na magministeryo sa mga bagong nagbalik-loob.

**(11) Paano inilalarawan ng iglesya ang spiritual na pagiging ganap?**

Ano ang larawan ng mga matatag sa espirituwal na mga tao? Dapat ituro sa kongregasyon ang mga katangian ng espirituwal na pagigng ganap. Ang mga katangiang ito ay hindi laging kasama ng kakayahang manguna o talento, subali't ang mga taong nagtataglay ng ganitong mga katangian ay dapat igalang bilang mga halimbawa.

**(12) Ano ang sistema para sa layuning pagpapaunlad ng espirituwal na kalagayan?**

> "Sinimulan ni Jesus ang iglesya sa pamamagitan ng personal na pagtawag at pagtitipon sa paligid niya ng mga apostol. Sinanay, dinisiplina, at isinugo niya sila sa ministeryo ng pagpapahayag at sakramento, malinaw na inihahayag ang kanyang hindi mapawawalang-bisang intensiyon na patibayin ang nagpapatuloy na komunidad. Ito'y isusugo nang may kapangyarihan at pinahihintulutang magbautismo, mangaral, magdisiplina, at magdiwang ng hapunang pamPaskuwa kasama ng muling nabuhay na Panginoon."
> - Thomas Oden, *Life in the Spirit*

Isang mahalagang tungkulin ng iglesya ang pagtulong sa pag-unlad na espirituwal ng kanyang mga miyembro (Efeso 4:11-13). Hindi maaaring basta na lamang aasa ang mga tagapanguna sa iglesya na nangyayari ang espirituwal na paglago. Hindi sila dapat simpleng nangangaral sa kongregasyon at iwan ang lahat ng espirituwal na paglago sa indibidwal na pagsisikap. Dapat mayroong sistema ang mga pastor upang hikayatin ang mga tao upang gamitin ang mga espirituwal na disiplina. Dapat silang magbigay ng pananagutan sa lahat ng tumatanggap dito. Magagawa ito sa pamamagitan ng personal na mga pakikipag-usap, maliliit na grupo, mga klase, at iba pang paraan.

**(13) Mayroon bang istruktura sa pagiging miyembro na nagbibigay ng paraan sa mga tao upang magtalaga ng sarili sa iglesya?**

Kailangang malaman nang tiyak ng mga taong nagnanais na magtalaga ng sarili sa iglesya kung ano ang kahulugan ng pagtatalaga ng sarili. May mga iglesya na nagsasabing wala silang istruktura sa pagiging miyembro, ngunit ang bawat iglesya ay may kanya kanyang paraan kung paano malalaman kung sino ang kanilang mga miyembro. Dapat malaman ng bawat isa kung sino sino ang mga taong bumubuo sa iglesya.

**(14) Ang mga kinakailangan ba upang maging isang miyembro ay malinaw at nalalaman ng lahat?**

Dapat malaman ng bawa't isa kung ano ang mga pagtatalaga na kinakailangan sa pagiging miyembro. Ang mga kinakailangan at ang paglalarawan sa proseso ng pagiging miyembro ay dapat nakaimprenta.

**(15) Pinahihintulutan ba ng mga pangangailangan sa pagiging miyembro na ang isang bagong nagbalik-loob ay agad na makasama sa gawain?**

Ang isang nagbalik-loob na handang italaga ang kanyang sarili sa iglesya ay dapat makatulong agad sa iglesya. Hindi ibig sabihin nito na dapat siyang bigyan agad ng posisyon o tungkulin sa pangunguna, ngunit dapat niyang malaman na siya ay bahagi na ng iglesya.

**(16) Anong grupo ang responsable sa pagpapanatili ng mga pinahahalagahan at mga pamantayan ng iglesya?**

May isang grupo ng mga miyembro nagtalaga ng sarili sa loob ng kongregasyon na siyang nagtatakda ng kalikasan ng iglesya. Maaaring ito ay isang board ng diyakono o maaaring sila ay isang grupo ng mga miyembrong bumuboto na maaaring tawaging ang grupong tagapamahala (*Governing Body*). Dapat magbigay ng espesyal na atensiyon ang mga

tagapanguna sa pagpapaunlad ng grupong ito. Ang mga pagbabago sa grupong iyon ang magtatakda ng hinaharap ng iglesya. Dapat may pananagutan sa kanila ang pastor at laging ipinaaalam sa kanila ang nangyayari sa iglesya. Sila at ang pangkat na tagapamahala ay dapat magkaroon ng parehong prayoridad para sa iglesya.

**(17) Magkakabahagi ba ang iglesya sa pagtatalaga ng sarili sa isang malinaw na pangitain?**

Ang pastor, ang pangkat ng pamunuan, at grupo ng mga nakatalagang miyembro ay dapat mag-ukol ng maraming oras sa pagtalakay sa layunin at pangitain ng iglesya. Dapat silang makabuo ng pangitain ng iglesya na maaari nilag suportahan. Dapat maging pamilyar ang kongregasyon sa pangitain ng iglesya.

**(18) Nalalaman ba ng mga miyembro ang mga doktrina ng iglesya?**

Ang iglesya ay dapat gumawa ng higit pa sa pag-akay sa mga tao sa pagsamba at pagkakaroon ng espirituwal na karanasan. Kapag ang isang tagalabas ay magtatanong sa isang miyembro, "Ano ang pinaniniwalaan ng inyong iglesya?" ang miyembro ay dapat mayroong mabuting sagot. Dapat maipaliwanag ng mga miyembro ang mga saligang doktrina ng pagiging Kristiyano at ang mga espesyal na mga doktrina ng kanilang iglesya.

**(19) Nauunawaan ba ng mga miyembro ang relasyon sa pagitan ng iglesya at ng denominasyon nito?**

Dapat tumutupad ang iglesya sa pagtatalaga nito sa asosasyong kanyang kinabibilangan. Ang pakikisama sa asosasyon ay makakatulong sa pagsuporta sa doktrina ng iglesya. Dapat hikayatin ang mga tao sa iglesya upang makibahagi sa mga pagtitipon ng asosasyon.

**(20) Paano pinaplano at pinahahalagahan ang mga gawaing pagsamba?**

Dapat mataimtim na ipanalangin ng mga tagapanguna ang pagpaplano ng gawain ng pagsamba. Kung inaakay ng Banal na Espiritu ang gawain sa isang hindi inaasahan direksiyon, iyon ay kahanga-hanga; subali't kung hindi, ang mga tagapanguna ay dapat mayroong planong susundin. Dapat mayroong mga pagpupulong kung saan ang ilang mga tagapanguna ay sama-samang magbubuo ng mga detalye ng mga gawain.

Kapag ang iglesya ay may magandang pagsamba, ang kongregasyon ay nakikilahok at interesado. Dapat sikapin ng iglesya na gumamit ng iba't-ibang tao sa iba't-ibang bahagi ng gawain upang makatulong panatilihin na mas maraming tao ang interesado at nagtatalaga ng sarili.

**(21) Isinasagawa ba ang bautismo at komunyon ayon sa Biblia at sa makahulugang pamamaraan?**

Ang bawat tunay na nagbalik-loob ay dapat mabautismuhan o kaya'y nakatakda nang bautismuhan sa madaling panahon. Dapat idulot ang komunyon sa mga taong may patotoo

ng biyaya. Dapat isagawa ang komunyon sa paraang nakakatulong sa mga nakikibahagi dito upang sumamba.

**(22) Nagsasagawa ba ang iglesya ng biblikal na pagdidisiplina sa iglesya?**

Ang iglesya ay dapat manindigan laban sa kasalanan. Kung ang isang miyembro ng iglesya ay nagkasala,dapat siyang komprontahin. Ang layunin ay upang akayin siya sa pagsisisi at ibalik siya sa espirituwal na tagumpay.

**(23) Mayroon bang pangkat na naghahati-hati sa mga tungkulin sa ministeryo?**

Ang ministeryo ay hindi lalago malibang ito ay nagtatatag ng isang pangkat na tagapanguna. Ang bawat tao ay limitado sa bilang ng taong maaari niyang impluwensiyahan at sa mga tungkulin na maaari niyang gampanan. Ang ministeryo ng iglesya ay hindi dapat maging ministeryo ng iisang tao lamang.

**(24) Ano ang sistema sa pagpili, pagsasanay, at pagdaragdag ng mga miyembro sa *team* ng ministeryo?**

Hindi lalago ang ministeryo kung walang pagsasanay ng mga bagong miyembro para sa pangkat na tagapanguna. Dapat napakaingat na piliin ang mga miyembro ng pangkat, ngunit ang iglesya ay dapat laging nagtatrahao upang matagpuan at paunlarin ang mga tao na tatanggap ng tungkulin para sa hinaharap. Ang paglago ng ministeryo ay depende sa pagpapaunlad ng mas marami pang tagapanguna.

> "Ang parehong solong katawan na nagpupumilit laban sa mga punong -guro at kapangyarihan, at inaasahan na ang mas malubhang paghihirap sa hinaharap, ay kasabay nito Sa Panginoon kung saan ang lahat ng tapat ay pupurihin ang Diyos sa pagtatapos ng mga araw. "
> - William Pope,
> *Isang Compendium ng Christian Theology*

**(25) Ano ang sistema ng pagtugon sa di-pagkakasundo at mga suliranin sa iglesya?**

Ang mga hindi nalulutas na hindi pagkakasundo ay pumipilay sa iglesya. Dapat maturuan ang kongregasyon kung paano lulutasin ang mga personal na hindi pagkakasundo sa mga tao. Hindi dapat ipagwalang-bahala ng mga tagapanguna ang mga hindi pagkakasundo kundi dapat maging handang tumulong upang magkaroon ng pagkakasundo.

**(26) Sumusuporta ba ang iglesya sa pagmimisyon na may pakikiisa sa iba pang iglesya?**

Kung tunay na ninanais ng iglesya na isulong ang kaharian ng Diyos, hindi lamang ito magtatrabaho upang palawakin ang kanyang impluwensiyang lokal, kundi sumuporta rin sa iba pang ministeryo. Ipinakikita ng iglesya na iyon ay para sa kaluwalhatian ng Diyos kapag ito’y nagbibigay sa ministeryo na hindi naman magbibigay ng benepisyo sa kanyang sarili.

**(27) Tumutulong ba ang iglesya sa pagsisimula ng isang bagong iglesya?**

Ang isang matatag nang iglesya ay dapat tumulong sa isang bagong iglesya upang makapagsimula sa isang malapit na lugar. Ang bagong iglesya ay aabot sa hindi pa naaabot ng umiiral na iglesya.

**(28) Ang ministeryo ba ng iglesya ay naglilingkod sa lahat ng edad at kategorya ng mga tao sa kongregasyon?**

Dapat maging mahalaga sa iglesya ang mga pangangailangan ng mga bata, mga nakatatanda, mga kabataan, mga batang pamilya, mga kalalakihan, mga walang asawa at iba pa. Dapat ding isipin ng iglesya ang mga pangangailangan ng mga tao mula sa lahat ng antas ng espirituwal na pagiging ganap.

**(29) Ang mga tao ba sa kongregasyon ay sama samang gumagawa upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro?**

Dapat pangalagaan ng iglesya ang tungkol sa pangangailangang pinansiyal ng mga tao sa kongregasyon. Karamihan sa mga pangangailangan ay dapat matugunan ng mga taong nagtutulungan sa isa't-isa nang walang pangangasiwa ng mga tagapanguna sa iglesya. Kapag karamihan sa mga miyembro ay hindi pa nakararamdam ng responsibilidad upang tumulong sa iba, hindi pa sila nakapagtatatag ng isang ganap na iglesya.

**(30) Paano titiyakin ng iglesya na ang pangangailangang pinansiyal ng mga tao sa kongregasyon ay natutugunan?**

Dapat magkaroon ang iglesya ng mga diyakono na siyang tumitiyak na ang mga pangangailangan ay napapansin. Ang iglesya sa aklat ng Mga Gawa ay nagtalaga ng mga unang diyakono para sa layuning ito.

# Ang Doktrina at Gawain ng Iglesya
# Talaan ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ___________________________________

Paunang kapag ang bawat takdang -aralin ay nakumpleto. Ang mga pagsubok ay itinuturing na "kumpleto" kapag nakamit ng mag -aaral ang marka ng 70% o mas mataas. Ang lahat ng mga takdang -aralin ay dapat na matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Aralin | Pitong Mga Talata | Mga Panayam | Pagsusulat | Pagsusulit |
|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | |
| 2 | | | | |
| 3 | | | | |
| 4 | | | | |
| 5 | | | | |
| 6 | | | | |
| 7 | | | | |
| 8 | | | | |
| 9 | | | | |
| 10 | | | | |
| 11 | | | | |
| 12 | | | | |
| 13 | | | | |
| 14 | | | | |
| Pagtuturo sa labas ng klase | | | | |

## Humiling para sa sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa isang sertipiko ng pagkumpleto mula sa mga pastol na pandaigdigang silid -aralan ay maaaring makumpleto sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay digital na maipapadala mula sa Pangulo ng SGC sa mga nagtuturo at facilitator na nakumpleto ang aplikasyon sa ngalan ng kanilang (mga) mag -aaral.